NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

# Mga Karapatan at Responsibilidad

## At Pananagutan

KODIGO NG ASAL NG MAG-AARAL

AT MGA TAUNANG PAUNAWA

# 2025-2026

*Handa sa Kolehiyo, Karera at Pagiging Mamamayan!*

www.nnschools.org • 757-591-4500 • 12465 Warwick Blvd. Newport News, VA 23606

# Isang Mensahe mula sa Superintendente

Mga Pamilya ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News,

Welcome sa 2025-2026 taong-panuruan! Nananabik kaming magsimula ng isa na namang taon ng makabuluhang pagtuturo, aktibong pagkatuto, at magkakasamang pag-unlad. Sa Newport News Public Schools, patuloy kaming nagsisikap makipagtulungan sa mga kapamilya, mga staff, at mga partner namin para matiyak na handang-handa ang bawat estudyante para sa kolehiyo, karera, at pamumuhay bilang isang responsableng mamamayan.

Isa sa mga pangunahin priyoridad namin ang pagtataguyod ng ligtas, inklusibo, at mapag-arugang kapaligaran para sa pagkatuto. Alam naming mahalaga para sa tagumpay ng mag-aaral ang pagkakaroon ng mga taong handang sumuporta, malinaw na inaasahan sa paggawi, at patuluyang komunikasyon. Ang aming mga guro at staff ay nagsisikap bumuo ng komunidad sa silid-aralan kung saan makakaramdam ang lahat ng mag-aaral ng paggalang, sapat na hamon, at pagsuporta.

Naglalaman ang handbook na ito ng mahahalagang impormasyon sa mga proseso kaugnay ng karapatan at pananagutan ng mga mag-aaral, pinakabagong Kodigo ng Asal ng Mag-aaral, mga taunang pabatid, at mga kinakailangang form sa pagbibigay ng pahintulot. Bigyan ng panahon na repasuhin ang mga nilalaman kasama ang inyong (mga) anak at tiyakin na madali ninyong maa-access ang gabay na ito sa buong taon ng pag-aaral.

Bilang isang dibisyon ng paaralan, ipinagmamalaki namin ang makulay na pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at kinikilala namin ang mahalagang ambag nito sa bawat komunidad sa paaralan. Ang mga administrador ay nagsisikap na igalang ang pagkakaiba-iba ng bawat indibiduwal habang pinapanatiling mataas ang inaasahan mula sa bawat mag-aaral. Ang Kodigo ng Asal ng Mag-aaral ay nagbibigay ng malinaw na gabay para magsulong ng positibong paggawi, para mapangalagaan ang pagkakapantay-pantay, at mapanatili ang pagiging patas at responsable sa lahat ng aming mga paaralan.

Nananatiling pangunahing sangkap sa edukasyon ng bawat bata ang maayos at bukas na komunikasyon. Pinapatibay namin kayong magkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa mga guro, tagapayo, at administrador ng inyong anak, at magbigay ng anumang impormasyong posibleng makaapekto sa kanilang pagkatuto o kapakanan. Narito kami para suportahan kayo at ang inyong anak sa bawat hakbang.

Maraming salamat sa pagiging mahalagang bahagi ng komunidad ng Newport News Public Schools. Inaasahan namin ang isang matagumpay na taon kasama kayo.

Mainit na Pagbati,

Michele Mitchell

Michele Mitchell, Ed.D.
Superintendente

## Handbook ng mga Karapatan at Pananagutan


**Things You Should Know** ..... 9

Basic Rights & Responsibilities ..... 1

Definitions ..... 3

General Information ..... 4

Student Dress Code ..... 8

Cell Phone/Two Way Communication Device ..... 10

*Use of other Electronic Devices* ..... 10

Bus and Bus Stop Rules ..... 12

*In the Event of an Accident Involving the School Bus* ..... 12

*Bus Stop Responsibilities of Preschool and Kindergarten Parents* ..... 14

*The Three Card System* ..... 14

Clear Backpacks and Student IDs ..... 15

Student Attendance Policy ..... 17

Child Nutrition Services ..... 17

Emergency Information ..... 18

Behavior Contracts ..... 19

Disruptive Students in the Classroom ..... 20

Bullying Intervention/Prevention Protocol ..... 24

SpeakUP for Safety ..... 27

Athletics ..... 34

Instructional Fees ..... 36

**Code of Conduct & Due Process Procedures** ..... 40

Rules and Sanctions ..... 32

Good Behavior Policy ..... 50

Due Process Procedures ..... 51

Changing and Modifying Perceptions (CAMP) Program ..... 62

Community Charges ..... 64

**Annual Notices & Forms** ..... 66

NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

# Mga Bagay na Dapat Mong Malaman

**Ang mga sumusunod na pahayag ay nagbubuod ng mga karapatan at pananagutan ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay tumutulong na ipaliwanag ang relasyon sa pagitan at sa mga mag-aaral. Sa paggamit ng kanilang mga karapatan, hindi dapat guluhin ng mga mag-aaral ang proseso ng edukasyon o labagin, isapanganib, o ipagkait ang mga karapatan ng iba.**

### Edukasyon

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa pampublikong edukasyon anuman ang kanilang lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian, relihiyon, katayuang sibil, edad, pagbubuntis, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlang sekswal, kalagayan bilang beterano, kapansanan, o anumang dahilan na hindi kaugnay sa kanilang indibidwal na kakayahan.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na iwasan ang mga aksyon o aktibidad, bilang indibidwal o bilang bahagi ng mga grupo, na manghihimasok sa karapatan ng sinumang tao sa pampublikong edukasyon.

### Kapaligiran sa Pag-Aaral

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa isang ligtas at maayos na kapaligiran habang nasa mga paaralan, silid- aralan, o sa mga aktibidad ng paaralan; ang naturang ligtas at maayos na kapaligiran ay titiyakin ang pinakamahusay na karanasan sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na tiyakin na ang kanilang mga pagkilos ay hindi guguluhin ang paaralan, silid-aralan, mga aktibidad sa paaralan o bus.

### Pagpapahayag

*Karapatan*

May karapatan ang mga mag-aaral ipahayag ang kanilang mga sarili sa pananalita, pagsusulat, o simbolismo nang naaayon sa batas.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na tiyakin na ang naturang pagpapahayag ay hindi guguluhin ang proseso ng edukasyon, isasapanganib ang kalusugan o kaligtasan, makapipinsala sa pampublikong ari-arian, lalabag sa batas o lalabag sa mga pangangailangan ng Handbook na ito.

### Pagtataglay at Pamamahagi ng Panitikan

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan na magtaglay at mamahagi ng panitikan kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga pahayagan, magazine, leaflet, at polyeto.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na magsumite ng isang kopya ng naturang panitikan sa punong-guro o itinalaga sa sapat na oras para repasuhin ng punong-guro ang materyal. Ang mga mag-aaral ay dapat tiyakin na ang pagbabahagi (o pagtataglay) ng panitikan ay hindi sumasalungat o lumalabag sa mga aktibidad ng paaralan. Halimbawa, hindi dapat itataguyod ng materyal ang rebelyon laban sa mga awtoridad, nagbibigay ng hindi totoo o nakakapinsalang impormasyon laban sa ibang tao, kabilang ang malalaswang panunulat o larawan. Ang oras, lugar, at paraan ng pagbabahagi ay pagpapasiyahan ng punong-guro.

# Mga Pangunahing Karapatan at Pananagutan *(ipinagpatuloy)*

**Relihiyon**

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa kanilang sariling paniniwala sa relihiyon.

*Pananagutan*

May pananagutan ang mga mag-aaral na tiyakin na sa pagtatamasa nila ng kanilang kalayaan sa relihiyon, hindi nila lalabagin
ang iba pang mga konstitusyonal na karapatan ng mga mag-aaral ukol sa kalayaan sa relihiyon.

**Payapang Pagtitipon**

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa payapang pagtitipon.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na kunin ang pahintulot na gamitin ang pasilidad ng paaralan para sa pagtitipon, upang talakayin sa administrador ang pagiging angkop ng pasilidad para sa mga gawain, at upang tiyakin na ang naturang pagtitipon ay hindi guguluhin ang proseso ng edukasyon. Ang kawalan ng sapat na pangangasiwa ay magiging dahilan para sa hindi pagpapahintulot sa naturang pagtitipon.

**Pagkapribado**

*Karapatan*

Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa proteksyon mula sa mga paghahalughog at pagsasamsam ng kanilang (mga) personal na ari-arian o ang kanilang sarili na labag sa batas.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na huwag isapanganib ang kanilang sarili, ibang mga mag-aaral, mga tauhan ng paaralan o ang pangkalahatang publiko sa pamamagitan ng pagtataglay ng mga materyales o bagay na posibleng mapanganib at/o ipinagbabawal ng pederal, pang-estado o lokal na batas, o ang mga pangangailangan ng Handbook na ito.

**Transportasyon**

*Karapatan*

Ang transportasyon papunta sa at mula sa paaralan at sa mga aktibidad ng paaralan ay isang pribilehiyo, hindi karapatan; ang mga mag-aaral ay, gayon pa man, mayroong karapatan sa ligtas at maayos na transportasyon kapag ang naturang transportasyon ay ibinigay ng sistema ng paaaralan.

*Pananagutan*

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan na tiyakin na ang kanilang asal ay nag-aambag sa isang ligtas at maayos na kapaligiran habang bumibiyahe; na umiwas sa pag-uugali na isinasapanganib ang kanilang mga sarili, ang kanilang mga kapwang mag-aaral o ang pangkalahatang publiko; at umiwas sa paglabag sa pederal, estado o lokal na batas o ang mga pangangailangan ng Handbook na ito.

Gagamitin ang mga sumusunod na kahulugan sa Handbook maliban kung ang nilalaman ng wikang ginamit ay malinaw na nagpapahiwatig ng kasalungat nito:

Ibig sabihin ng **Kodigo** ang Kodigo ng Virginia, 1950, bilang sinusugan.

Ibig sabihin ng Mga Araw sa mga araw ng kalendaryo maliban kung tinukoy; ibig sabihin ng mga araw ng pasukan sa bawat araw na dapat pumasok ang mga mag-aaral sa paaralan, ibig sabihin ng mga administratibong araw ng trabahosa mga araw kung kailan mananatiling bukas para sa regular na gawain ang Gusali ng Administrasyon ng Paaralan ng dibisyon.

Ibig sabihin ng **Pagbubukod** sa pagtanggi na tanggapin sa paaralan ang isang estudyanteng natiwalag o nalagay sa pangmatagalang pagsususpinde ng ibang pampublikong paaralan o pribadong paaralan, alinman sa Virginia o ibang estado, at kung kanino ang pagtanggap ay binawi ng isang pribadong paaralan sa Virginia o ibang estado.

Ibig sabihin ng **Pagpapatalsik** ang pandisiplinang aksyon kung saan hindi pinahihintulutang pumasok sa paaralan ang isang mag-aaral sa loob ng dibisyon ng paaralan at hindi siya karapat-dapat na muling tanggapin sa loob ng 365 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagpapatalsik.

Ibig sabihin ng **Handbook** ang Handbook ng Mga Karapatan at Pananagutan na ito.

Ibig sabihin ng **Suspensiyon sa Loob ng Paaralan** ang paghihiwalay ng isang mag-aaral mula sa regular na silid-aralan niya at pagtatalaga sa ibang lokasyon sa loob ng paaralan. Nagbibigay ang suspensiyon sa loob ng paaralan sa mag-aaral ng paraan para masabayan ang gawain sa klase at mga takdang-aralin.

*Ibig sabihin ng* **Pangmatagalang Suspensiyon**sa anumang pandisiplinang aksyon kung saan hindi pinahihintulutang pumasok ang isang mag-aaral ng 11-45 araw ng pasukan. *Tandaan: Ang batas ng estado ay nagpapahintulot ng pangmatagalang suspensiyon na tatagal nang higit sa 45 araw ng pasukan, ngunit hindi hihigit sa 364 na araw ng kalendaryo, kung (i) ang pagkakasala ay may sangkot na armas, droga o seryosong pangkatawan na pinsala o (ii) nalaman ng lupon ng paaralan o superintendente ng dibisyon o itinalaga niya na may mga nagpapalubhang pangyayari, ayon sa pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Edukasyon.*

Ibig sabihin ng **Magulang** ang mga biyolohikal na magulang, pangalawang magulang, tagapag-alaga, o sinumang ibang tao na awtorisadong kumilos sa ngalan ng isang magulang; sa kondisyon na ang isang taong nawalan ng kanyang mga karapatan bilang magulang ayon sa batas ay hindi ituturing na magulang para sa mga layunin ng Handbook na ito.

Ibig sabihin ng **Panandaliang Suspensyon** ang panandalian na pandisiplinang aksyon kung saan hindi pinahihintulutang pumasok ang isang mag-aaral sa isang panahong hindi lalampas sa sampung araw ng pasukan. Maaakses at makukumpleto ng mga suspendidong mag-aaral ang gawaing mamarkahan sa panahon at pagkatapos ng suspensiyon.

## Pangkalahatang Impormasyon

**Legal na Katayuan**

Ang Kodigo ng Asal ng Mag-aaal na nilalaman ng Handbook na ito ay pinagtibay ng Lupon ng Paaralan at bumubuo ng isang Patakaran ng Lupon ng Paaralan. Ang Superintendente ay awtorisadong magtatag ng Mga Pamamaraan na magpapatupad sa Patakaran at ang Handbook ay naglalaman ng naturang Mga Pamamaraan (ang mga ito ay maliwanag na tinutukoy bilang gayon).

**Paghahalughog**

Ang mataas na akademikong tagumpay para sa lahat ng mag-aaral at pagpapanatili ng ligtas at maayos na paaralan ay ang mga layunin ng buong dibisyon para sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS). Upang matugunan ang layunin ng ligtas at maayos na mga paaralan, pinapahintulutan ng lupon ng paaralan ang mga kagamitan sa pagsubaybay sa video, mga metal detector, mga paghahanap ng sasakyan, mga random na paghahanap ng personal na ari-arian, at mga aso sa droga at mga bala, na gagamitin upang pigilan ang mga mag-aaral mula sa mga hindi ligtas na aktibidad at upang matuklasan ang mga potensyal na ipinagbabawal na bagay. Ang paghahalughog ay maaaring magawa sa pagpasiya ng punong-guro o itinatalaga niya upang makatulong sa pagpapanatili ng isang ligtas na kapaligiran ng paaralan.

*Mga Pangkalahatan at Random na Administratibong Paghahalughog*

- Itinuturing ang mga locker na ari-arian ng paaralan at mapapasailalim sa paghahalughog sa anumang oras
- Isang kondisyon sa pagpaparada ng sasakyan sa ari-arian ng paaralan ay ang mga opisyal ng paaralan ay maaaring halughugin ito at ang nilalaman nito sa anumang oras
- Ang mga punong-guro ay maaaring mag-utos ng paghahalughog ng mga random na piniling silid-aralan
  - Ang mga mag-aaral sa mga silid-aralang ito ay maaaring ma-scan gamit ang isang detektor ng metal
  - Ang ari-arian ng mag-aaral sa mga silid-aralang ito ay maaarin ma-scan gamit ang isang detektor ng metal o mabuksan at mahalughog
- Paggamit ng mga detektor ng metal
  - Ang mga detektor na hawak sa kamay o dinadaanan ay maaaring gamitin habang nagaganap ang anumang aktibidad sa paaralan kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagpasok o pag-alis sa isang bus ng paaralan, anumang gusali o silid ng NNPS, atletikong pangyayari, o aktibidad na nasa labas ng paaralan
  - Maaaring ma-scan gamit ang detektor ng metal ang mga mag-aaral at kanilang ari-arian - kung tutunog ang detektor ng metal, maaaring mahalughog ang mag-aaral at ang kanyang ari-arian upang matukoy ang dahilan
- Paggamit ng Mga Aso ng Pulis - Mga Asong Nakakaamoy ng Droga/Munisyon
  - Ang mga asong sinanay upang tuklasin ang droga at/o munisyon, at ang kanilang mga tagapag-alaga, ay maaaring suriin ang mga locker, pagmamay-ari ng mag-aaral sa isang hall o silid-aralan, o mga sasakyan sa ari-arian ng paaralan
  - Ang mga aso ay maghahalughog lamang sa mga lugar na libre at walang mga kawani at mag-aaral
  - Kung ang isang aso ay "nagbabala" sa isang bagay o lokasyon, babalaan ng pulis ang punong-guro o itinalaga, na siyang bubuo ng makatuwirang batayan upang magsagawa ng paghahalughog ng bagay o lokasyon na iyon
- Ang mga mag-aaral na matatagpuan sa mga hindi awtorisadong lokasyon o bumabalik sa paaralan pagkatapos ng isang hindi awtorisadong pagliban ay mapapasailalim sa paghahalughog ng kanilang sarili at ari-arian para sa mga mapanganib at/o ibang pinagbabawal na bagay

*Mga Paghahalughog na May Makatuwirang Hinala*

Kung ang punong-guro o itinalaga niya ay magkakaroon ng makatuwirang hinala na ang isang mag-aaral ay maaaring may ipinagbabawal na bagay o katibayan ng paglabag sa tuntunin ng dibisyon ng paaralan, siya ay may legal na pahintulot upang magsagawa o mag-utos ng paghahalughog ng mag-aaral na iyon at ang kanyang ari-arian.

*Mga Paghahalughog na May Pahintulot*

Ang isang punong-guro o itinalaga ay maaaring humingi ng pahintulot upang magsagawa ng paghahalughog, kahit na walang makatuwirang hinala na ang paghahalughog ay magsisiwalat ng katibayan ng paglabag sa tuntunin ng paaralan ng dibisyon. Kapag ang mag-aaral ay nagbigay sa punong-guro o itinalaga ng pahintulot na magsagawa ng

paghahalughog, ito ay isang paghahalughog na may pahintulot ng mag-aaral

*Tandaan*

- Ang pagtanggi ng mag-aaral na pahintulutan ang Mga Pangkalahatan at Random na Administratibong Paghahalughog o Mga Paghahalughog na May Makatuwirang Hinala, ayon sa nabanggit sa itaas, ay ituturing na dahilan para sa pandisiplinang aksyon.
- Kung ang paghahalughog ay nagdulot ng mga ilegal o kontrabandong materyal, ang mga naturang pagtuklas ay maaaring ibigay sa mga nararapat na legal na awtoridad para pagpasiyahan nila.

*Mga Paghahalughog Bilang Pagpapatupad ng Batas*

Ang Opisyal ng Pagpapatupad ng Batas sa Paaralan (SRO) o iba pang opisyal na nagpapatupad ng batas ay maaaring magsagawa ng paghahalughog kung siya ay may makatuwirang dahilan na gawin ito at, kapag kailangan, ang isang utos sa paghahalughog ay hihilingin.

**Gawain ng Gang**

Ang aktibidad ng gang ay hindi papayagan ng NNPS sa paligid ng paaralan, sa mga bus ng paaralan o sa anumang aktibidad na itinataguyod ng paaralan. Binibigyang kahulugan ang gang bilang anumang grupo ng tatlo o higit pang tao na ang layunin ay kabilang ang: mga ilegal na pagkilos, pakikilahok sa mga aktibidad na isinasapanganib ang kaligtasan ng mga tao o ari-arian, panggugulo sa mga aktibidad ng paaaralan at/o paglikha ng isang kapaligiran ng takot at intimidasyon. Ang pandisiplinang aksyon ay gagawin laban sa sinumang mag-aaral na nakikilahok sa mga aktibidad na may kaugnayan sa gang na nakakagambala sa kapaligiran ng paaralan, kabilang ang pagpapakita ng anumang kasuotan, alahas, accessory o tatu na dahil sa kulay, pagkakaayos, tatak o iba pang katangian, tumutukoy sa pagiging miyembro ng isang gang na nagtataguyod ng ilegal o nakakagambalang pag-uugali.

Ang gawain ng gang ay tinukoy bilang:

- pagsusuot, paggamit, pamamahagi, pagpapakita o pabebenta ng anumang damit, alahas, sagisag, tsapa, simbolo o tanda na katibayan ng pagiging miyembro o pagkaanib sa isang gang; Kabilang ang anumang mga guhit o ilustrasyon;
- paggawa ng anumang pagkilos, paggamit ng anumang panalita, o paggamit ng hindi pasalitang galaw/pakikipagkamayan na nagpapakita ng pagiging miyembro o pagkaanib sa gang;
- paggamit ng anumang panalita o aksyon upang isulong ang mga interes ng anumang gang kabilang ang: panghihingi, hazing, intimidasyon, pagsisimula o pag-uudyok sa ibang mga mag-aaral sa pisikal na karahasan o pananakot sa ibang mga mag-aaral gamit ang pisikal na karahasan. Ang asal ng mag-aaral sa mga aktibidad ng gang ay pangangasiwaan ayon sa mga tuntunin na nakabalangkas sa Handbook na ito.

**Pandisiplinang Awtoridad sa Ilalim ng Ilang Mga Pangyayari**

Ang mga mag-aaral ay maaaring sumailalim sa pagpaparusa para sa mga pagkilos na hindi ginawa sa ari-arian ng paaralan at sa labas ng mga oras ng pasukan na nakakapinsala sa mga interes ng paaralan o may masamang epekto sa disiplina sa paaralan (1960-61 Op. Att'y Gen.

274).*Ipinag-uutos na Pag-uulat sa Tagapagpatupad ng Batas*

Ang punong-guro o itinalaga ng bawat paaralan ay maaaring magkaroon ng obligasyon na iulat sa ahensiya ng pagpapatupad ng batas (hal. Opisyal ng Pagpapatupad ng Batas sa Paaralan) ang mga paglabag na kaugnay sa mga sumusunod na pagkakasala:

1. Pag-atake at Pambubugbog
2. Anumang asal na may kaugnayan sa mga ilegal na sangkap o katulad nito
3. Pagnanakaw, tangkang pagnanakaw, ng de-resetang gamot ng mag-aaral
4. Mga banta laban sa tauhan ng paaralan
5. Ilegal na pagdadala ng baril o armas sa ari-arian ng paaralan
6. Asal na may kinalaman sa mga bomba, pampasabog o pekeng pampasabog
7. Asal na may kinalaman sa mga device na pampasabog/pagsunog
8. Paggamit ng kemikal na bomba na may kakayahang gumawa ng usok
9. Pagbabanta ng bomba laban sa tauhan ng paaralan o na may kaugnayan sa ari-arian o mga bus ng paaralan

10. Pagsta-stalk
11. Ang pag-aresto ng sinumang mag-aaral para sa anumang insidenteng naganap sa isang bus ng paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa anumang aktibidad na itinataguyod ng paaralan, kabilang ang paratang, kung sakali.

**Dapat tumawag ang mga punong-guro sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral upang kumpirmahin na ang insidente ay umaabot sa pamantayan na nakabalangkas sa batas ng Estado bago sila makipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas.** Maaaring matagpuan ang mga paglabag na tinukoy sa itaas sa seksyon ng mga tuntunin sa Handbook na ito, na minarkahan ng (☎). Aabisuhan ang mga magulang kapag ang insidente ay naiulat sa lokal na tagapagpatupad ng batas.

## Pangkalahatang Impormasyon *(ipinagpatuloy)*

**Espesyal na Paunawa**
Ang paaralan ay hindi mananagot sa personal na ari-arian na maaring mawala, manakaw o masira. Ang tauhan ng paaralan ay kukuha ng mga ulat sa ganyang mga insidente. Para sa mga ninakaw o nasirang personal na ari-arian, ang tauhan ng paaralan ay maaring mag-imbestiga kung mayroong makatuwirang hinala na ang nagsagawa ay o maaaring makilala kaagad. Ang mga resulta ng imbestigasyon ay maaaring gamitin sa pandisiplinang aksyon at maaaring ibigay sa pulis. Mangyaring ipayo sa iyong mag-aaral na dapat niyang pag-ingatan ang mahahalagang personal na bagay upang maiwasan ang pagkawala. Bilang karagdagan, ang mga mag-aaral ay hindi dapat magdala ng malalaking halaga ng pera na nakakatawag ng pansin sa kanilang sarili.

## Kodigo ng Pananamit ng Mag-aaral

**Mababa, Gitna at Mataas na Paaralan**
Ang mga sumusunod na kinagawian sa pananamit ay hindi pinapayagan sa paaralan:

- Suot sa ulo o pantakip sa ulo ng anumang uri tulad ng mga sombrero, hood, sweatband, bandana, scarf, sunglass, suklay, pick, pangkulot, o rake na nakasuot sa buhok. **Maliban dito ang mga relihiyoso, espesipiko sa etnisidad, o makahulugan na pantakip ng ulo o estilo ng buhok, kabilang ang mga hijab, yarmulke, headwrap, braid, loc at cornrow na pinapayagan (§ 22.1-279.6).**
- Anumang artikulo ng kasuotan na nagpapakita ng mga mahalay na salita, larawan, o disenyo. Anumang artikulong nagpapahiwatig ng isang mensaheng may sekswal na mungkahi o mensaheng pabor sa alak, droga, o may kinalaman sa gang. Kabilang dito ang pagpapakita ng kasuotan, alahas, accessory, o tatu na dahil sa kulay, pagkakaayos, tatak o iba pang katangian, tumutukoy sa pagiging miyembro ng isang gang na nagtataguyod ng ilegal o nakakagambalang pag-uugali.
- Pananamit na nagpapakita ng nasa loob o tadyang, likod, pusod, o may mababang uka ng leeg.
- Tank na pantaas, tube na pantaas, halter na pantaas, isang balikat na pantaas, sobrang nipis na panali, walang panali, o walang takip sa likod na pantaas (maliban kung nakatakip).
- Mga damit, palda o shorts na hindi umaabot sa kahit man lang sa kalagitanaan ng hita o may hiwa sa ibabaw ng kalagitnaan ng hita.
- Damit panloob na isinusuot bilang panlabas na damit.
- Mga pantalon, palda o short na isinusuot nang mas mababa sa baywang o pabaligtad. Padyama/pantulog na damit na anumang uri. Pinutol na shorts o pantalon na may hiwa, punit o butas sa itaas ng kalagitnaan ng hita.
- Alahas o mga accessory na maaaring gamitin bilang armas (hal. dalawa o tatlong singsing sa daliri na pinagsama, mga kadena, mga accessory na sobra sa laki o may spike).
- Mga damit na sobrang kipot, damit na katulad ng leggings, jeggings, tights o pantalon na pang-yoga maliban kung isinuot sa ilalim ng kamiseta, shorts, damit o palda na nasa kalagitnaan ng hita ang haba.
- Nakayapak. Dapat laging may suot na sapatos.

* Sumangguni sa seksyon sa Mga Pag-uugaling kaugnay sa Pagpapatakbo ng Paaralan - paglabag sa Kodigo ng Pananamit para sa mga pandisiplinang parusa.

**Hindi hahadlangan ng kodigo ng pananamit ang mga guro na mag-atas o ipagbawal ang mga espesipikong bagay na personal protective equipment, at sapatos para sa kaligtasan at pakikilahok ng mga mag-aaral.**

*Patakarang JICA ng NNPS - Pananamit ng Mag-aaral*
*Ang mag-aaral ay hindi magdadamit, mag-aayos o susuot ng mga bagay na magiging dahilan ng panggugulo o*

*panghihimasok sa pagpapatakbo ng paaralan. Pagpapasiyahan ng punong-guro o itinalaga kung ang anumang tiyak na paraan ng pananamat o kasuotan ay nagreresulta sa naturang panghihimasok o panggugulo. Hindi gagawin ang naturang pagpapasiya sa pamamagitan ng pisikal na ugnayan sa mag-aaral o kasuotan nito, at hindi rin sa pamamagitan ng pag-aatas na maghubad.*

**PAGAPAPATUPAD NG MGA REGULASYON**

Ang mga tagubilin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News para sa paggamit ng mga cellular phone at mga aparato sa two-way na komunikasyon ay dinisenyo upang siguruhin na na ang paggamit ng mga bagay na ito ay hindi gumagambala sa pagtuturo at pagkakatuto, o sa pagpapanatili ng isang ligtas at maayos na kapaligiran sa araw ng pasukan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ay hindi mananagot sa anumang pagkakataon sa pagkawala, pagkawasak, pagkapinsala, pagnanakaw o mga singil sa buwanang kuwenta para sa cellphone at aparato sa two-way na komunikasyon.

- Ang mga mag-aaral ng mababang paaralan na may mga cellphone ay dapat panatilihin ang mga ito na nakapatay, at wala sa paningin, sa mga regular na oras ng pasukan at sa mga aktibidad pagkatapos ng paaralan.
- Ang mga mag-aaral ng gitna at mataas na paaralan ay may pahintulot na magkaroon at gamitin ang mga cellphone o aparato sa two-way na komunikasyon pagkatapos ng pagpapauwi sa ari-arian ng lupon ng paaralan.
- Kailanman ay hindi pahihintuluan ang mga mag-aaral na gumamit ng mga device para sa paglilitrato, pagrerekord ng video, o pagrerekord ng audio ng sinumang mag-aaral, empleyado, o miyembro ng publiko sa paligid ng paaralan maliban kung sila ay mayroong pahintulot mula sa parehong (mga) tao na kinukunan ng litrato o nirerekord at isang opisyal ng paaralan.
- Kung ang isang mag-aaral, na lumalabag sa mga alituntuning ito, ay dapat magrekord, o tumanggap ng rekord ng isang paglabag sa panuntunan na naganap sa paligid ng paaralan at magbahagi ng naturang rekord sa iba, o sa social media
  platform, magreresulta ito sa mga kahihinatnan alinsunod sa behavior code na Mga Ugali sa Relasyon (Relationship Behaviors, RB)
  3- Pagpo-post, pamamahagi, pagpapakita, o pagbabahagi ng hindi naangkop na materyal o litertura, kabilang ang paggamit ng mga electronikong pamamaraan.

**<u>Ang mga parusa para sa paglabag ng mga patnubay na ito ay ang mga sumusunod:</u>**

- *Unang Pagkakasala:* Bibigyan ang mag-aaral ng isang babala ng administrador o iba pang opisyal ng paaralan. Ang patakaran ay ipapaliwanag sa mag-aaral para sa anumang mga paglabag sa hinaharap.
- *Ikalawang Paglabag:* Ang selpon/aparato sa two-way na komunikasyon ay kukumpiskahin ng isang administrador, itatago sa tanggapan, at ibabalik sa mag-aaral sa katapusan ng araw. Kokontakin ang mga magulang para hilingin ang kanilang suporta sa pagpapatupad ng patakaran.
- *Ikatlong Paglabag:* Ang selpon/aparato sa two-way na komunikasyon ay kukumpiskahin ng isang administrador, itatago sa tanggapan, makakatanggap ang mag-aaral ng ISS para sa 1 araw ng pasukan, at ibabalik ang telepono sa pagtatapos ng araw ng araw ng pasukan.
- *Ang paulit-ulit na paglabag* sa mga patakarang ito, kabilang ang mga paglabag na lampas sa ikatlong beses, ay magreresulta sa kaukulang hakbang ng pagdidisiplina alinsunod sa Antas 2 na pagtugon. Kailangang magsagawa ng pagpupulong kasama ang magulang bago muling makaibalik ang mag-aaral.

## Paggamit ng Iba Pang Elektronikong Device

Walang mag-aaral, maliban kung awtorisado ng punong-guro ng paaralan/itinalaga, ang magdadala o magtataglay

ng anumang bagay na walang pakay na pang-edukasyon at maaaring manggulo sa pagtuturo at pagkatuto (hal. mga laruan, iPad, Kindle, Nook, iPods, ibang player ng MP3 at CD, Digital o Tape Recorder, o iba pang mga portabol na device para sa komunikasyon).

Bilang karagdagan, ang Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ay hindi mananagot sa anumang pagkakataon sa pagkawala, pagkawasak, pagkapinsala, pagnanakaw ng alinman sa mga naturang bagay na ito. Ang mga mag-aaral na pipiliing magdala ng mga naturang bagay ay gagawin ito sa kanilang sariling panganib. ***Ang mga bagay na ito ay maaari ring kumpiskahin at ang mga parusa para sa paglabag sa mga patnubay na ito ay ayon sa nakabalangkas sa itaas para sa mga selpon/aparato sa two-way na komunikasyon.***

# Mga Tuntunin sa Bus at Sakayan ng Bus

Ang **KALIGTASAN NG MAG-AARAL** sa mga bus ng paaralan at sa mga hintuan ng bus ay isang pangunahing prayoridad. Ang mga magulang ay hinihikayat na subaybayan ang pag-uugali ng mag-aaral papunta at pabalik mula sa mga hintuan ng bus at sa mga lokasyon ng hintuan ng bus. Ang asalng mag-aaral sa bus na isinasapanganib ang iba ay hindipahihintulutan.

Ang batas ng estado ay nagpapahintulot sa tamang disiplina ng mga mag-aaral sa pagpunta at pagbalik mula sa paaralan. "Bilang pangkalahatang tuntunin, ang awtoridad na ito para magdisiplina ay umaabot sa mga mag-aaral na papunta o pabalik mula sa paaralan kung ang naturang asal ay direktang naaapektuhan ang mabuting kaayusan at kapakanan ng paaralan." (1960-61 Op. Att'y. Gen. 274) Binibigyang-diin ng mga punong-guro sa mag-aaral na sila ay inaasahang kumilos nang maayos sa lahat ng oras at ang kabiguan na gawin ito papunta at pabalik mula sa paaralan ay maaaring magresulta sa pandisipilinang aksyon na inilalarawan sa Handbook na ito.

Lahat ng dala-dalang bagay (hal. mga bag ng libro, backpack, atbp.) ay dapat hawakan sa kandungan o ilagay sa ilalim ng upuan. Hindi dapat sakupin ng mga ito ang isang upuan na kinakailangan para sa ibang mag-aaral. Ang mga proyekto ng paaralan at instrumento ng banda ay hindi kasali.

Ang mga mag-aaral ay maaaring sumakay sa iba't ibang bus at ibababa sa ibang hintuan ng bus na may administratibong pahintulot lamang. Maaaring magsagawa ng pandisiplinang aksyon laban sa mga mag-aaral na sadyang sasakay o bababa sa bus sa isang hintuan na naiiba sa kanilang nakatakdang hintuan.

Kailangan ng bawat mag-aaral na sumasakay sa NNPS school bus na i-scan ang kanilang student identification card para makasakay at makababa ng bus. Ang mga identification card ay kailangang madaling ma-access tuwing pumapasok at bumababa ng school bus.

Ang mga mag-aaral ay inaasahang sundan ang mga sumusunod na tuntunin para sa kaligtasan at paggalang sa bus at sa hintuan ng bus.

**Sa Hintuan ng Bus**

- Dumating sa nakatakdang hintuan sampung minuto bago ang pagsundo ng bus
- **Tiyaking makikita ka** (hal. tumayo sa sidewalk o sa dulo ng kalsada sa may gilid ng bangketa)
- Lumayo sa pribadong ari-arian
- Huwag tumayo sa pinaglalakbayang bahagi ng daan
- Maging magalang at mapagmatyag sa trapiko
- Maghintay nang tahimik at maayos

**Sa Bus**

- I-scan ang iyong student identification card
- Maupo sa nakatakdang upuan
- Manatiling nakaupo sa lahat ng oras
- Makisama sa tsuper at ugaliin ang maayos na asal
- Walang kabastusan o malaswang pag-uugali
- Walang paninigarilyo
- Walang pagkain o pag-inom
- Walang bandalismo
- Walang bahagi ng katawan sa labas ng bus
- Walang mga buhay na hayop
- Walang mga hindi ligtas na bagay o armas
- Walang pagtapon ng mga bagay mula sa bus o sa loob ng bus
- Walang salamin
- Walang mga lobo
- Walang mga skateboard

**Kapag Dumating Ang Bus**

- Hayaan ang bus na huminto nang husto
- Sumakay sa bus sa isang tahimik at maayos na paraan
- Tumawid sa harap ng bus

**Pagbaba sa Bus**

- Manatiling nakaupo hangga't ang bus ay huminto nang husto
- Bumaba sa isang maayos na paraan
- Bumaba sa iyong nakatakdang hintuan

## Sa Kaso ng Aksidente na May Kinalaman sa School Bus

- Ang Tauhan ng Mga Serbisyong Pang-Emergency na Medikal at Kawani ng Transportasyon ay agarang tutugon at magsusuri para sa mga pinsala.
- Ang mga mag-aaral ay dapat manatili sa bus hanggang palabasin sila ng kawani ng paaralan, Tauhang Pang-Emergency, o isang Superbisor ng Transportasyon.
- Palalabasin lamang ng tsuper ng bus ang mga mag-aaral sa kanilang nakatakdang hintuan ng bus o paaralan.
- Ang mga magulang na pupunta sa lokasyon ng aksidente at hihilinging sunduin ang kanilang mag-aaral ay dapat magpakita ng pagkakakilanlan at lumagda lamang para sa paglabas ng kanilang mag-aaral mula sa Superbisor ng Transportasyon o Kawani ng Paaralan.
- Ang mga mag-aaral na hindi nasaktan ay ililipat sa isang pamalit na bus upang ituloy ang biyahe sa bus.
- Aabisuhan ng Kawani ng Paaralan ang mga magulang sa lalong madaling panahon tungkol sa mga seryosong aksidente o magbibigay ng nakasulat na paunawa tungkol sa maliliit na aksidente.

## Mga Pananagutan ng Mga Magulang ng Mga Mag-aaral ng Preschool at Kindergarten sa

Dapat sunduin ang mga mag-aaral ng pre-school at kindergarten ng isang responsableng tao sa hintuan ng bus. Kung walang susundo, ibabalik ang bata sa paaralan at kokontakin ang Magulang para sunduin ang bata.

Ang Kagawaran ng Transportasyon para sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ay handang sumagot sa mga tanong tungkol sa transportasyon ng mga mag-aaral papunta sa paaralan o mga tanong tungkol sa mga mag-aaral na naglalakad.

*Dapat tumawag ang mga magulang sa mga sumusunod na numero para sa tulong:*
- Transportasyon ng NNPS: 757-881-5052
- Kagawaran ng Pulisya ng Newport News: 757-247-2500

**Mga Payo para sa Kaligtasan sa Paglalakad papunta sa Mga Hintuan ng Bus at Paaralan**

- Laging maglakad kasama ang kaibigan o sa isang grupo.
- Maglakad sa sidewalk o malapit sa bangketa sa gilid ng kalsada upang mas madaling makita.
- Manatili sa mga maliwanag o mataong lugar.
- Huwag kailanman lumapit o makipag-usap sa isang taong hindi mo kilala.
- Iulat ang anumang kahina-hinalang aktibidad o anumang bagay na nakakailang para sa iyo. Tumawag sa 911 kung kinakailangan.

## Ang Tatlong Card na Sistema

Ang Sistemang Tatlong Card ay idinisenyo para sa proteksyon ng mga batang mag-aaral, at upang tiyakin ang naaangkop at ligtas na pagbaba ng mga mag-aaral ng pre-school at kindergarten mula sa bus ng paaralan.

Ang mga paaralan ay nagbibigay sa mga Magulang ng tatlong pagkakakilanlan na mga card na tumutugma sa pagkakakilanlan na tag. Dapat ipakita ng mga magulang o ang kanilang itinalagang responsableng tao ang mga card upang masundo ang mga mag-aaral sa pre-school o kindergarten mula sa bus ng paaralan.

Dapat naka-print din ang pangalan ng isang responsableng tao sa likod ng tag ng pagkakakilanlan ng bata. Maaaring sunduin ng taong iyon ang mag-aaral ng pre-school o kindergarten mula sa bus sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang lisensiya sa pagmamaneho o ibang ID card na may larawan.

Dapat tiyakin ng mga tsuper ng bus na ieentrega lamang ang mga mag-aaral ng pre-school at kindergarten sa mga taong may katugmang card o siyang itinalaga sa likod ng tag ng bata. Dapat tiyakin ng mga magulang na patuloy na isusuot ng mga mag-aaral na ito ang kanilang ID tag at ipakita ang card araw-araw sa pangyayari na may kapalit na tsuper na hindi kilala ang magulang o bata.

**Ang mga mag-aaral ng pre-school at kindergarten na mag-aaral ay ibabalik sa paaralan kapag ang katugmang card ng pagkakakilanlan ay hindi ipinakita ng taong sumusundo sa mag-aaral.**

# Clear na Backpack at ID ng Mag-aaral

NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

## Kailangan ang Clear na Backpack at ID ng Mag-aaral para sa 2025-2026

Nananatiling priyoridad ang kaligtasan at kagalingan ng mga mag-aaral at kawani ng NNPS. Sa nakalipas na dalawang taon, pinataas ng dibisyon ng paaralan ang mga hakbang sa kaligtasan. Upang higit pang mapahusay ang mga inisyatiba na ito, kakailanganing gumamit ang bawat mag-aaral ng clear na backpack at magsuot ng ID ng mag-aaral.

**Clear na mga Backpack**
Mananatiling kinakailangan ang clear na backpack para sa lahat ng mag-aaral sa taong-panuruan 2025-2026. Simula sa 2025-2026, ang bawat pamilya na ang responsable sa paglalaan ng clear na backpack para sa kanilang mga mag-aaral, alinsunod sa patakaran ng dibisyon ng paaralan.

Nakikipagtulungan ang sistema ng paaralan sa mga partner sa komunidad para matulungan ang mga pamilyang nangangailangan ng donasyong backpack.

Patuloy naming ipapatupad ang parehong patakaran sa backpack:

- Dapat na ganap na malinaw o clear sa lahat ng bahagi at gawa sa transparent na plastik o vinyl na materyales.
- Pinapayagan ang telang pang-ilalim, bagama't hindi kinakailangan, at inirerekomenda ito para sa mga mag-aaral sa gitna at mataas na paaralan.
- Pinapayagan ang mesh na bulsa sa gilid basta't malinaw na makikita ang laman nito.
- Hindi pinapayagan ang mga may-kulay na transparent na backpackallowed—ang mga ganap na malinaw o clear na backpack lamang ang pinapayagan.
- Pinapayagan ang mga may-kulay na strap at piping.
- Hindi pinahihintulutan ng mga logo at pagba-brand.
- Pinapayagan ang isang maliit na privacy pouch na hindi transparent para sa mga personal na gamit pangkalinisan.

Kasama ang Amazon, Target, at Walmart sa mga inirerekomendang pamilihan.

**Mga ID ng Mag-aaral**
Kinakailangang magsuot ng ID ng mag-aaral ang lahat ng mga mag-aaral tuwing araw ng pasukan habang nasa bus ng paaralan at sa kampus ng paaralan. Dapat na maayos na maipakita sa buong araw ng pasukan at habang dumadalo sa mga aktibidad na itinataguyod ng paaralan ang ID ng mag-aaral bilang isang manonood sa panahon ng mga aktibidad at kaganapan sa athletic at club sa campus.

Ibibigay ang mga ID ng mag-aaral sa lahat ng mga mag-aaral sa simula ng taon ng pag-aaral. Papalitan ng mga bagong ID ang T-Pass, kaya ang mga mag-aaral na sumakay sa bus ng paaralan ng NNPS papunta at pabalik ng paaralan ay magagawang i-scan ang kanilang ID ng mag-aaal habang sumasakay at lumabas sila sa bus ng paaralan. Maaari ding gamitin ang mga bagong ID sa cafeteria para sa pananghalian at sa silid-aklatan upang tingnan ang mga libro at iba pang materyales.

Bibigyan din ang lahat ng mga mag-aaral ng isang lanyard at isang may hawak para sa kanilang ID ng mag-aaral. Kung sakaling ma-misplace o mawala ng isang mag-aaral ang ID ng mag-aaral, ibibigay ang isang pansamantala o kapalit na ID. Matapos maibigay ang isang kapalit na ID nang isang beses, maaaring singilin ang mga pamilya ng replacement fee para sa bagong ID.

**Ang hindi pagsunod ng estudyante sa patakaran sa paggamit ng malinaw na backpack o ID ng mag-aaral ay maaaring humantong sa kaukulang disiplina.**

## Patakaran sa Pagpasok ng Mag-aaral

**Mga Pamamaraan ng Pagpasok**
Ang pang-araw-araw na pagpasok ay isang ipinag-uutos na pangangailangan para sa lahat ng mag-aaral. Inaatas ng Kodigo §22.1-254 na ang lahat ng bata na umabot na sa kanilang ika-5 kaarawan sa o bago ang ika-30 ng Setyembre at hindi pa umabot sa kanilang ika-18 kaarawan ay dapat pumasok sa paaralan. Ang pangangailangang ito ay hindi naangkop sa sinumang bata na nakatanggap na ng diploma ng mataas na paaralan, ang katumbas nito, o isang katibayan ng pagtatapos o hindi saklaw ayon sa mga probisyon ng batas.

Ipapatupad ng attendance officer/itinalaga ng superintendente ang mga probisyon ng mga batas sa pagdalo ng estado sa pamamagitan ng pagsali sa proseso ng interbensyon sa pag-alis na inilarawan sa Code §22.1-258 na kinabibilangan ng (1) paghahain ng reklamo sa Juvenile and Domestic Relations Court na nagpaparatang na isang batang nangangailangan ng pangangasiwa ang mag-aaral sa mga pagkakataon kung saan lumalaban ang mag-aaral sa mga pagsisikap ng magulang na sumunod sa mga kinakailangan sa sapilitang pagdalo o (2) pagsisimula ng mga paglilitis laban sa magulang para sa pag-aambag sa pagkadelingkuwensya ng isang menor de edad sa mga pagkakataon kung saan sadyang hindi sumusunod sa mga kinakailangan sa sapilitang pagdalo ang magulang.

**Mga Pagliban**
Inaasahan na pumasok sa paaralan ang mga mag-aaral araw-araw. Inaasahan na makipag-ugnayan ang mga magulang sa paaralan ng kanilang anak sa araw ng pagliban ng kanilang anak upang ipagbigay-alam ito sa paaralan. Hinihikayat ang mga magulang na abisuhan ang paaralan tungkol sa mga naka-iskedyul na appointment sa oras na nalaman ang petsa ng mga naturang appointment. Kapag nagawa ang naturang abiso, hindi na kailangangang makipag-ugnayan ang Magulang sa paaralan sa unang araw ng pagliban. Para sa anumang dahilan, ang isang nakasulat na notang nagbibigay ng mga petsa at dahilan sa pagliban ng bata ay kailangan mula sa Magulang sa loob ng limang araw mula sa pagbalik ng bata sa paaralan. Makakapagbigay ang mga magulang/tagapag-alaga ng isang nota sa paaralan ng kanilang anak sa pamamagitan ng website ng paaralan. Ang layunin ng notang ito ay upang matukoy kung ang pagliban ng mag-aaral ay pinahihintulutan o hindi. Ang notang ito ay itatago hanggang sa katapusan ng taon ng pasukan para sa layunin na dokumentasyon.

**Mga Pinahihintulutang Pagliban**
Bilang suporta sa batas sa ipinag-uutos na pagpasok, binibigyang kahulugan ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ang mga sumusunod na kondisyon bilang mga natatanging katanggap-tanggap na dahilan para sa pagliban ng mag-aaral mula sa paaralan.

**Karamdaman** - Kapag hindi pumasok sa paaralan ang mag-aaral dahil sa isang karamdaman, magbibigay ng katibayan ng karamdaman para sa paaralan ang isang paunawang sinulat ng Magulang o isang doktor na nagdodokumento ng karamdaman.

**Kalusugan ng Kaisipan o Pag-uugali** - Alinsunod sa mga patnubay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia, maaaring mabigyan ang mga mag-aaral ng isang makatuwirang pagliban sa paaralan dahil sa kalusugan ng kaisipan at pag-uugali ng mag-aaral.

**Malala/Tumagal na Karamdaman** - Para sa mga mag-aaral na lumiban dahil sa malala o tumagal na karamdaman, dapat kumpletuhin ng Magulang ang isang form ng Abiso para sa Malala/ Tumagal na Karamdaman bawat taon at isumite ito sa punong-guro sa simula ng bawat taon ng pag-aaral o sa simula ng kondisyon ng mag-aaral na nakakaapekto sa regular na pagdalo. Dapat na sinamahan ng dokumentasyon mula sa isang manggagamot ang form ng abiso. Ang dokumentasyong ito ay susuportahan lamang ang mga paglibang kaugnay sa (mga) dahilang medikal/kalusugan ng kaisipan ng bata at susuriin sa haba ng taon ng pasukan.

Ang mga mag-aaral na may labis na na-excuse na pagliban dahil sa karamdaman (mahigit 15 araw) ay kinakailangang magkaroon ng kumpletong Form para sa Abiso sa Talamak/Pinalawig na Karamdaman sa file na may pansuportang dokumentasyon mula sa isang manggagamot. Kung hindi kukumpletuhin ng Magulang ang form o hindi magbibigay ng dokumentasyon mula sa isang doktor o ibang propesyonal sa kalusugan ng kaisipan para sa isang talamak o matagalang karamdaman, rerepasuhin ng punong-guro ang pagpasok ng bata para sa mga kinakailangang serbisyo at/o naaangkop na parusa ng batas sa pagpasok (Kodigo §22.1-258). Maaaring gawing hindi pinahihintulutan ang

mga pagliban ng kabiguan na magbigay ng dokumentasyon.

**Mga Naka-Iskedyul na Appointment -** Para sa mga appointment sa korte, mga serbisyong panlipunan o ibang mga ahensiya ng estado at mga appointment sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan, ang opisyal na dokumentasyon ay kailangang ipakita sa paaralan.

**Kamatayan o Emergency sa Pamilya -** Para sa mga pagliban dahil sa kamatayan sa pamilya o isang emergency na wala sa kontrol ng pamilya, dapat abisuhan ng Magulang ang paaralan at magbigay ng dokumentasyon para sa pagliban.

**Mga Relihiyosong Pagdiriwang -** Ang mga pagliban dahil sa pagdiriwang ng mga relihiyosong kapistahan ay dapat na paunang ayusin ng Magulang, na siyang responsable para abisuhan ang paaralan ng bata tungkol sa (mga) relihiyosong kapistahan na ipagdiriwang. Kapag ang Magulang ay hindi kayang paunang ayusin ang pagliban, isang kahilingan para sa eksensiyon ay dapat matanggap nang hindi lalampas sa ikalawang araw pagkatapos ng pagbalik ng mag-aaral sa paaralan mula sa pagliban dahil sa relihiyosong pagdiriwang.

**Sibikong Pakikipag-ugnayan -** Alinsunod sa mga patnubay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia, maaaring mabigyan ang mga mag-aaral sa anumang gitna o mataas na paaralan ng pagliban na isang araw ng pasukan bawat taon ng pag-aaral upang makilahok sa isang sibiko o pampulitikang kaganapan.

**Pakikilahok sa 4-H -** Pinahihintulutan ang maximum ng 5 araw ng pasukan bawat taon ng pasukan para sa programa o aktibidad na pang-edukasyon ng 4H.

**Pakikilahok sa Pagtitipon ng Tribong Bansa -** Ang mga mag-aaral na mga miyembro ng isang tribong bansa na kinikilala ng estado o pederal na ang punong-tanggapan ay nasa Virginia ay bibigyan ng isang pinahihintulutang pagliban bawat taon ng pasukan upang dumalo sa pagtitipong pow wow ng bansang iyon sa kondisyon na magbibigay ng agarang paunawa ang magulang ng mag-aaral sa paaralan.

**Mga Pagbubukod/suspensiyon -** Para sa mga pagliban dahil sa pagbubukod o suspensiyon, aabisuhan ang Magulang tungkol sa suspensiyon/pagbubukod at ang petsa kung kailan inaasahang bumalik sa paaralan ang mag-aaral. Dapat bumalik ang mag-aaral sa nakasaad na petsa. Kung hindi bumalik ang mag-aaral sa ipinahiwatig na petsa, itatala ang pagliban ng mag-aaral bilang hindi na-excuse maliban kung makakapagbigay ng dokumentasyon para sa dahilan ng hindi pagbabalik kapag karapat-dapat ang magulang.

**Mga Natatanging Pangyayari -** Maaaring aprubahan ng punong-guro ang mga pagliban na paunang inayos para sa mga sitwasyon kung saan ang eksepsiyon sa pagpasok ay mukhang pinakamabuti para sa kapakanan ng mag-aaral at ng kanyang pamilya. Bago ang pagliban ng mag-aaral, dapat kumpletuhin ng Magulang ang Form ng Kahilingan para sa Natatanging Pangyayari sa Pagpasok. Idodokumento ng Magulang sa kahilingang ito ang dahilan para sa pagliban, mga petsa ng pagliban, at mga kapatid na kabilang sa dibisyon ng paaralan para kung kanino hihilingin din ang eksepsiyon. Dapat magbigay ang punong-guro ng nakasulat na tugon sa Magulang sa Mga Kahilingan para sa Mga Natatanging Pangyayari. Sa mga nakadokumentong hindi mapigilang pangyayari, maaring aprubahan ng punong-guro ang pagliban pagkatapos ng pangyayari bilang eksensiyon sa mga parusa ng patakaran sa pagpasok.

Para sa mga pangyayari na nagtulak sa mag-aaral na lumiban at hindi posibleng humiling ng paunang pahintulot, dapat kumpletuhin ng Magulang ang Kahilingan para sa mga Natatanging Pangyayari sa loob ng dalawang araw mula sa pagbalik ng mag-aaral sa paaralan. Hindi hihigit sa limang (5) araw ang maaaring aprubahan ng punong-guro para sa mga natatanging pangyayari sa loob ng isang taon ng pasukan.

## Mga Pamamaraan ng Pag-aabiso sa Magulang

### Mga Pinahihintulutan at Hindi Pinahihintulutang Pagliban

Para sa lahat ng pagliban, makikipag-ugnayan ang paaralan sa tahanan sa bawat araw ng pagliban ng mag-aaral sa paaralan gamit ang awtomatikong sistema ng pagdayal.

### Mga Hindi Pinahihintulutang Pagliban

Ayon sa batas ng estado, kapag may mag-aaral na hindi pumasok sa paaralan at walang natanggap ang tauhan ng

paaralan na nagpapahiwatig na ang magulang ng mag-aaral "ay nababatid at sinusuportahan ang pagliban ng mag-aaral" (hindi pinahihintulutang pagliban), isang makatuwirang pagsisikap na abisuhan ang magulang sa telepono ay gagawin ng (mga) itinalaga ng punong-guro, o mga boluntaryo, upang makakuha ng paliwanag para sa pagliban ng mag-aaral.

**Mga Pamamaraan sa Pagwawalang-bahala**
Bilang pagsunod sa Kodigo ng Virginia §22.1-258 at mga Regulasyon sa Pamamahala ng Koleksyon at Pag-uulat ng Datos Kaugnay sa Pagbubulakbol at Patakaran sa Pagdalo ng Mag-aaral (8VAC20-730-20), ang dibisyon ng paaralan ay nakapagtatag ng pamamaraan na ang tauhan ng dibisyon ng paaralan ay kailangang sumunod kapag ang mag-aaral ay nabigo sa pagdalo sa paaralan at walang pahiwatig ang natanggap ng tauhan ng paaralan na ang magulang ng mag-aaral ay nababatid at sinusuportahan ang pagliban ng mag-aaral.

**Ipapatupad ang mga sumusunod na hakbang ng interbensiyon upang tumugon sa mga hindi pinahihintulutang pagliban sa paaralan at upang hikayatin ang mga mag-aaral sa regular na pagpasok sa paaralan.**

1. Tuwing hindi papasok sa paaralan ang mag-aaral sa regular na itinakdang araw ng pasukan at walang impormasyon ang natanggap ng tauhan ng paaralan na ang magulang ng mag-aaral ay nababatid at sinusuportahan ang pagliban, ang punong-guro ng paaralan o itinalaga, attendance officer, o ibang tauhan ng paaralan o boluntaryo ay mag-aabiso sa magulang sa pamamagitan ng telepono o email o anumang ibang elektronikong pamamaraan upang makakuha ng paliwanag. Itatala ng kawani ng paaralan ang pagliban ng mag-aaral para sa bawat araw bilang "pinahihintulutan" or "hindi pinahihintulutan." Ang agarang interbensiyon sa mag-aaral at magulang o mga magulang ay gagawin para sa mga paulit-ulit na hindi pinahihintulutang pagliban.

2. Kapag nakatanggap ang mag-aaral ng **limang hindi pinahihintulutang pagliban**, gagawa ng makatuwirang pagsisikap ang punong-guro ng paaralan upang tiyakin na may direktang pakikipag-ugnayan sa magulang/tagapag-alaga. Kokontakin ang magulang sa isang harapang kumperensya, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga kagamitan sa komunikasyon. Habang direktang nakikipag-ugnayan sa magulang at sa mag-aaral (kung naaangkop), idodokumento ang mga dahilan sa hindi pagdalo, ipaliliwanag ang mga resulta ng hindi pagdalo at bubuuin ang isang plano sa pagdalo.
   Ibig sabihin ng "Plano sa Pagdalo" ang plano na magkasamang binuo ng isang kinatawan ng paaralan, tulad ng isang punong-guro ng paaralan o ang itinalaga ng punong-guro; magulang; at mag-aaral na lutasin ang hindi pagpasok ng mag-aaral at hikayatin ang mag-aaral sa regular na pagpasok sa paaralan. Tinutukoy ng plano ang mga dahilan para sa hindi pagdalo at mga hadlang sa akademiko, panlipunan, emosyonal, at pampamilya na humahadlang sa araw-araw na pagdalo kasama ang mga positibong estratehiya upang matugunan ang mga naturang dahilan at mga hadlang at suportahan ang regular na pagdalo. Maaaring kasama sa planong ito ang mga aktibidad sa paaralan o mga iminungkahing reperal sa mga suporta sa komunidad, o pareho.

3. Kapag maubos ng mag-aaral ang ika- **7 na hindi na-excuse na pagliban** mag-iskedyul ang punong-guro ng paaralan o itinalaga ng isang kumperensya sa pagdalo kasama ang multi-disciplinary team, na maaaring ganapin nang harapan o sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya ng komunikasyon. Dapat ganapin ang kumperensiya sa loob ng 10 araw ng pasukan ng ika-10 na hindi pinahihintulutang pagliban. Gaganapin ang kumperensya kahit na matapos ang makatwirang pagsisikap ay ginawa ngunit hindi payag o hindi makadalo ang magulang. Sa panahon ng kumperensya sa pagdalo, susuriin at babaguhin ng multi-disciplinary team ang plano sa pagdalo kung kinakailangan upang matugunan ang mga isyu sa hindi pagdalo. Maaaring magsilbing kumperensya sa pagdalo ang pulong ng pangkat ng tagumpay ng mag-aaral.
   Ibig sabihin ng "pangkat na maraming disiplina" ang pangkat ng kumperensya na lumalahok sa pag-iwas, maagang interbensyon, at pagbibigay ng mga serbisyo ng suporta. Maaaring kabilang sa mga miyembro ng pangkat ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod: isang administrador, tagapayo sa paaralan, attendance officer, espesyalista sa pakikilahok ng mag-aaral, guro, at iba pang tauhan ng suporta sa mag-aaral. Maaari ding kasama sa pangkat ang mga provider ng serbisyo sa komunidad.

4. Susubaybayan ng isang miyembro ng multi-disciplinary team ang pagdalo ng mag-aaral at, kung kinakailangan, magpulong muli upang tugunan ang mga alalahanin at magplano ng mga karagdagang interbensyon kung hindi bumuti ang pagdalo ng mag-aaral. Idodokumento sa plano ng pagdalo ng mag-aaral ang lahat ng mga petsa ng pagpupulong at mga pagsisikap sa pamamagitan.

5. Sa mga sitwasyon kung saan sadyang hindi sumusunod ang magulang sa mga kinakailangan sa sapilitang pagpasok o lumalaban ang mag-aaral sa mga pagsisikap ng magulang na sumunod sa mga kinakailangan sa sapilitang pagpasok, ang punong-guro ng paaralan o gagawa ang itinalaga ng punong-guro ng isang reperal sa attendance officer o espesyalista sa pakikilahok ng mag-aaral. Mag-iskedyul ang attendance officer ng isang kumperensya kasama ang magulang sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang reperal upang matukoy kung naubos na ng multi-disciplinary team ng paaralan ang lahat ng pagsisikap na mapabuti ang mga isyu sa hindi pagdalo. Batay sa pagpapasya na iyon, maaaring irekomenda ng attendance officer na ang dibisyon i) ay magsampa ng reklamo sa korte ng distrito na juvenile and domestic relations na nagsasabing ang mag-aaral ay isang bata na nangangailangan ng pangangasiwa gaya ng tinukoy sa § 16.1-228 ng Kodigo ng Virginia o ii ) magsagawa ng mga paglilitis laban sa magulang alinsunod sa § 18.2-371 o 22.1-262 ng Kodigo ng Virginia. Maghahain ng reklamo ang Administrator ng Programa ng mga Serbisyo sa Outreach at titiyakin na bibigyan ng nakasulat na dokumentasyon ng mga pagsisikap na sumunod sa mga kinakailangan sa interbensyon sa pag-alis ang intake worker, kabilang ang, lahat ng mga rekord ng interbensyon tungkol sa hindi pinahihintulutang pagliban ng mag-aaral, tulad ng mga kopya ng mga tala sa kumperensya na pagpupulong, plano sa pagdalo, at paglalarawan ng mga suportang inaalok o ginawang magagamit sa mag-aaral.

**Mga Hindi Pinahihintulutang Pagliban sa Mga Klaseng May Kredito para sa Mataas na Paaralan para sa Mga Mag-aaral ng Gitna at Mataas na Paaralan**

Sa antas ng sekondarya (Gitna at Mataas) aabisuhan ang magulang at mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat o iba pang dokumentadong paraan ng komunikasyon ng isang semestre na grado na hindi hihigit sa 59, kung umabot ang mag-aaral sa siyam (9) na hindi pinahihintulutang pagliban sa isang klase para sa isang partikular na semestre. Kabilang sa abiso ang isang proseso upang makahiling ang magulang ng isang waiver ng isa o higit pang hindi pinahihintulutang pagliban. Dapat ihain ang kahilingan para sa isang waiver sa loob ng (10) araw sa punong-guro pagkatapos ng pagtatapos ng semestre. Dapat may kalakip na dokumentasyon ang kahilingan upang isaalang-alang ito.

Dapat isaalang-alang ng mga punong-guro ang paglahok ng mag-aaral sa "flexible na oras ng pagtuturo" ng mga pagkakataon sa pagbawi sa pag-aaral kapag isinasaalang-alang ang pagwawaksi ng isa o higit pang pagliban. Dapat dumalo ang mga sekundaryang mag-aaral ng tatlong oras ng nababaluktot na oras ng pagtuturo upang mabawasan ng isang araw ang tradisyonal na buong araw na pagliban. Para sa mga layunin ng pamamaraang ito, dapat matugunan ang nababaluktot na oras ng pagtuturo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Maturuan ng lisensyadong guro;
- Dapat na personal ang nababaluktot, oras ng pagtuturo;
- Hindi maaaring lumampas sa mga kinakailangan ng mag-aaral sa guro na nakabalangkas sa mga pamantayan ng kalidad;
- Dapat na nakikibahagi ang mag-aaral sa pagtuturo na nakatali sa mga pamantayan ng nilalaman ng Virginia na naaayon sa kurikulum na napalampas ng mag-aaral sa regular na araw ng pasukan o mga lugar ng kurikulum na pinaghirapan ng mag-aaral;
- Ang mga interaksyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay pare-pareho sa mga regular na pakikipag-ugnayan sa mga silid-aralan sa araw ng pasukan; at
- Dapat ay wala sa normal na oras ng paaralan (bago o pagkatapos magsimula/magtapos ang opisyal na araw ng pasukan o Sabado).

**Talamak na Pagliliban**

Ang Mga Pamantayan ng Kagawaran sa Akreditasyon ng Edukasyon sa Virginia (epektibo sa 2018/2019 taon ng pag-aaral) ay kinabibilangan ng Talamak na Pagliban bilang isang Tagapagpahiwatig sa Kalidad ng Paaralan. Tinukoy ang talamak na pagliban (o labis na pagliban) bilang nawawalang sampung porsyento o higit pa sa taon ng pag-aaral para sa anumang kadahilanan, kabilang ang mga pinahihintulutang pagliban, hindi pinahihintulutang pagliban, at mga pagsususpinde.

Nilalayon ng Newport News Public Schools na bawasan ang talamak na pagliban ng ating mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng bawat baitang na paraan ng interbensyon. Magtatatag ng pangkat ng pag-aaral sa paaralan ang punong-guro o itinalaga ng bawat paaralan na may katungkulan sa pag-oorganisa at pangasiwaan ang isang maraming baitang na diskarte ng pagdalo sa buong paaralan na nagsisimula sa pag-iwas at maagang interbensyon.

Regular na magpupulong ang mga pangkat sa pagpasok sa paaralan upang suriin ang data ng pagdalo at tukuyin ang mga baitang na interbensyon batay sa mga natukoy na pangangailangan. Pinamumunuan ang mga pangkat sa pagpasok sa paaralan ng punong-guro o itinalaga at maaaring kabilang ang: klerk o sekretarya, tagapayo, nars sa paaralan, attendance officer/espesyalista sa pakikilahok ng mag-aaral, mga espesyalista sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at komunidad, pinalawak na kawani ng pag-aaral, at iba pang tauhan ng suporta sa mag-aaral. Dapat unahin ng mga koponan ang pagsasama ng input mula sa mga pamilya, mag-aaral at komunidad.

Bawat taon, bubuo ng Plano ng Pagpasok sa Paaralan ang mga pangkat ng pagpasok sa paaralan, na tutukuyin ang mga partikular na interbensyon o estratehiya na ipapatupad sa bawat baitang ng interbensyon. Gagabay sa talamak na diskarte sa pagliban ng paaralan ang Plano ng Pagpasok ng Paaralan at maaaring baguhin kung kinakailangan batay sa mga umuusbong na pangangailangan na natukoy sa pamamagitan ng data at/o input ng stakeholder.

| **Baitang ng Interbensyon** | **Sampol na mga Diskarte ng Interbensyon** |
|---|---|

| | |
|---|---|
| Baitang 1 Pangkalahatang Mga Suporta: Mga mag-aaral na lumiban ng mas mababa sa 10% ng taon ng pag-aaral | Malinaw, maigsi at pare-parehong komunikasyon tungkol sa mga iskedyul at inaasahan<br><br>Mga gawain, ritwal at pagdiriwang na may kaugnayan sa pagdalo at pakikipag-ugnayan<br><br>Isinapersonal na positibong komunikasyon sa mga pamilya kapag wala ang mga mag-aaral<br><br>Pagkilala sa mabuti at pinabuting pagdalo<br><br>Epekto ng pagdalo sa pag-aaral na lubos na nauunawaan (hal. mga guro, pamilya)<br>Koneksyon sa isang nagmamalasakit na nasa hustong gulang sa paaralan |

| **Baitang ng Interbensyon** | **Sampol na mga Diskarte ng Interbensyon** |
|---|---|
| Baitang 2: Mga mag-aaral na lumiban sa pagitan ng 10% at 19% ng taon ng pag-aaral | Natukoy at natugunan ang mga karaniwang hadlang sa komunidad at paaralan<br><br>Pagbuo ng indibidwal na plano ng tagumpay ng mag-aaral na kinabibilangan ng atensyon sa pagdalo<br><br>Mga programa ng tagapagturo<br><br>Mga naka-target na pagbisita sa pamilya<br><br>Masinsinang pagtuturo / pinalawak na mga pagkakataon sa pag-aaral / nababaluktot na oras ng pagtuturo para sa pagbawi ng pagdalo<br><br>Mga interbensyon at suporta ng maliliit na grupo para sa mga mag-aaral<br><br>Pakikilahok sa mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kabataan |
| Baitang 3: Mga mag-aaral na lumiban ng mahigit sa 20% ng taon ng pag-aaral | Magdaos ng 1:1 mga pulong ng interbensyon sa mag-aaral at pamilya<br><br>Magbigay ng mga reperal at pakikipagtulungan sa labas<br><br>Pagsusuri ng IEP at mga karagdagang suporta kapag naapektuhan ng kapansanan ang pagdalo<br><br>Paglahok sa korte para sa pagsunod sa pagdalo (tingnan ang mga pamamaraan ng interbensyon sa pag-alis) |

## Mga Parusa para sa mga Mag-aaral na Naabot o Lumagpas sa Limitasyon ng Talamak na Pagliliban

***Elementarya*:**
Magpapatawag ang punong-guro ng isang pagpupulong kasama ang guro, magulang, at tagapayo ng paaralan ng mag-aaral hanggang 30 araw bago ang katapusan ng taon ng akademya kapag naabot o lumampas na ang mag-aaral sa limitasyon sa pagtatapos ng taon para sa talamak na pagliban (17 araw). Sa katapusan ng pulong, ipagbibigay-alam sa magulang nang nakasulat kung pumasa o kailangang ulitin ang baitang o pumasok sa paaralan ng tag-init ang mag-aaral.

***Sekundarya*:**
Susuriin ng punong-guro o itinalaga ang rekord ng pagdalo ng lahat ng mga mag-aaral na umabot o lumampas sa

limitasyon sa pagtatapos ng taon para sa talamak na pagliban (17 araw) upang matukoy kung pananatilihin ng mag-aaral ang lahat ng mga pribilehiyo ng isang mag-aaral sa mabuting katayuan. Maaaring pagpasiyahan ng punong-guro ng gusali kung aling (kung mayroon man) mga pribilehiyo ng mag-aaral ang tatanggalin o isususpinde.

**Pagpapaubaya ng Pag-ulit ng Baitang o Pagbaba ng Baitang**
Maaaring humiling ang magulang/tagapag-alaga ng isang pagpapaubaya ng parusa sa pagpasok o pag-ulit ng baitang o pagbaba ng baitang. Ang form ng Kahilingan ng Pagpapaubaya ng Pagpasok ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ay available sa bawat paaralan. Dapat kumpletuhin at isumite ang form ng Pagpapaubaya sa punong-guro bago ang katapusan ng taon ng pasukan para sa mga mag-aaral na inirekomenda para sa pag-ulit ng baitang o remediation.

Para sa mga mag-aaral na nakatala sa isang klaseng may kredito sa gitna o mataas na paaralan, maaaring magsumite ang magulang/tagapag-alaga ng isang kahilingan ng pagpapaubaya sa punong-guro sa katapusan ng semestre, basta't hindi ito lalampas sa 10 araw pagkatapos ng katapusan ng isang semestre.
Dapat isaalang-alang ng mga punong-guro ang paglahok ng mag-aaral sa "flexible na oras ng pagtuturo" ng mga pagkakataon sa pagbawi sa pag-aaral kapag isinasaalang-alang ang pagwawaksi ng mga parusa sa pagdalo. (Tingnan ang nakaraang seksyon sa Mga Hindi Na-excuse na Pagliban sa Mga Klase ng Kredito sa High School para sa mga Mag-aaral sa Middle at High School.)

## Apela sa Desisyon Kaugnay ng Waiver
Maaring apelahan ng magulang/tagapag-alaga ang desisyon ng punong-guro sa pamamagitan ng pagsumite ng pag-apela sa kagawaran ng Pamunuan ng Paaralan sa loob ng tatlong (3) araw pagktapos matanggap ang desisyon ng punong-guro.

## Mga Karagdagang Parusa na kaugnay sa Mga Labis na Pagliban
Maaaring mawalan ng mga pribilehiyong nauugnay sa pagdalo sa mga espesyal na kaganapan sa paaralan ang mga mag-aaral na nakakaipon ng labis na pang-araw-araw na pagliban mula sa mga baytang 8 hanggang 12 tulad ng mga sayaw sa paaralan, prom, mga pribilehiyo sa paradahan ng paaralan at mga pass sa labas ng kampus.

**Gawaing Pambawi**
1. Kapag lumiban ang mga mag-aaral (maliban sa mga pangyayaring kabilang sa #2 sa ibaba), bibigyan sila ng pagkakataong bumawi. Hinihikayat ang gawaing pambawi sa mga mag-aaral upang makinabang sila sa pagtuturo sa hinaharap. Sa gitna at mataas na paaralan, pananagutan ng mag-aaral na humiling sa guro ng gawaing pambawi. Ang gawain (kabilang ang mga pagsusulit) na nalaktawan dahil sa pagliban ay maaaring bawiin at mabigyan ng kredito para sa naturang gawain. Sa pagbabalik ng mag-aaral sa paaralan, dapat gawin ng mag-aaral ang gawain sa loob ng limang araw ng pasukan. Maaaring magbigay ang guro ng karagdagang oras dahil sa mga hindi mapigilang pangyayari. Hindi paparusahan ang isang mag-aaral dahil sa pagliban ng guro. Hinihikayat ang mga mag-aaral na hingin ang mga takdang gawaing pambawi bago bumalik sa paaralan. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng:
   - Pagsusuri sa mga takdang-aralin sa kalse sa Canvas o Seesaw (elementarya)
   - Pakikipag-ugnayan sa guro sa pamamagitan ng email o pagtawag sa tanggapan ng paaralan para humiling ng mga takdang-aralin habang isinasaalang-alang na kailangan ng mga guro ng 24 na oras para maghanda ng mga takdang-aralin.
     Ang mga mag-aaral na lumiban dahil sa isang suspensiyon ay magkakaroon ng opsiyong maakses at makumpleto ang gawaing mamarkahan sa panahon at pagkatapos ng suspensiyon. Mangyaring direktang makipag-ugnayan sa paaralan o guro para hilingin ang mga takdang-aralin.
2. Kapag liliban ang mga mag-aaral sa klase o sa paaralan, bibigyan sila ng bagsak na marka ng mga guro para sa anumang gawain o pagsusulit na hindi nila nagawa dahil sa isang paglibang nagresulta mula sa pagbubulakbol.

**Perpektong Pagpasok**
Para sa mga layunin na pagtukoy ng perpektong pagpasok, dapat pumasok ang mga mag-aaral nang dalawang oras upang mabilang na naroon para sa araw ng pasukan. Hindi bibilangin ang mga paunang inayos na pagliban para sa relihiyosong pagdiriwang sa perpektong pagpasok.

**Mga Pagkahuli**
Ang pagkahuli sa paaralan o sa klase ay itinuturing bilang pandisiplinang isyu sa Handbook ng Mga Karapatan at Pananagutan. Ang mga mag-aaral na may mga labis na pagiging huli sa antas ng mataas na paaralan ay maaaring mawalan ng mga pribilehiyo sa paradahan o ang posibilidad na makakuha ng mga pass ng pagparada sa hinaharap. Sumangguni sa Handbook ng Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral para sa karagdagang impormasyon sa pagkahuli.

**Pag-uulat ng Data ng Pagpasok ng Estado**
Ang bilang ng mga mag-aaral na may lima o higit pang hindi pinahihintulutang pagliban at ang bilang ng mga mag-aaral na may 10% ng anumang uri ng pagliban sa loob ng taunang panahon ng pagpapatala ay iuulat ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo taun-taon.

**Kasunduan ng Learnfare at Panandaliang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan (TANF)**
Ang Learnfare ay isang inisyatiba ng Virginia Welfare Reform na pinag-uugnay ang mga pagbabayad sa welfare sa pagpasok sa paaralan ng mga mag-aaral na wala pang 18 taong gulang na mga resipyente ng TANF.

Pagtutugmain ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao ng Newport News at ng dibisyon ng paaralan ang mga pagsusumikap upang kilalanin ang mga mag-aaral na itinuturing na nagbubulakbol at hindi tumutugon sa mga pangangailangan sa pagpasok. Kapag may mga mag-aaral na may problema sa pagpasok na nakilala ng dibisyon, kokontakin ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao ng Newport News upang bumuo ng isang plano kasama ang magulang/tagapag-alaga.

**Sa pamamagitan ng mahusay na serbisyo sa customer, ang mga Serbisyo para sa Nutrisyon ng Bata ay magbibigay ng mga kaakit-akit at masustansiyang pagkain upang suportahan ang akademikong tagumpay at itaguyod ang panghabangbuhay na pagpili ng masustansiyang pagkain.**

Ang Programa ng Mga Serbisyo para sa Nutrisyon ng Bata, bilang ekstensiyon ng programang pang-edukasyon ng mga paaralan, ay isinasagawa sa ilalim ng pederal na pinondohang Batas sa Pambansang Tanghalian ng Paaralan at Nutrisyon. Ang mga pederal na batas na kumokontrol ng pagkain sa paaralan
ang mga programang serbisyo ay pinangangasiwaan sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos at isinasagawa sa loob ng Commonwealth of Virginia ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado.

Isang nakasulat na kasunduan ay ginawa ng superintendente ng dibisyon kasama ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Virginia para sa bawat indibidwal na pederal na programa ng tanghalian at pederal na programa ng almusal. Ang mga kasunduang ito kasama ang ahensiya ng estado ay tinitiyak na ang lahat ng programa ay sumusunod sa mga regulasyon at nagiging kalipikado para sa mga pederal na pagsasauli ng salapi at donasyon ng mga pagkain. Nakikilahok ang Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News sa Pambansang Programa ng Almusal at Tanghalian sa Paaralan.

Karapat-dapat ang lahat ng mag-aaral sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News na makatanggap ng masustansiyang **almusal at tanghalian nang libre** sa bawat araw ng pasukan sa loob ng taon ng paaralan.

Ang mga libreng pagkain ay iniaalok sa pamamagitan ng Pagbibigay ng Karapatan ng Pamayanan, na makukuha sa mga piling paaralan sa Programa ng Pambansang Paaralan Para Sa Almusal at Tanghalian. Awtomatiko ang pakikilahok ng mag-aaral sa programa; hindi kailangang magkumpleto ng isang aplikasyon ang mga pamilya para sa mga libreng pagkain.

Ang mga putahe ng almusal at tanghalian ay makikita sa website ng mga Pampublikong Paaralan ng Newport News.

# Impormasyon para sa Emergency

Gumawa ang aming mga paaralan ng maraming hakbang upang makatulong na matiyak ang kaligtasan sa panahon ng krisis o emergency.

*Alam mo ba…?*

Lahat ng Pampublikong Paaralan ng Newport News ay mayroong:

- Isang pangkat ng pamamahala ng krisis na siyang responsable sa paghahanda para sa at sa pagbawi mula sa isang krisis,
- Isang plano para sa pamamahala ng krisis at emergency na nagbabalangkas ng tugon ng paaralan para sa iba't-ibang mga emergency,
- Isang patnubay sa pagtugon sa emergency sa bawat silid-aralan,
- Isang tookit para sa pagtugon sa krisis,
- Mga lokasyon para sa paglikas at pamamaraan para sa lockdown, at
- Mga radyo ng alerto para sa Panahon at Emergency ng NOAA.

Kailangang magpakita ang lahat ng guro at kawani ng pagkakakilalan kapag

nasa loob ng gusali. Dapat handa ang lahat ng bisita na sumailalim sa

pagdetekta ng armas.

Dapat handang magpakita ang lahat ng Magulang at bisita ng isang I.D. na ipinagkaloob ng pamahalaan

sa pagpasok nila sa paaralan. Dapat pumunta ang lahat ng Magulang at bisita sa punong-tanggapan

upang magparehistro.

Sa kaganapan ng isang emergency, makakakuha ng impormasyon ang mga Magulang sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga lokal na istasyon ng telebisyon at radyo, o sa pagbisita sa www.nnschools.org.

**Paano ka makakatulong habang may krisis o emergency sa paaralan?**

- Huwag tumawag sa paaralan–dapat panatilihing bukas ang mga linya ng telepono para sa mga komunikasyon sa emergency.
- Huwag pumunta sa paaralan–dapat panatilihing bukas ang daan sa paaralan para sa mga sasakyan ng emergency–maaaring isapanganib ang pagpunta mo sa paaralan ng iyong mag-aaral, sarili mo o iba.
- Tiyakin na nauunawaan ng inyong anak ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa kawani ng paaralan at tauhan ng emergency.
- Hikayatin mo ang iyong anak na huwag gamitin ang isang cell phone o pagtetext habang may emergency.
- Maghintay para sa mga tagubilin sa pamamagitan ng mga mapagkukunan sa media na nakalista sa itaas o ang aming sistema ng komunikasyong pangmasa.
- Palaging tiyakin na ang paaralan ng iyong anak ay may tamang impormasyon ng pakikipag-ugnayan tulad ng:
    - Iyong tirahan
    - Mga numero ng telepono ng iyong tahanan, pinagtatrabahuhan at cellphone
    - Mga pangalan at numero ng telepono para sa anumang karagdagang makakaugnay sa emergency o ibang mga taong awtorisadong sunduin ang iyong anak

Alinsunod sa *Kodigo ng Virginia na § 22.1-279.3*, may tungkulin ang lahat ng magulang ng isang mag-aaral na nakatala sa isang pampublikong paaralan na tulungan ang paaralan sa pagpapatupad ng mga pamantayan ng asal ng mag-aaral at sapilitang pagpasok sa paaralan upang maisagawa ang edukasyon sa isang kapiligiran na walang panggugulo at banta sa mga tao o ari-arian, at sumusuporta ng mga indibidwal na karapatan.

Maaaring hilingin ng punong-guro ng paaralan sa magulang o mga magulang ng mag-aaral, kung ang dalawang magulang ay may legal at pisikal na kustodya ng naturang mag-aaral, na makipagkita sa punong-guro o itinalaga niya upang suriin ang mga pamantayan ng asal ng mag-aaral ng lupon ng paaralan at ang pananagutan ng magulang o mga magulang na makipagtulungan sa paaralan sa pagdidisiplina ng mag-aaral at pagpapanatili ng mabuting kaayusan, upang tiyakin ang pagsunod ng mag-aaral sa batas sa sapilitang pagpasok sa paaralan, at upang talakayin ang pagpapabuti ng pag-uugali, pagpasok sa paaralan at pang-edukasyong pag-unlad ng bata.

Ang **Kontrata sa Pagpapabuti ng Pag-uugali** ay isang kagamitan na ginagamit sa antas ng paaralan pagkatapos na sinuspende ang isang mag-aaral dahil sa malubhang paglabag ng Kodigo ng Asal. Upang muling tanggapin sa paaralan pagkatapos ng suspensiyon, maaaring kailangang makipagkita ang mag-aaral at isang magulang/tagapag-alaga sa administrador ng gusali para suriin at lagdaan ang kontrata. Tutukuyin ng Kontrata sa Pagpapabuti ng Pag-uugali ang mga pag-uugaling inaasahan sa mag-aaral sa susunod na taon ng kalendaryo at ang mga kahihinatnan kung mabibigo siyang matugunan ang mga inaasahang iyon.

Kung lalabag ang mga mag-aaral sa mga tuntunin ng kontrata, isasangguni sila sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral para suriin. Maaaring pagpasiyahan ng tanggapang iyon na dapat italaga ang mga mag-aaral sa ibang paaralan o alternatibong programa. Maaari ring gumawa ang Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral ng isang **Plano sa Pagsusubaybay ng Pag-uugali** para sa mag-aaral, na siyang susubaybayan ng isang Coach sa Pagtuturo ng Pag-uugali. Magsisilbing suporta ang coach na ito para sa mag-aaral at tutugunan niya ang mga hamong hinaharap ng mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali.

# Mga Mapanggulong Mag-aaral sa Silid-aralan

Nagbibigay ang Kodigo §22.1-276.2 ng patnubay na ayon sa batas na kaugnay sa paunang awtoridad ng isang guro na alisin ang isang mag-aaral mula sa klase dahil sa nakakagambalang pag-uugali. Tinutukoy ng Code §22.1-276.01 ang mapanggulong paggawi bilang isang "paglabag sa mga regulasyon ng lupon ng paaralan na namamahala sa paggawi ng mag-aaral na nakakaabala o humahadlang sa kapaligiran ng pagkatuto." Ang mga probisyong nakasaad sa ibaba ay karagdagan lamang at hindi inilayong palitan ang awtoridad ng guro o administrador na magpatupad ng disiplina ayon sa mga patakarang nakasaad sa Handbook na ito. Nilalayon ng Lupon ng Paaralan
na dapat na nakatuon ang proseso ng pakikipagtulungan sa mga mag-aaral at Magulang sa paghahanap ng mga solusyon upang maalis ang nakakagambalang pag-uugali upang mapabuti ang tagumpay ng mag-aaral at pagkamamamayan ng mag-aaral.

Ang pagkagambala sa proseso ng pag-aaral ay nangangailangan ng agarang interbensiyon sa bahagi ng mga guro, Magulang, at mga administrador. Dapat nakatutok ang oras ng pagtuturo sa pagkamit ng mga layunin ng edukasyon at ang kagalingan sa nilalaman. Ang mga mag-aaral na nanggugulo sa silid-aralan ay dapat matutong gumalang sa mga pagsisikap ng lahat ng adulto na gabayan at turuan sila sa isang kapaligirang libre sa panggugulo. Ang pananagutan sa pag-uugali ng mag-aaral ay nakasalalay sa bawat mag-aaral, ngunit may pananagutan din ang mga Magulang sa paghihikayat at paghihiling ng naaangkop na pag-uugali ng mag-aaral. Samakatuwid, napakahalaga na ang mga Magulang ay makilahok sa paghahanap ng mga solusyon upang maalis ang nakakagambalang pag-uugali ng mag-aaral.

**Pagtanggal ng Guro sa Isang Mag-aaral mula sa Klase**
Dapat matugunan ang mga sumusunod na kriteryo bago ang pagtanggal ng guro sa isang mag-aaral:

Ipagbibigay-alam ng guro sa punong-guro na magpadala ng isang Paunawa ng Patuloy na Panggugulo sa Magulang ng isang mag-aaral. Ang Paunawa ng Patuloy na Panggugulo ay ibibigay sa Magulang ng punong-guro/ itinalaga. Aanyayahan ang Magulang upang talakayin ang pag-uugali ng mag-aaral at ipaaalam ang posibleng magiging kahihinatnan kapag hindi hihinto ang naturang pag-uugali. (Itong Paunawa ng Patuloy na Panggugulo ay ang “nakasulat na abiso” na kinakailangan ng Kodigo. Ibinibigay ang abiso sa mag-aaral at Magulang at nagbibigay ito ng pagkakataong makausap ang mga guro at administrador ng paaralan upang talakayin ang pag-uugali ng mag-aaral at ang mga posibleng kahihinatnan kapag hindi hihinto ang naturang pag-uugali. Ipinadadala ang paunawa ng babala bago ang Pag-refer sa Panggugulo, na siyang dokumentasyon na kumakatawan sa pagtanggal ng guro sa mag-aaral mula sa silid-aralan.)

Maaaring paalisin ng isang guro ang isang mag-aaral mula sa silid-aralan kapag may Pag-refer sa Panggugulo na ipinadala sa administrador dahil ang pag-uugali ng mag-aaral ay nang-aabala o sumasagabal sa kapaligiran ng pag-aaral ayon sa mga patakaran ng lupon tungkol sa pag-uugali ng mag-aaral. Dapag ibigay ng guro ang sumusunod:

1. Dokumentasyon na may mga makatuwirang interbensiyon/pagbabago na sinimulan sa loob ng kapaligiran ng silid-aralan upang mapahinto ang nakakagambalang pag-uugali.
2. Dokumentasyon na taimtim at patuloy na sinubukan ang mga interbensiyon sa loob ng isang panahon upang magdulot ng pagbabago bago napagpasiyahan na hindi nagtagumpay ang mga ito.
3. Dokumentasyon na sinubukan ang espesipiko/maraming interbensiyon kabilang ang pakikilahok ng Magulang.
4. Dokumentasyon na nagpapakita ng komunikasyon sa magulang kabilang ang talaan ng guro ng anumang kumperensiya ng guro/magulang, mga tawag sa telepono, o mga kopya ng nakasulat na paunawa sa Magulang.

Kung isinagawa at nadokumento ang mga pagsisikap na nakalista sa itaas, maaring paalisin ng guro ang isang mag-aaral mula sa silid-aralan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Paunawa ng Pag-refer sa Panggugulo. Dapat dala-dala ng bata ang Paunawa sa Pag-refer sa Panggugulo papunta sa tanggapan.

Bibigyan ng punong-guro/itinalaga ang magulang ng isang pandisiplinang paunawa. Nagbibigay ang

dokumentong ito ng abiso na ang patuloy na nakakagambalang pag-uugali ng mag-aaral ay nangangailangan ng alternatibong pagkakalagay (pagtanggal mula sa klase) para sa mag-aaral.

Sa pagtanggap ng pag-refer mula sa guro, pagpapasiyahan ng punong-guro o itinalaga ang aksyong isasagawa tungkol sa pagkakalagay ng mag-aaral.

# Magugulong Mag-aaral sa Silid-Aralan *(ipinagpatuloy)*

**Mga Administratibong Aksyon**
Sa pagtanggap ng pag-refer, ang punong-guro o itinalaga ay pagpapasiyahan ang agaran at pansamantalang pagtatalaga ng mag-aaral at aabisuhan ang Magulang sa pamamagitan ng telepono, kung maaari. Bibigyan ng pagkakataon ang guro na magbigay ng rekomendasyon sa punong-guro o itinalaga tungkol sa paghihiwalay ng mag-aaral mula sa silid-aralan.

Maaaring piliin ng ang punong-guro o itinalaga na magtawag sa isang kumperensiya kabilang ang alinman o lahat ng sumusunod: ang guro, kawani at miyembro ng pagpapatupad, ang mag-aaral, magulang, atbp. Ang layunin ng kumperensiya ay upang suriin ang pag-refer, bigyang kahulugan ang mga alternatibong pagtatalaga, at kilalanin ang mga mapagkukunan na mayroon para sa mag-aaral at Magulang.

Habang naghihintay para sa kumperensiya na gaganapin, maaaring italaga ang mag-aaral, nang pansamantala, sa isang alternatibong kapaligiran o maaaring masuspende. Gagamitin ang isang pamantayang form ng kumperensiya upang idokumento ang kumperensiya. Maaaring kabilang sa pagtatalagang pang-edukasyon ang mga sumusunod:

- Pagtatalaga sa mag-aaral pabalik sa silid-aralan sa ilalim ng mga tiyak na kondisyon ng kontrata
- Pagbabago ng araw o iskedyul ng mag-aaral
- Pagtatalaga sa mag-aaral sa ibang silid-aralan
- Pagatatalaga sa mag-aaral sa ibang programa o paaralan
- Pagsisimula ng proseso ng pag-aaral ng bata
- Pagsangguni sa isang Propesyonal na Tagapayo sa Paaralan
- Pagtuturo habang nasa tahanan
- Suspensyon sa paaralan, paghihiwalay, detensiyon
- Pagsangguni sa mga serbisyo ng ahensiya, kabilang ang pag-screen sa droga, pagpayo sa pamilya, mga klase sa pagiging magulang, mga serbisyo sa patalaan, mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, o mga mapagkukunan sa pagkakaiba ng kultura
- Panandaliang suspensyon, rekomendasyon para sa pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik
- Ibang naaangkop na pagtatalaga depende sa edad ng mag-aaral
- Ibang mga naaangkop na pagtatalaga/serbisyong matatanggap

**Pagtatalaga sa Mag-aaral**
Ang anumang pagbabago sa pagtatalagang pang-edukasyon ng mag-aaral at ang itatagal ng naturang pagtatalaga ay magiging desisyon ng punong-guro o itinalaga.

Ang desisyon ng punong-guro o itinalaga tungkol sa pagtalaga at interbensiyon ay ibabatay sa impormasyon at dokumentasyong ibibigay ng guro, Magulang, at iba pa ayon sa inilarawan sa Mga Administratibong Aksyon.

Kung, at sa panahon na, ang rekomendasyon ng punong-guro o itinalaga ay ibalik ang mag-aaral sa orihinal na silid-aralan at ang guro ay tumutol, ang punong-guro at guro ay maghahanap muna ng resolusyon sa hindi pagsang-ayon. Kung hindi malutas ang isyu sa antas ng gusali, ang guro, pagkatapos makipagpulong sa punong-guro, ay maaaring apelahan ang desisyon ng punong-guro nang nakasulat sa loob ng isang araw ng pagtatrabaho sa Punong Kawani o itinalaga, ang desisyon ay magiging pinal. Ang desisyon ng Punong Kawani o itinalaga ay gagawin sa loob ng dalawang araw sa pag-apela ng guro. Sa panahon ng proseso ng pag-apela, mananatili ang mag-aaral sa alternatibong pagtatalaga.

Kung babalik ang bata sa isang klase at patuloy niyang ginugulo ang pang-edukasyong kapaligiran, maaaring irekomenda ng punong-guro ang pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik.

Itatalaga ang mga mag-aaral na may kapansanan ayon sa patakaran ng lupon ng paaralan, mga regulasyon ng estado at pederal na batas. Hindi nililimitahan o nirerestriksyunan ng patakarang ito ang kakayahan ng mga empleyado ng dibisyon ng paaralan na maglapat ng ibang mga patakaran, regulasyon o batas para sa panatilihin

ang kaayusan sa silid-aralan.

# Protokol sa Interbensyon/Pagsugpo ng Pambu-bully

**(Mga) Kahulugan**
**Bullying:**
Anumang agresibo at hindi kanais-nais na pag-uugali na nilalayong saktan, takutin, o pahiyain ang biktima; kaugnay ang tunay o nararamdaman na hindi balanseng kapangyarihan sa pagitan ng mang-aapi o mga mang-aapi at biktima; at inuulit sa paglipas ng panahon o nagdudulot ng emosyonal na trauma. Kabilang dito ang cyberbullying (tingnan sa baba).

**Cyberbullying:**
Abusong ipinadala sa elektronikong paraan sa anumang porma maging sa labas ng araw ng pasukan at hindi sa paligid ng paaralan kung may epekto ito sa kapaligiran ng paaralan at natagpuan na ito'y sinadya, may-poot at nilalayong makasakit sa iba.

**Mga halimbawa ng Asal na <u>maaaring maituring</u> na Bullying**
- Mga paulit-ulit na pisikal na pagkilos, tulad ng hindi naaangkop, hindi kanais-nais, hindi inaanyayahan o nakakapinsalang pisikal na ugnayan sa iba at pagwasak o pamiminsala sa ari-arian ng iba;
- Pault-ulit o napalaganap na pagtutuya, pagtawag ng pangalan, panghahamak, panunuyang pang-iinsulto, o panlalait na pagpapatawang kaugnay sa lahi, kulay, kasarian, sekswal na oryentasyon, pinagmulang angkan, relihiyon, kapansanan, o ibang personal na katangian ng mag-aaral, tunay na mayroon man ang mag-aaral nito o hindi, na maaaring makatuwirang nilalayon para makasakit/makapinsala, magresulta sa panggugulo sa mga aktibidad ng paaralan, at/o na nagreresulta sa isang may-poot na kapaligirang pang-edukasyon para sa mag-aaral;
- Mga paulit-ulit na pasalita/hindi pasalita, direkta/hindi direktang banta, o intimidasyon tulad ng mga agresibo o nananakot na galaw;
- Nakasulat at elektronikong komunikasyon ng anumang uri na nagsasama ng wika o paglalarawan na maituturing na bullying, gamit ang anumang paraan (kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga cellphone, computer, website, social network, instant message, text message at email).

**Mga halimbawa ng Asal <u>na hindi karaniwang</u> maituturing na Bullying ngunit maaaring maituring na labag sa mga tuntunin sa paaralan**
- Ordinaryong panunukso
- Harutan
- Pagtatalo
- Alitan sa Kasamahan
- Ang pagpapahayag ng mga ideya o paniniwala na hindi malaswa, bastos o nilalayong takutin o ligaligin ang iba

**Ano ang dapat gawin ng Kawani tungkol sa bullying:**
- Mamamagitan ang mga miyembro ng kawani na makakakita ng mga insidente na tilang pag-uugali ng bullying, at iuulat ang insidente sa isang Punong-guro o itinalaga bago ang katapusan ng araw ng pasukan.
- Ang lahat ng ulat ng di umanong bullying sa katapusan ng araw ng pasukan.
- Dapat na idokumento ang lahat ng mga ulat ng isang di-umano'y mga insidente ng bullying at imbestigahan sa loob ng 24 na oras pagkatapos malaman ang mga naturang paratang.
- Sa oras na natanggap ang ulat ng di umanong pag-uugali ng bullying, kukumpletuhin ng isang punong-guro o itinalaga ang Form ng Pagsusuri at Pag-uulat ng Bullying ng NNPS.
- Ang punong-guro o itinalaga ay mag-iimbestiga at aalamin kung ang iniulat o inobserbahang aksiyon ay nagtatatag ng "bullying" sa pamamagitan ng pagpupulong sa bawat mag-aaral nang HIWALAY.
- Ang §22.1-279.6 ng Kodigo ng Virginia ay nag-uutos sa punong-guro o sa kanyang itinalagang kinatawan na magbigay-alam sa magulang ng sinumang mag-aaral na sangkot sa isang hinihinalang insidente ng pambu-bully sa loob ng 24 na oras mula sa pagkakaalam ng alegasyon ng pambu-bully.

# ALITAN • WALANG-GALANG • MALUPIT • PAMBU-BULLY

| MGA QUALIFIER | ALITAN | WALANG-GALANG | MALUPIT | PAMBU-BULLY |
|---|---|---|---|---|
| **Kahulugan** | Hindi pagkakaunawaan o pagtatalo kung saan kapwa panig ay parehong sangkot at may magkaibang pananaw o interes. | Hindi sinasadyang pagsabi o paggawa ng bagay na nakakasakit sa iba; kadalasan nang kakaiba o walang konsiderasyong uri ng paggawi. | Sinasadyang pagsabi o paggawa ng bagay para manakit ng iba nang isa o dalawang beses, at kadalasang bunga ng galit o pagkainis. | Sinasadya at agresibong paggawi na paulit-ulit nang ginagawa, kung saan hindi pantay ang lakas ng bully at ng target. |
| **Dalas** | Pana-panahon - Nangyayari paminsan-minsan, pero hindi bahagi ng isang pattern; kadalasang dulot ng sitwasyon o espespikong mga pangyayari. | Pana-panahon - Nangyayari nang hindi regular at walang pattern; hindi palagian. | Isa o dalawang beses - Nangyayari isa o dalawang beses, at may malinaw na layuning manakit pero hindi nauulit. | Paulit-ulit sa paglipas ng panahon - Nangyayari nang paulit-ulit o nagiging pattern; maaaring araw-araw, lingguhan, o tuloy-tuloy sa loob ng isang takdang panahon. |
| **Layunin** | Hindi planado; nangyayari dahil sa init ng sitwasyon | Biglaan; kadalasang hindi sinasadya | Sinasadyang paggawi | Kadalasang planado o sinasadya |
| **Sino ang nasaktan?** | Maaaring naiinis o nasasaktan ang bawat panig | Maaaring makasakit ng damdamin | Maaaring makasakit ng labis sa iba | Maaaring magdulot ng matindi at pangmatagalang pinsala sa emosyonal |
| **Sanhi** | May pakinabang ang bawat panig sa pagresolba ng isyu | Madalas bunga ng kawalan ng konsiderasyon o masamang asal | Madalas bunga ng galit o hindi kontroladong kalupitan | Naghahangad ng kapangyarihan o kontrol ang bully sa kaniyang target. |
| **Pag-ako ng Pananagutan** | Tinatanggap ng lahat ng panig ang kanilang pananagutan | Dapat tumanggap ng pananagutan ang walang-galang na indibiduwal | Madalas nagsisisi ang tao | Madalas na sinisisi ng bully ang target |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Sino ang may gusto ng resolusyon?** | Nagsisikap ang bawat panig para makaabot ng solusyon | Madalas na sapat na ang paghingi ng tawad | Gusto ng target na itigil na ang ganitong paggawi | Gusto ng target ng proteksiyon; maaaring tumutol ang bully sa resolusyon |
| **Resolusyon** | Karaniwang nareresolba sa pakikipag-usap nang may tagapamagitan | Maaaring makatulong ang edukasyon sa pakikitungo sa kapuwa | Dapat harapin at hindi balewalain | Hindi maresolba sa pakikipag-usap nang may tagapamagitan; dapat iulat at imbestigahan |

(Kinuha mula sa isinulat ni Jennifer Astles, DASA Newsletter, Enero 2014, TST BOCES; binago ng Newport Public Schools, Asal at Disiplina ng Mag-aaral, at in-update para isama ang mga kahulugan at paliwanag sa dalas ng paglitaw.)

**Ang Positibong Pagpapaunlad ng Kabataan**ay naniniwala na ang lahat ng kabataan ay may kakayahang magtagumpay kapag nabigyan ng tamang kombinasyon ng mga oportunidad, suporta, at serbisyo. Patuloy na nagsusumikap ang mga dedikadong miyembro ng kawani ng Pag-unlad ng Kabataan na magtaguyod ng mga positibong karanasan, relasyon, at kapaligiran para sa lahat ng mag-aaral. Ang positibong Pag-unlad ng Kabataan ay nagbibigay- kapangyarihan sa kabataan sa pamamagitan ng pangangalaga sa isang malakas na pakiramdam tungkol sa kung sino sila at ano ang magagawa nila. Narito ang 8 dahilan kung bakit mahalaga ang Pag-unlad ng Kabataan:

- May mahahalagang kasanayan na kailangan ng mga mag-aaral upang maging matagumpay.
- Dapat magkaroon ang bawat mag-aaral ng pagkakataong makakonekta sa pamamagitan ng kahit isang samahan, isport, o aktibidad. Mahalaga ang boses ng mag-aaral! Dapat magkaroon ang bawat mag-aaral ng pagkakataong mamuno at maglingkod.
- Mahahalaga ang magagandang relasyon at para sa tagumpay ng mag-aaral.
- Nararapat na magkaroon ang mga mag-aaral ng kapaligiran na may kaligtasang pisikal at emosyonal.
- Dapat madama ng bawat mag-aaral na kabilang sila sa kanilang paaralan at pamayanan.
- Dapat may mga malinaw at positibong inaasahan ang lahat ng mag-aaral.
- Kailangan ng mga mag-aaral at pamilya ng impormasyon at akses sa mga mapagkukunang nakatutulong.
- Dapat makuha ng bawat mag-aaral ang kanyang kailangan, sa oras na kailangan nyla ito, at sa paraan na kailangan niya ito!

**Mga Prayoridad sa Pag-unlad ng Kabataan**

- Pagbibigay-Kapangyarihan at Pamumuno sa Kabataan
- Paggabay
- Kagalingan at Tagumpay ng Mag-aaral
- Mga Samahan at Aktibidad na Nakabatay sa Paaralan
- Positibong Kultura sa Paaralan at Paggawa ng Mga Ingklusibong Paaralan
- Pagkatutong Panlipunan at Emosyonal
- Pag-iwas sa Bullying
- Pakikilahok sa Pamayanan

Ang **STAND** ay isang inisyatibang pinamumunuan ng mag-aaral na humahamon sa mga mag-aaral, guro, kawani, magulang at pamayanan na makipagtulungan upang lumikha at panatilihin ang positibong kultura sa paaralan at sikaping pigilin ang mga mapang-api at mapanligalig na pag-uugali sa mga kasamahan.

NNPS Get Connected

Napatunayan ng pagsasaliksik na ang mga mag-aaral na nakikilahok sa mga nakabalangkas na ekstrakurikular na aktibidad ay mas malamang na magkakaroon ng mas mahuhusay na marka, mas matataas na standardized na marka sa pagsusulit, mas magandang pagpasok at imahe sa sarili. Bilang karagdagan, ang mga mag-aaral na nakikilahok sa mga samahan at aktibidad ay mas malabong gumamit ng mga sustansiya, tumigil sa pag-aaral at gumawa ng masasamang desisyon habang nasa paaralan. Sa NNPS, layunin namin na lumahok ang BAWAT mag-aaral sa kahit isang club, sport, o aktibidad. At saka, may maraming pagkakataon para sa paglilingkod sa pamayanan at pamumuno na makakatulong sa mga mag-aaral na bumuo ng mahahalagang kasanayan.

Nag-aalok ang NNPS ng mahigit sa 300 magkakaibang mga opsyon sa paglahok ng mag-aaral na mga club at aktibidad! Sobrang dali lang makilahok! Upang matuklasan kung anong mayroon sa iyong paaralan, kausapin ang iyong dedikadong miyembro ng kawani ng Pag-unlad ng Kabataan.

- **Direktor ng Mga Aktibidad** (Mataas na Paaralan)
- **Pinuno ng Pag-unlad ng Kabataan** (K – 12)
- **Coordinator ng Paggabay** (K-12)
- **Propesyonal na Tagapayo sa Paaralan**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-unlad ng kabataan sa Newport News Public Schools, bisitahin ang https://sbo.nn.k12.va.us/youthdevelopment/.

**Anong mga uri ng mga samahan at aktibidad ang mayroon?**

May daan-daang samahan ng mga mag-aaral na regular na nagkikita araw-araw para sa mga mag-aaral na nasa K-12 sa mga paaralan ng NNPS.

| Akademiko | Paggabay |
|---|---|
| Mag-aral ng akademikong nilalaman o makipagpaligsahan para magpakita ng kaalaman. Mga halimbawa: Scholastic Bowl, Odyssey of the Mind, Homework Club, History Club | Makipagkonekta sa mga mapag-arugang adulto na mga miyembro ng kawani o partner sa pamayanan. May iba't-ibang pagkakataon. |
| **Nakabatay sa Pamayanan** | **Musika** |
| Makilahok sa mga pagkakataong inaalok ng mga partner sa pamayanan. Mga halimbawa: Mayor's Youth Commission, Youth Volunteer Corps, Young Adult Police Commissioners | Matuto o magpakita ng kakayahan sa musika. Mga halimbawa: Banda, Koro, Orkestra, Piano Club, Gitara |
| **Fitness** | **Paglilingkod** |
| Mag-isponsor ng mga aktibidad na nagpapalakas ng panlipunan, emosyonal at pisikal na kagalingan. Mga halimbawa: Live Well Club, Girls on the Run, Yoga | Maglingkod sa paaralan o pamayanan. Mga halimbawa: Key Club, Student Ambassadors |
| **Mga Honor Society** | **Espesyal na Interes/Libangan** |
| Kilalanin ang mga mag-aaral na nakakamit ng mataas na akademikong pagganap. Mga halimbawa: National Honor Society, Spanish Honor Society, Mu Alpha Theta | Tuklasin ang daan-daan at iba't ibang club na tumutugma sa interes ng mga mag-aaral. Mga halimbawa: E-Sports, Ahedres, Kabaitan, Lego, Anime, Broadcast News |
| **Mga Wika** | **Teknolohiya/STEM** |
| Mag-aral ng wika at kultura. Mga halimbawa: Mga Samahan ng Japanese, German, French | Galugarin ang agham, teknolohiya, inhenyeriya, at matematika. Mga halimbawa: Robotics, Coding, Inhenyeriya |
| **Pamumuno** | **Teatro at Sining** |
| Malinang ang mga kasanayan sa pamamagitan ng mga pambihirang karanasan at pananagutan: Hal. Future Business Leaders of America, School Council Association, Emerging Leader Institute, Bloom Empowerment Program, S.A.L.T. (Athletic Leadership Team ng Mag-aaral) | Makaranaas ng pagtuturo, pagtatanghal, produksyon at pagpapahalaga sa teatro at sining. Mga halimbawa: Drama, Sayaw, Art Club, Panulaan, Potograpiya |

**Mga Madalas Itanong**

- **Mga Karaniwang Tanong** Ang NNPS ay nakatuon sa pagtataguyod ng inklusibong mga paaralan at samahan ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga club ay "bukas" para sa lahat ng mag-aaral, maliban sa mga honor society kung saan kailangan ang napatunayang tagumpay sa isang larangang akademiko, at mga co-curricular club kung saan kailangang naka-enroll ang mag-aaral sa partikular na kurso para maging miyembro.

- **Bukas ba ang mga samahan sa lahat ng mag-aaral?** Nakatuon ang NNPS sa mga ingklusibong paaralan at organisasyon ng mag-aaral. Ang karamihan ng mga samahan ay "bukas" sa lahat ng mag-aaral, maliban sa mga honor society, na nangangailangan ng naipakitang tagumpay sa isang akademikong larangan at mga samahang co-curricular, na nangangailangan ng pagtatala sa isang espespikong kurso para maging miyembro.
  **Kailangan ko bang magbayad upang makilahok sa isang samahan?** Walang bayad para sumali sa karamihan ng mga samahan. Gayon pa man, maaaring may bayarin sa pagiging miyembro ang mga samahan na bahagi ng mga pang-estado o pambansang organisasyon. Walang mag-aaral ang tatanggihan ng akses sa isang samahang iniisponsor ng NNPS dahil hindi niya kayang magbayad.

- **Inaalok lang ba ang mga samahan pagkatapos ng paaralan?** Maraming paaralan ang naghahandog ng mga pagkakataon para magkita ang mga samahan sa loob ng araw ng pasukan o pagkatapos ng paaralan. Ang pangkat ng pamumuno ng bawat paaralan ang tumutukoy sa format at iskedyul para sa mga samahan bawat taon.

- **May transportasyon bang magagamit para sa mga aktibidad pagkatapos ng paaralan?** Ang mga gitna at mataas na paaralan, at ilang mababang paaralan, ay naghahandog ng programa pagkatapos ng paaralan sa mga espesipikong araw ng linggo. Makipag-ugnayan sa iyong paaralan upang makakuha ng impormasyon tungkol sa magagamit ng transportasyon.

- **Kanino ako makikipag-ugnayan kung may mga tanong ako tungkol sa mga samahan at aktibidad?** Makipag-ugnayan sa dedikadong miyembro ng kawani ng Pag-unlad ng Kabataan ng iyong paaralan muna.
  - **Direktor ng Mga Aktibidad** (Mataas na Paaralan)
  - **Pinuno ng Pag-unlad ng Kabataan** (K-12)
  - **Propesyonal na Tagapayo sa Paaralan**

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Pakikilahok ng Kabataan at Pamilya sa 757-283,7850, ext. 10304.

**PK-3:** Ipinagbabawal ng pang-estadong batas, maliban sa mga pagkakasalang kinasasangkutan ng droga, pagkakasalang kinasasangkutan ng baril, at ilang kriminal na pagkilos, na masuspinde nang higit sa tatlong araw ng pasukan o mapatalsik sa pagpasok sa paaralan ang mga mag-aaral ng preschool hanggang ikatlong baytang malibang kung (i) ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng pisikal na pananakit sa iba o (ii) nalaman ng lupon ng paaralan o superintendente ng dibisyon o itinalaga niya na may mga nagpapalubhang pangyayari, ayon sa pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Edukasyon.

**<u>Hindi maaaring</u>** gumamit ng mga parusang pandisiplina ng hindi pagsasama bilang administratibong tugon.

**KATEGORYANG BESO: Mga Pag-uugaling Isinasapanganib ang Sarili o Iba**

Isinasapanganib ng mga pag-uugaling ito ang kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng alinman sa mag-aaral o iba sa pamayanan ng paaralan. Madalas na masalimuot ang mga pag-uugaling umaabot sa antas ng kalubhaan na ito. Bagaman at nagpapahiwatig sila ng mahihinang kasanayan sa pagdedesisyon, ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mga pag-uugaling ito ay maaari ring magkaroon ng mga pangangailangan sa pag-unlad sa iba pang mga kompetensiyang panlipunan at emosyonal.

| BESO | PAG-UUGALI | ELEMENTARYA | SEKUNDARYA |
|---|---|---|---|
| BESO1 | **Pag-atake: Naglalayong magdulot ng pisikal na pinsala sa ibang tao** ☎ | ANTAS 3 | ANTAS 4 |
| BESO2 | **Pag-atake at Pambubugbog: Nagdudulot ng pisikal na pinsala sa ibang tao** ☎ | ANTAS 4 | ANTAS 5 |
| BESO3 | **Labanan: Ang paggamit ng pisikal na karahasan sa pagitan ng mga mag-aaral o sa ibang tao kung saan may maliiit na pinsala ayon sa pagpasiya ng administrasyon ng paaralan** | ANTAS 3 | ANTAS 3 |
| BESO4 | **Taga-Strike na Kawani: Ang paggamit ng puwersa laban sa isang kawani kapag walang pinsalang naidulot** ☎ | ANTAS 3 | ANTAS 4 |
| BESO5 | **Mga Droga: Ang pagkakaroon ng mga kinokontrol na substansya, ilegal na droga, inhalants, synthetic hallucinogens, o hindi awtorisadong iniresetang gamot** * ☎ | ANTAS 5 | ANTAS 5 |
| BESO6 | **Mga droga: Pagiging nasa ilalim ng impluwensiya ng mga kontroladong sangkap, ilegal na droga, inhalant, sintetikong hallucinogen, o hindi awtorisadong de-resetang gamot** | ANTAS 4 | ANTAS 4 |
| BESO7 | **Mga Droga: Paggamit ng mga kinokontrol na substasya o paggamit ng mga ilegal na droga o synthetic hallucinogens o hindi awtorisadong mga iniresetang gamot** * ☎ | ANTAS 5 | ANTAS 5 |
| BESO9 | **Apoy: Pagtatangkang magsindi, pagtulong sa pagsindi, o pagsindi ng apoy** | ANTAS 4 | ANTAS 4 |
| BESO10 | **Pag-uugaling May Kaugnayan sa Gang** (*Pagsali sa pananakot o mapanganib na pag-uugali na nauugnay sa gang gaya ng tinukoy sa § 18.2-46.1)* | ANTAS 4 | ANTAS 4 |
| BESO11 | **Hazing ayon sa pagpapakahulugan sa §18.2-56 at sa nabanggit sa §22.1-279.6** | ANTAS 4 | ANTAS 4 |
| BESO12 | **Nagbabanta, nananakot, o nagpapasimuno ng karahasan, pinsala o pananakit sa isang miyembro ng kawani o mga miyembro** ☎ | ANTAS 4 | ANTAS 4 |
| BESO13 | **Nagbabanta, nananakot, o nagpapasimuno ng karahasan, pinsala o pananakit sa isang pang (mga) mag-aaral o (mga) iba pa** ☎ | ANTAS 4 | ANTAS 4 |

**PK-3**: Ipinagbabawal ng pang-estadong batas, maliban sa mga pagkakasalang kinasasangkutan ng droga, pagkakasalang kinasasangkutan ng baril, at ilang kriminal na pagkilos, na masuspinde nang higit sa tatlong araw ng pasukan o mapatalsik sa pagpasok sa paaralan ang mga mag-aaral ng preschool hanggang ikatlong baytang malibang kung (i) ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng pisikal na pananakit sa iba o (ii) nalaman ng lupon ng paaralan o superintendente ng dibisyon o itinalaga niya na may mga nagpapalubhang pangyayari, ayon sa pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Edukasyon.

*<u>**Kukumipiskahin**</u> at hindi ibabalik ang mga bagay.

| **KATEGORYANG BESO: Mga Pag-uugaling Isinasapanganib ang Sarili o Iba**<br>Isinasapanganib ng mga pag-uugaling ito ang kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng alinman sa mag-aaral o iba sa pamayanan ng paaralan. Madalas na masalimuot ang mga pag-uugaling umaabot sa antas ng kalubhaan na ito. Bagaman at nagpapahiwatig sila ng mahihinang kasanayan sa pagdedesisyon, ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mga pag-uugaling ito ay maaari ring magkaroon ng mga pangangailangan sa pag-unlad sa iba pang mga kompetensiyang panlipunan at emosyonal. | | | |
|---|---|---|---|
| **BESO** | **PAG-UUGALI** | **ELEMENTARYA** | **SEKUNDARYA** |
| **BESO14** | **Pagbabanta, pananakot, o pagpapasimuno ng karahasan, pinsala o pananakit sa ibang (mga) mag-aaral o ibang (mga) tao nang nakasulat ☎** | **ANTAS 4** | **ANTAS 4** |
| **BESO15** | **Gumagamit ng isang bagay na hindi pangkalahatang itinuturing na isang sandata upang magbanta o pagtatangkang pinsalain ang mga tauhan ng paaralan ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **BESO16** | **Gumagamit ng isang bagay na hindi pangkalahatang itinuturing na isang sandata upang magbanta o pagtatangkang pinsalain ang mga mag-aaral o iba pa ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **BESO17** | **Banta ng bomba - Paggawa ng isang banta ng bomba ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **BESO18** | **Isang krimen sa pamayanan kung saan pinaratangan ang mag-aaral ng isang pagkakasala na may kinalaman sa mga batas ng Komonwelt, na hindi sinasaklaw ng iba pang kodigo ng pag-uugali, ngunit kailangang isiwalat sa superintendente ng dibisyon ng paaralan alinsunod sa §16.1-260(G)** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |

| **KATEGORYA PD: Patuloy na Mapanganib**<br>Ang mga pag-uugaling inilalarawan sa Patakaran sa Opsiyon ng Pagpili ng Paaralang Hindi Ligtas na inaatas ng pederal na Batas sa Magtatagumpay ang Bawat Bata ng 2015. | | | |
|---|---|---|---|
| **PD** | **PAG-UUGALI** | **ELEMENTARYA** | **SEKUNDARYA** |
| **PD1** | **Homicide - Baril ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD2** | **Homicide – Ibang Sandata ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD3** | **Sekswal na Pag-atake ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD4** | **Tinangkang Sekswal na Pag-atake ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD5** | **Paggamit ng Bomba ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD6** | **Pag-atake gamit ang Baril o Sandata ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD7** | **Aktwal o Tinangkang Pagnanakaw ☎** | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |

**PK-3:** Ipinagbabawal ng pang-estadong batas, maliban sa mga pagkakasalang kinasasangkutan ng droga, pagkakasalang kinasasangkutan ng baril, at ilang kriminal na pagkilos, na masuspinde nang higit sa tatlong araw ng pasukan o mapatalsik sa pagpasok sa paaralan ang mga mag-aaral ng preschool hanggang ikatlong baytang malibang kung (i) ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng pisikal na pananakit sa iba o (ii) nalaman ng lupon ng paaralan o superintendente ng dibisyon o itinalaga niya na may mga nagpapalubhang pangyayari, ayon sa pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Edukasyon.

| KATEGORYA PD: Patuloy na Mapanganib<br>Ang mga pag-uugaling inilalarawan sa Patakaran sa Opsiyon ng Pagpili ng Paaralang Hindi Ligtas na inaatas ng pederal na Batas sa Magtatagumpay ang Bawat Bata ng 2015. | | | |
|---|---|---|---|
| **PD** | **PAG-UUGALI** | **ELEMENTARYA** | **SEKUNDARYA** |
| **PD8** | **Pagkidnap/Pagdukot** ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD9** | **Malisyosong Sugat nang walang Sandata** ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD10** | **Pinalubhang Sekswal na Pambubugbog sa isang Mag-aaral** ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD11** | **Ilegal na Pag-aari ng Handgun** * ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD12** | **Ilegal na Pag-aari ng Riple o Shotgun** * ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD13** | **Ilegal na Pagmamay-ari ng Anumang Iba Pang Projectile na Sandata** * ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD14** | **Ilegal na Pag-aari ng Bomba** * ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD15** | **Ilegal na Pagmamay-ari ng Iba pang mga Baril** *(Anumang sandata na, o idinisenyo upang, magpaalis ng projectile sa pamamagitan ng aksyon na paputok; kabilang dito ang mga baril na hindi nabanggit dati (mapapatakbo o hindi nagagamit, na-load o hindi na-load) tulad ng, ngunit hindi limitado sa, isang zip o starter gun.)*<br>* ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |
| **PD16** | **Ilegal na Pagmamay-ari ng Mga Kontroladong Gamot at Mga Substansya na May Layong Ipamahagi** (upang isama ang pagbebenta/pamamahagi ng anabolic steroid, inhalant ng ilegal na droga, marijuana, Iskedyul 1 o 2 na gamot at mga inireresetang gamot) * ☎ | **ANTAS 5** | **ANTAS 5** |

**PK-3:** Ipinagbabawal ng pang-estadong batas, maliban sa mga pagkakasalang kinasasangkutan ng droga, pagkakasalang kinasasangkutan ng baril, at ilang kriminal na pagkilos, na masuspinde nang higit sa tatlong araw ng pasukan o mapatalsik sa pagpasok sa paaralan ang mga mag-aaral ng preschool hanggang ikatlong baytang malibang kung (i) ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng pisikal na pananakit sa iba o (ii) nalaman ng lupon ng paaralan o superintendente ng dibisyon o itinalaga niya na may mga nagpapalubhang pangyayari, ayon sa pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Edukasyon.

*Kukumipiskahin at hindi ibabalik ang mga bagay.

# Patakaran sa Mabuting Pag-uugali

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Ang Pagsusuri sa Rekord ng Mabuting Pag-uugali ay magbibigay-daan sa mga mag-aaral na makapag-request na maipatanggal ang kanilang (mga) ulat ng paglabag, kabilang ang mga suspensiyon, mula sa kanilang rekord ng disiplina. Ang proseso ay magbibigay ng pamamaraan para sa pagpapanumbalik ng mga mag-aaral na nakapagpakita na bumuti ang kanilang pag-uugali at isang pangako sa pagsulong ng positibong kultura sa paaralan.

**MGA BENEPISYO**

- Ang mga mag-aaral, na nakakaunawa na maaari silang magkaroon ng pagkakataon na maalis ang impormasyon, sa kondisyon na patuloy silang magpapakita ng mabuting pag-uugali, ay mas malamang na hindi lalabag sa mga inaasahang pag-uugali ng mag-aaral.
- Nagtataguyod ng pagkamamamayan at pagbuo ng mga positibong relasyon sa pagitan ng mga mag-aaral, kawani at pamayanan.

**MGA PATNUBAY**

- Maaaring magpasa ng nakasulat na request ang mga aktibong mag-aaral para sa konsiderasyon para sa mabuting pag-uugali simula sa ikatlong markahan ng junior year ng mag-aaral at hindi lalampas sa ikalawang markahan ng senior year ng mag-aaral.
- Tanging mga insidenteng naganap sa NNPS high school mula sa mga baytang 9-12 lamang ang maaaring isaalang-alang.
- Isang request lamang bawat mag-aaral ang maaaring ipasa para sa konsiderasyon.
- Ang lahat ng request para sa Mabuting Asal ay susuriin ng isang panel ng mga kasalukuyangs guro at staff ng paaralan. Ang panel ay bubuuin ng 3 o 5 adulto. Ang pagpili para sa panel ay bubuuin sa antas ng paaralan pero iminumungakahing isali ang:
    - Administrador o Katulong ng Punong-guro ng Operasyon at
    - Support staff, tulad ng,:
        - Espesyalista sa Suporta ng Mag-aaral, Opisyal ng Paaralan para sa mga Mapagkukunan, Lider ng Pagpapaunlad ng Kabataan, Opisyal ng Seguridad, at/o guro.
- Hindi hihigit sa 3 pagkakasala sa kabuuan ang isasaalang-alang para sa pagtanggal sa ilalim ng Patakaran ng Mabuting Pag-uugali.
- Kabilang sa mga hindi saklaw, pero hindi limitado dito, ang pag-aaway, pananakit, paglabag kaugnay sa droga, paglabag kaugnay sa alak, at paglabag kaugnay sa armas, na hindi kuwalipikado para sa pagtanggal.
- Makakatanggap ang bawat mag-aaral ng nakasulat na sagot sa kanyang kahilingan na magpapakita kung naaprubahan o tinanggihan ito.
- Kapag naaprubahan ang isang mag-aaral para sa pagtanggal, anumang susunod na paglabag ay itatala sa rekord ng mag-aaral. Walang kasunod na request para sa pagtanggal ang isasaalang-alang.
- Pinal ang desisyong ito. Walang proseso ng pag-apela.

Makipag-ugnayan sa iyong high school para sa pag-aplay at karagdagang mga detalye.

**Mga Pamamaraan ng Angkop na Proseso para sa Mga Aksyon na Antas 1 at Antas 2**
Kapag ang isang mag-aaral ay napapasailalim sa disiplina para sa mga insidenteng walang kabilang na potensiyal na parusa ng suspensiyon o pagpapatalsik, kinakailangan ang pangunahing angkop na proseso: ipagbibigay-alam sa mag-aaral ang (mga) dahilan para sa potensiyal na disiplina at bibigyan ng pagkakataon upang ipaliwanag ang kanyang panig sa insidente. Kung kakailanganin ng paunang imbestigasyon ito, ang opisyal ng paaralan na gagawa ng pagpapasiya tungkol sa disiplina ay gagawa ng karagdagang imbestigasyon upang tiyakin ang mga katotohanan ng insidenteng isinasaalang-alang. Ipagbibigay-alam ng opisyal ng paaralan sa mag-aaral ang mga hakbang para sa disiplina, kung mayroon man, na ipapataw. Ang pagpapasiya ng opisyal ng paaralan ay pinal at hindi maaapela.

**Mga Pamamaraan ng Angkop na Proseso para sa Mga Aksyon na Antas 3 hanggang Antas 5**
Kapag ang isang mag-aaral ay pinadala sa punong-guro o itinalaga para sa anumang pandisiplinang aksyon o kumperensiya hinggil sa isang insidente, dapat sundin ang mga hakbang nakalista sa ibaba. Ang mga patnubay na ito para sa pandisiplinang aksyon ay bumubuo ng isang paglilitis para sa mag-aaral at kumakatawan sa mga pamamaraan ng angkop na proseso na kailangan.

Ang Punong-Guro o itinalaga ay:
- Ipagbibigay-alam sa mag-aaral ang (mga) paglabag sa tuntunin.
- Ipagbibigay-alam sa mag-aaral ang mga katotohanan na pinagbabatayan ng (mga) paglabag sa tuntunin.
- Bibigyan ang mag-aaral ng pagkakataon na tumugon sa (mga) paglabag sa tuntunin at ibigay ang kanyang bersyon. Hihilingin sa mag-aaral na magbigay ng nakasulat o pasalitang pahayag hinggil sa insidente.
- Magbibigay ng nakasulat na beripikasyon ng iminungkahing pandisiplinang aksyon (kabilang ang isang nakasulat na pahayag ng mga pamamaraan sa pag-apela) sa Magulang.
- Gagawin ang lahat ng pagsisikap upang ipagbigay-alam sa Magulang ng mag-aaral sa pamamagitan ng telepono, kung aaksyonan kaagad at sususpendihin ang mag-aaral batay sa mga patnubabay ng Handbook na ito.
- Bibigyan ang mag-aaral ng nakasulat na abiso, ipapadala ito sa koreo, at/o ini-email sa pangunahing tirahan ng mag-aaral (kabilang ang nakasulat na pahayag ng mga pamamaraan sa pag-apela).
- Magbibigay ng nakasulat na abiso ng aksyong isinagawa sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral (Pakete ng Pangmatagalang Suspensiyon o Pagpapatalsik).

Tuwing isinasaad ng mga pamamaraan ng angkop na proseso na ang punong-guro ay maaaring kumilos sa bagay na disiplina, ang itinalaga ng punong-guro ay maaari ring kumilos sa naturang bagay. Kung ang itinalaga ay magdedesisyon sa disiplina, at ang mga pamamaraang ito ay nag-aatas na ang pag-apela ay isasaalang-alang ng punong-guro, maaaring magpatuloy sa susunod na hakbang ang pag-apela kung ang punong- guro ay wala para isaalang-alang ang apela.

Maaaring tanggalin kaagad sa paaralan ang mga mag-aaral na nagdudulot ng patuloy na panganib sa mga tao o ari-arian o ang patuloy na pagbabanta ng panggugulo. Ang paunawa ng paglabag sa tuntunin, pagpapaliwanag ng mga katotohanan at pagkakataon upang ipresenta ang kanyang bersiyon ng mga pangyayari, ay ibibigay sa lalong madaling panahon hangga't maaari.

Kung ang naaangkop na takdang araw sa pagsasagawa ng aksyon alinsunod sa Handbook na ito ay papatak sa katapusan ng linggo o isang araw na hindi Administratibong Araw ng Trabaho, ang takdang araw ay iuurong sa susunod na Administratibong Araw ng Trabaho.

Kung ang naaangkop na takdang araw sa paggawa ng aksiyon alinsunod sa Handbook na ito ay tumutukoy sa mga " araw ng pagpasok" at ang panahon ay magwawakas matapos magsara ang taon ng pasukan, ang naangkop na bilang ng mga araw ay gagamitin ang Administratibong Araw ng Trabaho sa halip na mga araw ng pagpasok.

Kapag ang mag-aaral ay umabot sa edad na 18, o pinalaya ayon sa batas, siya ang bibigyan ng lahat ng paunawa at nakasulat na impormasyon ayon sa inaatas ng Handbook na ito; ang mag-aaral ang gagawa ng lahat ng desisyon (tulad ng mga pag-apela) na kailangan o pinahihintulutan ng Handbook na ito. Kung iuutos ng mag-aaral, patuloy na matatanggap ng mga Magulang ang mga paunawa at gagawin ang mga pagkilos na pinahihintulutan o inaatas ng Handbook na ito.

# Mga Pamamaraan ng Angkop na Proseso *(ipinagpatuloy)*

**Panandaliang suspensiyon (Mga Aksyon na Antas 3 hanggang Antas 4)**
Ang isang panandaliang suspensiyon ay isang suspensiyon ng 10 araw o mas kaunti. Ang punong-guro o itinalaga ay may awtoridad na pagpapasiyahan, batay sa isang imbestigasyon, na ang mag-aaral ay lumabag sa isang tuntunin na maaaring manganlangan ng suspensiyon ng 9 na araw o mas kaunti. Kung ang punong-guro ay nagpasiya na ang isang suspensiyon ng 10 araw ay may katuwiran, kailangan niyang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral. Sa pagtanggap ng determinasyon ng prinsipal/tinalaga, kung nais ng Magulang na **apelahan** ang isang panandaliang pagsususpinde sa labas ng paaralan, dapat sundin ng Magulang ang mga pamamaraang itinakda sa ibaba. Hindi tutuparin ng mag-aaral ang nakatakdang bilang ng mga araw hanggang makumpleto ang proseso ng pag-aapela at pinanindigan ang suspensiyon. (Tandaan: Maaaring manatili sa suspensiyon sa loob ng paaralan ang mag-aaral, hanggang makumpleto ang proseso ng pag- aapela at pinanindigan ang suspensiyon; basta't walang mga pangyayaring nagpapalubha.)

***Nakasulat na Kahilingan para sa Pag-apela***

- Kung sinuspende ang mag-aaral ng itinalaga ng punong-guro, dapat gawin ang pag-apela sa punong-guro ng gusali. Ang Magulang ay dapat humiling nang nakasulat ng pagsusuri ng desisyon ng suspensiyon sa loob ng dalawang (2) araw ng pagpasok (ang simula ng araw ng suspensiyon ay nagsimula sa pagbibilang ng apela) o ang desisyon ay magiging pinal.
- Susuriin ng punong-guro ang insidente at sa loob ng dalawang (2) araw ng pasukan pagkatapos niyang matanggap ang nakasulat na kahilingan, ipagbibigay-alam niya sa Magulang ang desisyon. Isang sulat na nagpapahayag ng desisyon ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa Magulang.
- Kung hihiling ang Magulang ng pag-apela sa desisyon ng punong-guro na suspindihin ang mag-aral, dapat isumite ang nakasulat na kahilingan sa loob ng dalawang (2) araw ng pasukan mula sa desisyon ng punong-guro o magiging pinal ang desisyon. Ang sulat ng pag-apela ay maaaring isampa sa Kagawaran ng Pamunuan ng Paaralang Elementarya (PK-5) o Kagawaran ng Pamunuan ng Paaralang Sekundarya (6-12).
- Sa loob ng tatlong (3) araw ng pasukan pagkatapos matanggap ang paunawa ng apela, susuriin ng Ehekutibong Direktor ng Pamunuan sa Paaralang Elementarya o Sekondarya ang mga aksyon na ginawa ng punong-guro/tinalaga, at kukumpirmahin o hindi aprubahan ang naturang aksyon batay sa pagsusuri sa rekord ng pag-uugali ng mag-aaral. Magiging pinal ang desisyon ng Ehekutibong Direktor para sa Pamunuan ng Elementarya/Sekundaryang Paaralan.

**Pangmatagalang suspensiyon o Pagpapatalsik (Mga Aksyon Antas 4 hanggang Antas 5)**
Isang pandisiplinang aksyon ang**pangmatagalang suspensiyon** kung saan hindi pinahihintulutang pumasok nang 11 hanggang 45 na araw ng pasukan ang isang mag-aaral. Ang **pagpapatalsik** ay isang pandisiplinang aksyon kung saan ang isang mag-aaral ay hindi pinahihintulutang pumasok sa paaralan sa loob ng dibisyon ng paaralan at hindi siya karapat-dapat na tanggaping muli sa loob ng 365 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagpapatalsik. Kasunod ng imbestigasyon, ang punong-guro ay may awtoridad na magrekomenda ng pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik kung ang isang mag-aaral ay lumabag sa isang tuntunin na nag-aatas ng pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik. Ipagbibigay-alam ng punong-guro sa mag-aaral at Magulang na ang mag-aaral ay irerekomenda para sa pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik. Sususpindihin ng punong-guro ang mag-aaral ng 10 araw na may rekomendasyon para sa pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik at ipapasa sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral, **sa loob ng tatlong (3) araw ng pasukan ng insidente**.

- Papayuhan ng punong-guro ang mag-aaral at Magulang na isasagawa ang isang administratibong panayam ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente patungkol sa insidente at na isasagawa ang isang pagdinig sa harap ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan, kung kinakailangan.
- Susubukan ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente na makipag-ugnayan sa lahat ng partidong sangkot sa insidente.
- Tatasahin ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ang sitwasyon at maaaring magsagawa ng anumang karagdagang imbestigasyon.
- May awtoridad ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente na pangasiwaan ang insidente kung ito ay isang pangmatagalang rekomendasyon sa pagsususpinde nang walang pagdinig ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan kung ang Magulang ay nag-aalis ng nakasulat na karapatan sa isang pagdinig sa harap ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.

- Maaaring tanggihan ng Magulang na tanggapin ang desisyon ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente para sa pangmatagalang pagsususpinde at humiling ng pagdinig sa harap ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan. Mag-iskedyul ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ng kaso sa agenda ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.
- Ang mag-aaral na pangmatagalang sinuspende o pinatalsik ay maaaring pahintulutang pumasok sa isang alternatibong programang pang-edukasyon ng dibisyon ng paaralan.
- Ang lahat ng rekomendasyon para sa pagpapatalsik ay maaaring isaalang-alang ng Komite ng Pagsusuri sa Lupon ng Paaralan.
- Ginagawa ang lahat ng pagsisikap para maisagawa ang pagdinig para sa mga kaso ng pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik sa loob ng sampung (10)
- araw ng pasukan pagkalipas ng paunang 10 araw ng suspensiyon; gayunpaman, may mga pagkakataong hindi ito posible.
- araw pagkalipas ng paunang 10 araw ng suspensiyon; gayunpaman, may mga pagkakataong hindi ito posible.

- Sinusuri ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ang lahat ng mga rekomendasyon para sa pangmatagalang pagsususpinde o pagpapatalsik bago iharap sa Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.
- Kung nabigo na dumating ang Magulang para sa 2 o higit pang naka-iskedyul na mga pulong ng paunang pagdinig kasama ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente upang talakayin ang pangmatagalang rekomendasyon sa pagsususpinde o pagpapatalsik bago iharap sa Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan, ihaharap ang usapin sa Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan para sa resolusyon sa kawalan ng Magulang. Makakatanggap ang Magulang ng nakasulat na abiso ng desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan sa loob ng pitong (7) araw ng pasukan pagkatapos ng paglilitis.

***Paglilitis ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan***

- Ang Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan ay isang "komite ng lupon ng paaralan" at binubuo ng tatlong miyembro ng Lupon ng Paaralan.
- Ang tungkulin ng komiteng ito ay aksyonan ang rekomendasyon ng punong-guro para sa pangmatagalang suspensyon, kung inapelahan ito, o pagpapatalsik.
- Ipagbibigay-alam sa mga magulang ng mga mag-aaral na pinaratangan ng mga paglabag ang petsa ng paglilitis at hihilingin sa kanilang kumpirmahin kung dadalo sila sa paglilitis; kung hindi sila magkukumpirma, maaaring isagawa ang paglilitis o hindi. Maaaring humiling ang Magulang ng pagpapaliban ng petsa ng paglilitis. Ang punong-guro ng paaralang nakatala ay inaasahang sumipot sa paglilitis, tulad ng alinmang kawani ng paaralan na hiniling na dumalo.
- Mga pormal at mahalagang hakbang sa proseso ng pagdidisiplina ang mga paglilitis ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan. Upang maprotektahan ang pagkapribado ng mag-aaral na sangkot, karaniwang sarado ang mga paglilitis. Ang mga magulang ay maaaring magdala ng isang abogado o ibang kinatawan sa saradong paglilitis at maaaring magdala ng iba upang magsalita nang sumusuporta sa mag-aaral. Maaaring hilingin ng mga magulang na maging bukas ang paglilitis. Ibig sabihin ng isang bukas na paglilitis na maaaring dumalo ang sinuman. Bagaman at idineklarang bukas ang paglilitis, pag-uusapan ito ng komite sa saradong sesyon. Nakasalalay sa tagapangulo ng komite ang pinal na pagpapasiya kung ang paglilitis ay magiging bukas o sarado. Ang Komite ay susunod sa mga kailangan para sa bukas at saradong sesyon ng pampublikong lupon na iniutos ng Batas sa Kalayaan ng Impormasyon ng Virginia (Virginia Freedom of Information Act o VFOIA).
- Sasailalim sa isang panseguridad na pagsisiyasat ang mga indibidwal na makikilahok sa paglilitis. Maaaring ipagkait na papasukin ang isang taong tatangging sumunod sa mga tagubilin ng Tagapangulo ng Komite tungkol sa seguridad, asal o pangkalahatang pamamaraan ng pagpapatakbo ng komite ng paglilitis. Walang recording (audio o video), paggawa ng pelikula, o potograpiya na gagawin ng ibang partido maliban sa Komite ang pahihintulutan sa panahon ng paglilitis ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.

***Ang Pamamaraan ng Paglilitis ay ang sumusunod:***

- Ang Tagapangulo ng Komite ang mamumuno sa paglilitis. Bubuksan ng Tagapangulo ang paglilitis at pagpapasiyahan niya kung ang paglilitis ay magiging bukas o sarado.
- Kung kailangan, boboto ang Komite kung papasok ito sa isang saradong sesyon alinsunod sa VFOIA.
- Titiyaking ipikilala ng Tagapangulo ng Komite ang lahat ng naroroon. Ang mga taong tatawagin upang magbigay-saksi ay manunumpa.
- Ang mga katotohan ng insidente ay ihaharap sa Komite, kabilang ang presentasyon ng mga materyales at dokumentasyon. Ang Komite ay maaaring gumamit ng mga nakasulat na pahayag at ibang katibayan, ngunit ayon sa pagpapasiya nito, maaari itong humingi ng testimonya ng mga tauhan ng dibisyon ng paaralan o ibang mga saksi.

Matapos na maiharap ang katibayan ng dibisyon ng paaralan, tatawagin ng Tagapangulo ng Komite ang mag-aaral upang iharap ang kanyang testimonya sa Komite. (May karapatan ang mag-aaral na tumangging magbigay-saksi o sumagot ng mga tanong.) Ang mga magulang at ibang naroroon ay maaaring magbigay-saki sa harap ng Komite sa ngalan ng mag-aaral. Maaaring magsumite ng mga pansuportang sulat para isaalang-alang ng Komite. Sa anumang punto sa panahon ng paglilitis, maaaring tanungin ng mga miyembro ng komite ang mga nagbibigay-saksi. Ang

talaan sa paaralan ng mag-aaral ay nirerepaso ng Komite at mga katanungan ay maaaring tanungintungkol sa pagdalo, tagumpay, kasaysayan ng disiplina ng mag-aaral o ibang mga bagay na may kaugnayan sa kasaysayn ng mag-aaral. Ang abogado ng mag-aaral o magulang o ibang kumatawan ay pinapayagan ng Tagapangulona magtanong sa pamamagitan ng Tagapangulo.

- Isasara ng Tagapangulo ng Komite ang paglilitis. Ang mag-aaral, Magulang, mga kinatawan ng paaralan, mga saksi at iba pang naroon ay hihilingin na lisanin ang silid. Ang Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan at ang mga kawani nito ay mananatili upang makarating sa isang desisyon sa disposisyon ng bagay na iyon.
- Magdedesisyon ang Komite kung pagtitibayin nito ang rekomendasyon ng punong-guro nang buo o isang bahagi nito o ganap na ipagkait nito ito. Kailangan ang boto ng karamihan ng komite sa bukas na sesyon para sa aksyon.
- Ang akta ay itatala para sa lahat ng sesyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan, at maaaring humiling ang mga Magulang ng mga kopya nito.
- Makakatanggap ang mga Magulang (at legal na tagapayo, kung naaangkop) ng nakasulat na abiso ng desisyon ng Komite sa loob ng pitong (7) araw ng pasukan pagkatapos ng paglilitis.

***Pag-apela sa Lupon ng Paaralan (Mga Desisyong Hindi Pinagkaisahan Lamang)***
Maaaring apelahan ng isang Magulang ang desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan sa buong Lupon ng Paaralan kung ang desisyon ng Komiteng iyon ay hindi lubos na nagkakaisa.

Dapat na nakasulat ang mga apela at dapat na matanggap ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente sa loob ng pitong (7) araw ng nakasulat na pagtanggap ng desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan. Ang petsa ng abiso ay nakalista sa sulat ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan. Ang sulat ng pag-aapela ay magpapahayag ng particular na bagay sa desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan na inaapela. Isinasaalang-alang ng Lupon ang pinakahuling pag-apela sa proseso ng pagdidisiplina.

***Bilang pagtugon sa mga pag-apela sa desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan, ang Lupon ay:***
- Isasaalang-alang ang talaan ng bagay na iniaapela sa loob ng tatlumpung (30) araw ng anumang pag-apela.
- Magbibigay ng nakasulat na ulat tungkol sa naging aksyon sa punong-guro, Magulang, legal na tagapayo, kung mayroon man, at mag-aaral sa loob ng 7 araw ng pasukan pagkatapos ng pulong ng Lupon ng Paaralan.

## Suspensiyon at Pagpapatalsik ng Mga Mag-aaral na May Mga Kapansanan

Susunod sa naaangkop na mga regulasyon ng estado at pederal na batas ang pagsususpinde at/o pagpapatalsik sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Kabilang sa pinakamahalagang pagsasaalang-alang ay kung ituturing na pagbabago sa pagkakalagay ang isang pagsususpinde o pagpapatalsik. Mangyayari ang mga pagbabago sa mga pagkakalagay kapag lumampas sa sampung araw ang mga panandaliang pagsususpinde sa loob ng isang taon ng pag-aaral (kung hindi, nalalapat ang mga normal na kinakailangan sa pagsususpinde); dapat sumunod ang lahat ng pangmatagalang rekomendasyon sa pagsususpinde at rekomendasyon sa pagpapatalsik sa pagbabago ng espesyal na edukasyon ng mga kinakailangan sa paglalagay.

***Panandaliang Suspensiyon***
Kung ang kabuuan ng panandaliang suspensiyon ng isang mag-aaral na may kapansanan ay higit sa 10 araw kapag pinagsama-sama sa isang taon ng pasukan, magtitipon ang isang Komite ng Pagpapasiya sa Kinalabasan (MDC) upang suriin ang lahat ng kasalukuyan at may-kaugnayan impormasyon upang matukoy kung ang maling asal ay isang kinalabasan ng kapansanan ng mag-aaral o hindi.

Habang nakabinbin ang mga resulta sa pagpapakita ng desisyon, maaaring makatanggap ang mag-aaral na may mga kapansanan ng karagdagang panandaliang pagsususpinde. Kung napagpasiyahan ng komite na ang maling asal ng mag-aaral na may kapansanan ay isang kinalabasan ng kapansanan ng mag-aaral, hindi ipapataw ang panandaliang suspensiyon at maaaring bumalik ang mag-aaral sa paaralan.

Kung napagpasiyahan ng MDC na ang maling asal ng mag-aaral ay hindi dahil sa kapansanan niya, maaaring makatanggap ang mag-aaral na may kapansanan ng panandaliang suspensiyon at didisiplinahin siya bilang walang kapansanan. Sa panahon ng panandaliang suspensiyon, ang mga mag-aaral na may kapansanan ay patuloy na bibigyan ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon, kabilang ang akses sa pangkalahatang kurikulum.

***Mga Pangmatagalang suspensiyon at Pagpapatalsik***
Kapag ang isang mag-aaral na may kapansanan sa isang programa ng espesyal na edukasyon ay inirerekomenda para sa pangmatagalang suspensiyon (higit sa sampung araw) o pagpapatalsik, dapat pagpasiyahan kung ang maling asal ay kinalabasan ng kapansanan ng mag-aaral o hindi. Ang pagpapasiyang ito ay gagawin ng MDC sa loob ng 10 araw ng desisyong suspendihin siya. Susuriin ng komite ang kasalukuyan at may-kaugnayan impormasyon habang nagpapasiya.
Habang hinihintay ang mga resulta ng desisyon sa kinalabasan, maaaring makatanggap ang mag-aaral na may mga kapansanan ng panandaliang suspensiyon kung hindi lalampas ang suspensiyong iyon sa 10-araw na limitasyon. Kung napagpasiyahan ng komite na ang maling asal ng mag-aaral na may kapansanan ay isang kinalabasan ng kapansanan niya, hindi ipapataw ang pangmatagalang suspensiyon o pagpapatalsik at maaaring bumalik ang mag-aaral sa paaralan.

Kung napagpasiyahan ng MDC na ang maling asal ay hindi isang kinalabasan ng kapansanan ng mag-aaral, maaaring isaalang-alang ng mga opisyal ng paaralan ang karagdagang pagdidisiplina sa parehong paraan at para sa parehong katagalan tulad ng para sa mga mag-aaral na walang kapansanan. Gayon pa man, dapat ibigay ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa panahon ng suspensiyon at/o pagpapatalsik upang pahintulutan ang mag-aaral na magpatuloy na makilahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at sumulong patungo sa pagkamit ng kanyang mga layunin sa IEP.

***Mga Mapanganib ng Mag-aaral na May Mga Kapansanan (Mapanganib sa Sarili Nila at sa Iba***
Sa panahon ng proseso ng pagpapasiya sa kinalabasan, ang isang mag-aaral na mapanganib sa kanyang sarili o sa iba sa paaralan ay maaaring makatanggap ng mas mahigpit na kapaligiran sa pamamagitan ng pagsusuri ng IEP na may nilagdaang pahintulot mula sa Magulang. Kung hindi sumasang-ayon ang Magulang sa mas mahigpit na pagkakalagay, maaaring gumamit ang paaralan ng mga karaniwang hakbang ng disiplina para sa isang mag-aaral na nagpapakita ng mapanganib na pag-uugali kabilang, halimbawa, ng mga paghihiwalay o suspensiyong hanggang 10 araw ng pasukan, o maaari ring mag-utos ang dibisyon ng paaralan ng isang pagbabago ng pagkakalagay sa isang alternatibong pang-edukasyong kapaligiran para sa hanggang 45 araw para sa ilang pagkakasala na kinasasangkutan ng mga droga, armas, o malubhang pinsala ng katawan. 8VAC20-81-160.

*Isasagawa ang suspensiyon at/o pagpapatalsik ng mga mag-aaral na may mga kapansanan alinsunod sa mga regulasyon ng estado at pederal na batas.*

---

**Pagbubukod ng Ilang Pinatalsik o Suspendidong Mag-aaral**
Pinahihintulutan ng Kodigo ang Lupon ng Paaralan na pagtibayin ang mga regulasyon para sa pagbubukod ng ilang mag-aaral mula sa pagpasok sa mga paaralan ng NNPS. Ang mga pamamaraan sa pagbubukod ng Lupon ng Paaralan ayang mga sumusunod:

***Maaaring ibukod ang isang mag-aaral pagkatapos ng:***
- Nakasulat na paunawa sa mag-aaral at Magulang na maaaring mapasailalim sa pagbubukod ang mag-aaral, kabilang ang mga dahilan dito, at paunawa ng pagkakataon para sa mag-aaral o Magulang na makilahok sa paglilitis na isasagawa ng Superintendente o itinalaga ng Superintendente tungkol sa naturang pagbubukod; at isinagawa ang paglilitis ng Superintendente o itinalaga, at ibinigay ang desisyon para ibukod ang mag-aaral.

***Magiging pinal ang paunang desisyon maliban kung aapelahan:***
- Magiging pinal ang desisyon ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente maliban kung binago ng Lupon ng Paaralan.
- Ang isang mag-aaral o magulang na nagnanais na iapela ang isang desisyon ng pagbubukod ay magsasampa ngnakasulat na kahilingan para sa naturang pagrerepaso sa loob ng tatlong (3) araw matapos ang pagtanggap ng desisyon.
- Isasaalang-alang ng Lupon ng Paaralan ang nakasulat na kahilingan sa isang saradong pulong sa isang regular o espesyal na pulong na gaganapin sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos ng kahilingan

para sa pagsusuri. Ibabatay lamang ng Lupon ng Paaralan ang desisyon nito sa talaan ng usapin at maaaring baguhin ang desisyon ng Superintendente o itinalaga ng Superintendente. Ibibigay ng Lupon ng Paaralan ang nakasulat na desisyon nito sa pag-apela sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos ng pulong ng Lupon.

***Mga naaangkop na pangangailangan ng batas ng estado:***

- Ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente o ang Lupon ng Paaralan, kung naaangkop, ay magtatatag ng haba ng mga panahon ng pagbubukod.
- Sa kaso ng isang suspensiyon para sa higit sa tatlumpung (30) araw, ang termino ng pagbubukod ay hindi lalampasan ang tagal ng naturang suspensiyon.

- Kapag ibinukod ang isang pinatalsik na estudyante mula sa pagpasok, maaaring tanggapin o talikdan ng Lupon ng Paaralan at ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ang anuman o lahat ng mga kondisyon para sa muling pagtanggap na ipinataw sa naturang mag-aaral na pinatalsik ng lupon ng paaralan. Ni ang Lupon ng Paaralan o ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ay hindi maaaring magpataw ng karagdagang mga kondisyon para sa muling pagpasok sa paaralan.

***Petisyon para sa pagtanggap:***
- Sa pagtapos ng panahon ng pagbubukod para sa isang pagpapatalsik o pagbawi sa pagtanggap, maaaring sundin ng mag-aaral ang pamamaraan ng muling pagtanggap na itinakda sa ibaba.

***Pagdalo sa isang alternatibong programang pang-edukasyon:***
- Maaaring pahintulutan ng Superintendente o itinalaga ng Superintendente, ang Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan o ng Lupon ng Paaralan ang mga ibinukod na mag-aaral na dumalo sa isang alternatibong programa sa edukasyon na ibinigay ng Lupon ng Paaralan para sa panahon ng pagbubukod.

**Muling Patanggap sa Mga Pinatalsik na Mag-aaral**
***Alinsunod sa Kodigo, ang Lupon ng Paaralan ay nagtatag ng mga sumusunod na pamamaraan na sumasakop sa muling pagtanggap ng mga pinatalsik na mag-aaral sa regular na programa ng paaralan:***
- Itinalaga ng Lupon ng Paaralan ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente upang isaalang-alang ang mga petisyon para sa muling pagtanggap.
- Kung posible, wala pang isang buwan bago ang pagtapos ng isang panahon ng pagpapatalsik, maaaring magsumite ang Magulang ng isang pinatalsik na mag-aaral ng isang petisyong nilalayon ang muling pagtanggap ng naturang mag-aaral sa regular na programa ng paaralan. Ang layunin ng proseso ay ituring ang petisyon, magbigay ng desisyon, at pahintulutan ang mag-aaral na bumalik sa regular na pagdalo sa paaralan isang kalendaryong taon mula sa petsa ng pagpapaalis ng mag-aaral. Kung ang petisyon ay natanggap sa loob ng huling dalawang linggo ng kalendaryo ng isang panahon ng pagpapatalsik, walang magiging katiyakan o pangako na ang mag-aaral ay muling tatanggapin sa pagtapos ng termino ng pagpapatalsik. Ang petisyon ay dapat magsama ng impormasyon o dokumentasyong nauugnay sa mga kundisyong inendorso para sa muling pagtanggap ng mag-aaral, kung mayroon man, at anumang iba pang impormasyon o dokumentasyong itinuring na may-katuturan ng Magulang.
- Isasaalang-alang ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ang petisyon at maaaring magsagawa ng isang harapang pagpupulong kung, sa loob ng sariling pagpapasya ng Superintendente o itinalaga, ang naturang pagpupulong ay kinakailangan upang magkaroon ng tamang desisyon tungkol sa muling pagtanggap ng estudyante sa regular na programa ng paaralan.
- Magkakaloob ang Superintendente o itinalaga ng isang nakasulat na desisyon tungkol sa muling pagtanggap ng mag-aaral.
- Kung ang desisyon ay pahintulutan ang muling pagtanggap, ang desisyon ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo o ihahatid sa Magulang ng mag-aaral at magsasama ng mga tagubilin na gumagabay sa muling pagtanggap ng mag-aaral sa regular na programa ng paaralan.
- Kung ang desisyon ay tanggihan ang muling pagtanggap, isasama ng nakasulat na desisyon ang mga dahilan sa naturang konklusyon at mga kondisyon na magpapahintulot sa muling pagtanggap sa isang tinukoy na petsa sa hinaharap. Ang nakasulat na desisyon ay ipapadala sa koreo o ihahatid sa Magulang at isasama ang paunawa na ang Magulang ay maaaring iapela ang pagtanggi sa muling pagtanggap.
- Sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos matanggap ng isang Magulang ang desisyon na tanggihan ang muling pagtanggap sa isang pinatalsik na mag-aaral, maaaring maghatid ang Magulang ng pag-apela ng desisyong iyon sa taong nagbigay ng desisyon. Ang pag-apela ay dapat nakasulat at dapat tukuyin ang mga dahilan kung bakit mali ang desisyon at dapat itama o baguhin ito.
- Sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos matanggap ng tagagawa ng desisyon ang isang pag-apela sa pagtanggi sa muling pagtanggap, isasaalang-alang ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan ang nakasulat na talaan ng pag-apela at ibibigay ang nakasulat na desisyon sa pag-apela. Ang desisyon ay maaaring patibayin ang paunang desisyon o baguhin o baligtarin ang desisyong iyon. Ang desisyon ay ipapadala sa koreo o ihahatid sa Magulang ng pinatalsik na mag-aaral.

- Kung hindi nasiyahan ang Magulang sa desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan, ang naturang desisyon ay maaaring iapela at isaalang-alang ng Lupon ng Paaralan gamit ang parehong pamamaraan ng pag-apela na tinukoy sa itaas; sa kondisyon na ang Lupon ng Paaralan ay magkakaroon ng tatlumpung (30) araw ng kalendaryo para isaalang-alang at pagpasiyahan ang pag-apela.

***Mga Insidenteng Kinasasangkutan ng Unang Pagtataglay ng Alak, Droga o Kontroladong Gamot***

- Alinsunod sa Kodigo §22.1-277.08, pinahihintulutan ng Lupon ng Paaralan ang Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente na suriin ang mga insidenteng kinasasangkutan ng mga di-umano'y unang beses na paglabag sa alkohol, marihuwana o kinokontrol na gamot at italaga ang mag-aaral sa isang alternatibong programa sa edukasyon kung saan kakailanganing kumpletuhin ng mag-aaral ang isang programa ng interbensyon/pag-iwas sa droga sa ilalim ng pangmatagalang pagsususpinde na tinutukoy ng Superintendente o ang itinalaga ng Superintendente ang haba nito. Ang mga mag-aaral na itinuring na karapat-dapat para sa "katayuan sa unang pagkakataon ng pagkakasala" ay hindi magkakaroon ng anumang nakaraang marihuwana, alkohol, o kinokontrol na mga paglabag sa gamot alinman sa paaralan, komunidad o estado ng Virginia. Ang pagtanggap sa programang CAMP ay kusa at nakabatay sa nilagdaang nakasulat na kontrata ng mag-aaral at Magulang. Ang kabiguang kumpletuhin ang mga pangangailangan ng programang CAMP ay magreresulta sa pag-refer sa isang alternatibong programang pang-edukasyon upang mapatupad ang pangmatagalang suspensiyon para sa natitirang bahagi ng 364 na araw. Ang mga desisyon ay nakasulat at tutukuyin ang mga tuntunin at kondisyong naaangkop sa pangmatagalang suspensiyon.
- Ipagbibigay-alam sa mag-aaral at Magulang na magsasagawa ang Tanggapan ng Asal ng Mag-aaral at Disiplina ng isang administratibong panayam sa Gusali ng Administrasyon ng Paaralan tungkol sa insidente na may kasamang buod ng programang CAMP. Kung tatanggihan ang programang CAMP, maaaring iapela ng Magulang ang orihinal na rekomendasyon sa pagpapatalsik sa harap ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan para sa resolusyon. Susunod ang Magulang sa mga pamamaraan sa pag-apela na nakabalangkas sa naunang "Pangmatagalang suspensiyon o Pagpapatalsik" na seksyon ng Handbook na ito.
- Dapat nakasulat ang mga pag-apela at dapat matanggap ng Superintendente o itinalaga ng Superintendente sa loob ng pitong (7) araw ng pasukan mula sa petsa ng administratibong panayam. Ang sulat ng pag-apela ay dapat ipahayag ang mga espesipikong dahilan para sa pag-apela. Mag-iskedyul ng pagdinig ang Superintendente o itinalaga ng Superintendente sa harap ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.
- Ang mga pag-apela ng mga hindi lubos na nagkakaisang desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan ay susunod sa mga pamamaraang naaangkop sa Apela sa Lupon ng Paaralan sa mga hindi lubos na nagkakaisang desisyon ng Komite sa Pagsusuri ng Lupon ng Paaralan.

***Proseso ng Pagpili ng Programa ng Interbensiyon***

- Irerekomenda ng mga punong-guro ang pagpapatalsik sa lahat ng marihuwana, alak, at kinokontrol na mga paglabag sa gamot, na ipapasa ang mga pakete sa Superintendente o itinalaga ng Superintendente.
- Susuriin ang mga pakete kasama ang buong kasaysayan ng mga insidente ng disiplina sa mga talaan ng paaralan at ang database ng paratang ng pamayanan.

***Mga Bahagi ng Programa ng Interbensiyon***

- 4 na araw ang haba sa isang alternatibong lugar para sa paglahok sa Rise Above na programa, isang programang may kaalaman sa trauma, pag-unlad ng kasanayang panlipunan at emosyonal, at sa pag-iwas sa maling paggamit ng droga o alak.
- Mananatiling aktibo ang mag-aaral sa naka-zone na database ng paaralan at ang data ng pagpasok ay ipapahayag para makapasok siya
- Magbibigay ang naka-zone na paaralan ng akademikong gawain sa mga pangunahing asignatura
- Akademikong Tulong
- Programang Interbensiyon
- Kontrata para sa muling pagpasok at patuloy na pagpasok sa naka-zone na paaralan:
- Ang mga mag-aaral na itinalaga sa programang CAMP ay nasa ilalim ng isang pangmatagalang suspensyon na 364 na araw. Makakatamo sila ng pagkakataong mailagay sa isang tradisyonal (laban sa alternatibo) na paaralan batay sa matagumpay na pagtapos ng programang CAMP at:
- Serbisyong Pangkomunidad - 40 oras ng paglilingkod sa komunidad na dapat makumpleto sa loob ng 60 oras mula sa naganap na insidente.
- Pakikilahok sa mga sesyon kasama ang Espesyalista ng SUporta sa Mag-aaral (mga mag-aaral sa Middle at High school lang)
- Pagsang-ayon sa mga random na paghahalughog at/o pag-screen sa droga at pagkakaroon ng dalawang magkakasunod na negatibong pag-screen sa ihi.
- Walang mga bagong pagsangguni para sa disiplina na magreresulta sa isang suspensyon sa labas ng paaralan.

- Ang kabiguang sundin ang mga pangangailangan sa kontrata ay magreresulta sa isang pag-refer sa isang alternatibong programang pang-edukasyon para sa natitirang bahagi ng suspensiyon na 364 na araw na may normal na pagbabawal sa pakikilahok sa mga aktibidad ng paaralan.

## Paratang mula sa Komunidad

***Alinsunod sa Kodigo ng Virginia 22.1-277.2:1, ang mga sumusunod na kategorya ng mga mag-aaral ay kailangang pumasok sa mga alternatibong programang pang-edukasyon:***

- Sinumang mag-aaral na pinaratangan ng isang pagkakasala na may kinalaman sa mga batas ng Komonwelt ng Virginia sa (1) isang pagkakasalang may kinalaman sa baril;
  (2) pagpatay sa kapwa; (3) kriminal na pag-atake at pagsugat sa katawan; (4) kriminal na pag-atakeng sekswal; (5) paggawa, pagbebenta, pagreregalo, pamamahagi o pagtataglay ng mga kontroladong sustansiya ng Iskedyul I o II; (6) paggawa, pagbebenta o pamamahagi ng marihuwana;
  (7) panununog at mga kaugnay na krimen; (8) pagnanakaw at mga kaugnay na pagkakasala; (9) pagnanakaw; (10) ipinagbabawal ang aktibidad ng kriminal na gang sa kalye; (11) pangangalap ng iba pang mga kabataan para sa isang kriminal na aktibidad ng gang sa kalye; (12) isang pagkilos ng karahasan ng isang mandurumog; (13) pagdukot ng sinumang tao; o (14) isang banta, ay kinakailangang ibunyag sa superintendente ng dibisyon ng paaralan alinsunod sa subseksiyon G ng Kodigo §16.1-260;
- Sinumang mag-aaral na napatunayang may-kasalanan o hindi inosente sa alinman sa mga nakalistang pagkakasala sa itaas.
- Dapat kumpletuhin ang isang Pagsusuri sa Pagpapasiya sa Kinalabasan para sa mga mag-aaral na may Indibidwal na Planong Pang-Edukasyon (IEP) at/o isang Planong 504 bago ang alternatibong pagkakalagay.
- Dapat italaga ang mga mag-aaral na bumalik mula sa pagkakakulong sa isang alternatibong programa sa edukasyon ng hindi bababa sa isang (1) semestre upang lumipat sa isang tradisyonal na setting ng paaralan. Dapat magpatala ang mga mag-aaral na may Individualized Education Plan (IEP) sa pamamagitan ng Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at Mga Serbisyong Suporta sa Mag-aaral (757-591-4500, Opsyon 5), bago ang pagpapasiya ng alternatibong programa sa edukasyon. Ang Komite ng IEP ang gagawa ng pagpapasiya. Dapat kaagad na makikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral ang mga bumabalik na mag-aaral upang mag-iskedyul ng isang pulong ng muling pagpasok upang talakayin ang alternatibong pagkakalagay.
- Kapag natapos na ang legal na usapin, mangyaring makipag-ugnayan sa **Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral sa 757-591-4924**
  upang mag-set up ng isang pulong upang suriin ang kaso at bumuo ng isang plano para sa muling pagpasok sa zoned na paaralan.
- Ang isang mag-aaral na kasiya-siyang nakamit ang mga minimum na kinakailangan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia para makapagtapos (o makakuha ng diploma sa high school) ngunit sinampahan o napatunayang nagkasala ng isang paglabag na may kaugnayan sa Commonwealth of Virginia Laws na nangangailangan sa kanila na dumalo sa isang alternatibong programa sa edukasyon alinsunod sa Virginia Code 22.1-277.2:1 ay hindi maaaring lumahok sa mga pagsasanay sa pagsisimula, maliban kung natapos ang legal na usapin at natanggap ang kinakailangang dokumentasyon. Ang kumpirmasyon sa pamamagitan ng sulat na napatunayang hindi nagkasala ang mag-aaral o hindi naproseso ang mga singil o na-dismiss ay dapat ibigay sa Tanggapan ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral dalawang linggo bago ang petsa ng isang naka-iskedyul na ehersisyo sa pagsisimula, para makalahok ang isang mag-aaral sa pagsisimula. (Tingnan ang Patakaran ng Lupon ng Paaralan IKFB-Paglahok sa Seremonya ng Pagsisimula.)

***Para sa mga layunin ng patakarang ito ibig sabihin ng terminong "pinaratangan" na isinampa o nakabinbin ang isang petisyon o warrant laban sa isang mag-aaral.***

***Gagagamitin ang mga sumusunod na pamamaraan:***

- Sa pagbibigay-alam ng korte na ang isang mag-aaral ay pinaparatangan o napatunayang may-kasalanan sa mga kasong kriminal laban sa kanya, ilalagay ang mag-aaral sa isang alternatibong programa para sa isang panahon o sa pagtanggap ng huling disposisyon ng korte. Ang Magulang at mag-aaral ay maaaring humiling sa pagsulat ng pagrerepaso ng alternatibong pagkakalagay sa loob ng tatlong (3) araw ng pasukan matapos matanggap ang paunawa ng pagkakalagay. Mananatili ang mag-aaral sa alternatibong pagkakalagay sa panahon ng proseso ng pagsusuri. Ang nakasulat na kahilingang ito para sa pagsusuri ay isinumite sa Administrador o itinalaga ng Programa sa Asal at Disiplina ng Mag-aaral. Magiging pinal ang pagkakalagay kung walang isasampang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri.
- Sa loob ng tatlong (3) araw ng pasukan pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri, ang Administrador ng Programa ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral o itinalaga, ay susuriin ang bagay at/o magsasagawa ng pagdinig kasama ang mga Magulang at kukumpirmahin o hindi sasang-ayunan ang alternatibong pagkakalagay.
- Ang desisyon ng Administrador ng Programa ng Asal at Disiplina ng Mag-aaral, o itinalaga, ay magiging pinal maliban kung maghain ang Magulang ng nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos matanggap ang naturang desisyon sa Superintendente. Dapat kabilang sa nakasulat na kahilingan ang mga espesipikong dahilan para suportahan ang kahilingan.
- Sa loob ng limang (5) araw ng pasukan pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri, ang

Superintendente ay susuriin ang bagay at kukumpirmahin o hindi sasang-ayunan ang alternatibong pagkakalagay.

- Magiging pinal ang desisyon ng Superintendente maliban kung ang Magulang ay magsasampa ng isang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos matanggap ang naturang desisyon sa Lupon ng Paaralan. Dapat kabilang sa nakasulat na kahilingan ang mga espesipikong dahilan para suportahan ang kahilingan.
- Isasaalang-alang ng Lupon ng Paaralan ang nakasulat na kahilingan sa isang saradong pulong sa isang regular o espesyal na pulong na gaganapin sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos ng kahilingan para suriin ang desisyon ng Superintendente. Magbibigay ang Superintendente ng nakasulat na sagot na tumutugon sa mga dahilan sa nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri. Ibabatay lamang ng Lupon ng Paaralan ang desisyon nito sa talaan ng bagay na ito at maaari nitong baguhin ang desisyon sa pagkakalagay ng Superintendente. Ang nakasulat na desisyon ng Lupon ng Paaralan ay ibibigay sa Magulang, legal na tagapayom kung mayroon man, at mag-aaral sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos ng mga pulong ng Lupon.

NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

# Mga Taunang Paunawa at Form

MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NG NEWPORT NEWS
Form ng Pagtutulungan ng Mag-aaral, Magulang at Paaralan 2025-2026

Pangalan ng Mag-aaral: Numero ng Mag-aaral:

Paaralan: Petsa ng Kapanganakan ng Mag-aaral:

Paki-tsek ang bawat kahon para ipakita ang pagsang-ayon:

- ☐ Sinuri at ipinakipag-usap ko ang nilalaman ng ***2025-2026 Handbook ng mga Karapatan at Responsibilidad*** na ibinigay sa akin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News sa aking anak.

- ☐ Nabasa ko na ang *Mga Pangangailangan sa Pananagutan at Pakikilahok ng Magulang* at dadalo ako sa mga kumperensiya at sisikapin kong lutasin ang anumang mga problema sa disiplina ng mag-aaral kasama ang paaralan.

- ☐ Nakatanggap ako ng kopya ng Patakaran sa Pagpasok para sa Mga Paaralang ng Newport News na nakapaloob sa ***2025-2026 Handbook ng mga Karapatan at Responsibilidad***. Inaatas ng batas ng Estado ng Virginia ang reperal ng magulang/mag-aaral sa Juvenile & Domestic Relations Court kapag nagbubulakbol ang mga mag-aaral sa paaralan, Kodigo ng Virginia §22.1-258.

- ☐ Nabasa ko na ang *Taunang Paunawa sa Mga Mag-aaral/Magulang Tungkol sa Impormasyon ng Direktoryo*. Kinikilala ko na ako o ang aking anak, kung karapat-dapat, ay maaaring piliing hindi makibahagi sa pagpapalabas ng anuman at lahat ng impormasyon sa direktoryo ng NNPS sa pamamagitan ng pasulat na pagbibigay-alam sa punong-guro ng gusali bago ang ika-30 ng Setyembre ng bawat taon ng pasukan o sa loob ng 30 araw ng pagpapatala.

Sa paglagda sa pahayag ng pagtanggap, ang mga magulang ay hindi ipapalagay na ipinapaubaya, ngunit hayagang inilalaan ang kanilang mga karapatang pinoprotektahan ng mga saligang-batas o batas ng Estados Unidos o Komonwelt at ang isang magulang ay magkakaroon ng karapatang magpahayag ng hindi pagsang-ayon sa mga patakaran o desisyon ng paaralan o dibisyon ng paaralan.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga:

Lagda ng Mag-aaral Petsa

## Taunang Paunawa sa Mga Magulang/Karapat-dapat na Mga Mag-aaral Tungkol sa Mga Talaang Pang-edukasyon ng Mag-aaral sa Ilalim ng Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribadong Pang-Edukasyon ng Pamilya

Karapatan at Pampribadong Batas ng Pamilya Ang Pang-edukasyong Karapatan at Pampribadong Batas ng Pamilya (Family Educational Rights and Privacy Act o FERPA) ay nagbibigay kakayanan sa mga magulang at karapat-dapat na mga mag-aaral kapag nakarating sila sa 18 taong gulang ang ilang karapatan na may paggalangsa mga pang-edukasyong talaan. Ang mga karapatang ito ay:

(1) Ang karapatang inspeksyunin at suriin ang mga talaang pang-edukasyon ng mag-aaral sa loob ng 45 araw mula sa araw na matanggap ng Paaralan ang kahilingan para sa pag-akses. Dapat magsumite ang mga magulang o karapat-dapat na mag-aaral sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS) ng nakasulat na kahilingan na tinutukoy ang (mga) talaang nais nilang inspeksyunin. Ang NNPS ay aasikasuhin ang pag-akses at ipagbibigay-alam sa magulang o karapat-dapat na mag-aaral ang oras at lugar kung saan maaaring inspeksyunin ang mga talaan.

(2) Ang karapatang hilingin sa NNPS na baguhin ang talaang pang-edukasyong na pinaniniwalaang mali ng magulang o karapat-dapat na mag-aaral ay mali. Ang mga magulang o karapat-dapat na mag-aaral ay dapat sumulat sa punong guro ng paaralan; malinaw na tukuyin ang bahagi ng talaang gusto nilang baguhin, at sabihin kung bakit mali ito.

Kung napagpasiyahan ng Paaralan na hindi baguhin ang talaan ayon sa hiniling ng magulang o karapat-dapat na mag-aaral, ipagbibigay-alam ng Paaralan sa magulang o karapat-dapat na mag-aaral ang desisyon at papayuhan siya tungkol sa kanyang karapatan sa paglilitis tungkol sa kahilingan para sa pagbabago. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng paglilitis ay ibibigay sa magulang o karapat-dapat na mag-aaral sa oras na ipagbibigay-alam sa kanya ang karapatan sa paglilitis.

(3) Ang karapatang pahintulutan ang pagsisiwalat ng impormasyong personal na matutukoy na nilalaman sa talaang pang-edukasyon ng mag-aaral, maliban kung pahintulutan ng FERPA ang pagsisiwalat nang walang pahintulot.

Ang isang eksepsiyon, na nagpapahintulot sa pagsisiwalat nang walang pahintulot, ay ang pagsisiwalat sa mga opisyal ng paaralan na may lehitimong interes sa edukasyon. Ang opisyal ng paaralan ay isang taong nagtatrabaho sa Distrito bilang administrador, superbisor, instruktor, o miyembro ng kawani ng suporta (kabilang ang mga kawani ng kalusugan o medikal at mga tauhan ng yunit ng pagpapatupad ng batas); isang taong naglilingkod sa Lupon ng Paaralan; isang tao o kumpanya kung kanino nakipagkontrata ang Distrito para magsagawa ng espesyal na gawain (tulad ng isang abogado, auditor, consultant ng medikal, o therapist); o isang magulang o mag-aaral na naglilingkod sa isang opisyal na komite, tulad ng komite sa pagdidisiplina o karaingan, o pagtulong sa ibang opisyal ng paaralan upang magampanan ang kanyang propesyonal na responsibilidad.

Kapag hiniling ito, isisiwalat ng Distrito ang mga talaang pang-edukasyong nang walang pahintulot sa mga opisyal ng ibang dibisyon ng paaralan kung saan binabalak o ninanais na magpatala ang isang mag-aaral. Pinananatili ang isang tumpak at kumpletong talaang pang-edukasyon sa bawat mag-aaral na nakatala sa mga pampublikong paaralan ng Newport News. Naglalaman ang talaang pang-edukasyon ng mag-aaral na ito ng impormasyon tulad ng address ng tahanan, petsa ng kapanganakan, natapos na gawaing eskolastiko, antas ng tagumpay, pamantayang mga marka ng pagsusulit, pagdalo at impormasyong pangkalusugan. May pinananatiling karagdagang impormasyon sa talaang pang-edukasyon ng mag-aaral para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng mga pinagkaibang programa at/o espesyal na serbisyo.

Matatagpuan ang mga talaang pang-edukasyon ng mag-aaral sa paaralan kung saan nakatala ang mag-aaral. Matatagpuan ang karagdagang mga kopya ng ilang talaan sa Kagawaran ng Sentral na Talaan sa Sentral na Gusali ng Administrasyon sa Warwick Boulevard.

**CR - 05/12**

Ang Superintendente ng mga Paaralan o itinalaga, na ang tanggapan ay matatagpuan sa 12465 Warwick Boulevard, ay responsable sa pagpapanatili ng lahat ng talaan ng mag-aaral. Maliban sa mga sitwasyong pang-emergency, ang pagsunod sa mga pagpapatupad ng batas sa utos na panghukuman at kautusan para humarap sa husgado o para sa mga layuning pang-edukasyon na nagpapatuloy sa mga regulasyon ng paaralan ng estado, ang pagsisiwalat ng impormasyon mula sa pang-edukasyon talaan ng isang mag-aaral ay ginagawa lamang na may pahintulot ng magulang o karapat-dapat na mag-aaral (kapag siya ay umaabot sa 18 taong gulang).

Alinsunod sa Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribadong Pang-Edukasyon ng Pamilya (FERPA), ang dalawang magulang, may kustodya man o wala, ay may pantay na akses sa impormasyon ng mag-aaral maliban kung ang paaralan ay may katibayan ng isang utos ng korte na binabawi ang mga karapatang ito. Kapag umabot sa edad na 18 taon ang mga mag-aaral o kapag naging mga mag-aaral sila sa mga institusyong pang-edukasyon pagkatapos ng sekondarya, sila ay magiging "mga karapat-dapat na mag-aaral" at mga karapatan sa ilalim ng paglipat ng FERPA sa kanila;
gayunpaman, pinananatili ng mga magulang ang access sa mga rekord ng mag-aaral ng mga bata na kanilang mga dependent para sa mga layunin ng buwis.

Pinananatili ang mga talaang pang-edukasyon ng mag-aaral sa papel o electronikong format sa huling paaralan kung saan nakatala o sa Kagawaran ng Sentral na Talaan sa Sentral na Gusali ng Administrasyon para sa lahat ng mag-aaral, kahit ang mga nangangailangan ng mga pinagkaibang programa at/o espesyal na serbisyo nang 5 taon pagkatapos magtapos ang mag-aaral, makumpleto ang isang programang pinagtibay ng Lupon ng Edukasyon, o umalis sa paaralan (umatras). Ang permanenteng talaan ay pinananatili alinsunod sa mga regulasyon at patnubay ng Lupon ng Edukasyon ng Estado, ang Kodigo ng Virginia at ang Dibisyon ng Pamamahala ng Talaan ng Akalatan ng Virginia, na namamahala sa pagpapanatili at pagkawasak ng lahat ng talaan ng pampublikong ng ahensiya. Pupunitin ng NNPS ang lahat ng materyal na hindi na kapaki-pakinabang sa edukasyon sa katapusan ng panahon ng 5 taon. Kung nais ng mga magulang na suriin at/o magkaroon ng kopya ng data na ito, dapat silang makipag-ugnayan sa indibidwal na paaralan o Kagawaran ng Sentral na Talaan bago matapos ang panahon ng pagpapanatili. Ang impormasyon na personal na makikilala sa pang- edukasyon na talaan ng mag-aaral ay maaaring uriin bilang Direktoryo ng Impormasyon. Hindi ilalabas o gagawing pampubliko ang naturang impormasyon sa mga mag-aaral subalit maaaring isiwalat alinsunod sa Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribadong Pang-Edukasyon ng Pamilya (FERPA), **kabilang sa nakakabit** *na Paunawa ng Impormasyon sa Direktoryo*.

Isang bayarin, na itinakda ng dibisyon ng paaralan na hindi lalampas sa halaga ng reproduksyon, ay sisingilin sa pagkopya ng impormasyon sa talaang pang-edukasyon ng mag-aaral. Walang bayarin ang sisingilin para sa paghahanap at pagkuha ng mga kopya ng Indibidwal na Planong Pang-Edukasyon (IEP) o mga talaan ng kalusugan at pagpapabakuna. Ang mga opisyal na kopya ng talaang pang-edukasyon ng mag-aaral ay ipadadala sa mga paaralan na tatanggap ng mga lilipat na mag-aaral nang walang bayad. Ang mga hindi opisyal na kopya ng mga talaang pang-edukasyon ng mag-aaral ay ibibigay sa $0.10 bawat pahina. Ang unang tatlong kopya ng transcript na hiniling ng isang mag-aaral ng mataas na paaralan (para sa kolehiyo, employer, atbp.) ay libre. Ang lahat ng iba pang kopya ng transcript ay sisingilin ng $2.00 bawat transcript. Kabilang dito ang mga opisyal at hindi opisyal na kopya.

(4) Ang karapatang magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. tungkol sa di umanong kabiguan ng Dibisyon na sumunod sa mga pangangailangan ng FERPA ay:

Family Policy Compliance Office
Edukasyon ng U.S. 400
Maryland Avenue, SW
Washington, D.C. 20202-4605

## Taunang Paunawa sa Mga Mag-aaral/Magulang Tungkol sa Impormasyon sa Direktoryo

Ang Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribadong Pang-Edukasyon ng Pamilya (FERPA), isang pederal na batas, ay inaatas ang Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS), maliban sa ilang eksepsiyon, na kunin ang iyong nakasulat na pahintulot bago isiwalat ang impormasyong personal na matutukoy mula sa mga talaang pang-edukasyon ng iyong anak. Gayunpaman, maaaring isiwalat ng NNPS ang angkop na itinalagang "impormasyon sa direktoryo" nang walang nakasulat na pahintulot, maliban kung ipinagbigay-alam mo sa Distrito ang kasalungat alinsunod sa mga pamamaraan ng Distrito. Ang pangunahing layunin ng pagtatalaga ng impormasyon sa direktoryo ay upang pahintulutan ang NNPS na isama ang ganitong uri ng impormasyon mula sa talaang pang-edukasyon ng iyong anak sa ilang publikasyon at produktong video ng paaralan.

Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Isang playbill, na nagpapakita ng papel na ginagampanan ng iyong mag-aaral sa isang produksyon ng drama;
- Ang taunang yearbook;
- Listahan ng karangalan o iba pang mga listahan ng pagkilala;
- Mga programa sa pagtatapos;
- Mga talaan ng aktibidad sa isports, tulad ng para sa wrestling, na ipinapakita ang timbang at tangkad ng mga miyembro ng koponan; at
- Mga video na pampromosyon o pang-edukasyon.

Ang impormasyon sa direktoryo, na siyang impormasyon na karaniwang hindi itinuturing na nakakapinsala o panghihimasok sa pagkapribado kung ilalabas, ay maaari ring isiwalat sa mga organisasyon nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng magulang. Kabilang sa mga organisasyon ang, ngunit hindi limitado sa, mga kompanyang gumagawa ng singsing ng klase o naglalathala ng mga yearbook. Bilang karagdagan, dalawang pederal na batas ang nangangailangan ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (local educational agencies o LEAs) na tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Batas ng Edukasyong Elementarya at Sekundarya ng 1965 (Elementary and Secondary Education Act o ESEA) para magbigay ng militar na tagakalap, sa kahilingan, na may tatlong kategorya sa direktoryo ng impormasyon - mga pangalan, tirahan at listahan ng telepono at email ng mag-aaral — maliban kung pinayuhan ng mga magulang ang LEA na ayaw nilang isiwalat ang impormasyon ng kanilang mag-aaral nang walang naunang nakasulat na pahintulot.

Kapag hiniling ito, ilalabas din ang mga pangalan at tirahan ng mga mag-aaral sa mga recruiter mula sa mga kolehiyo, unibersidad, at karera teknikal na paaralan nang walang nakasulat na pahintulot ng magulang maliban kung ipinahayag ng magulang. Ang layunin ng pagpapalabas ng naturang impormasyon ay bigyan ang mga mag-aaral ng malawak na hanay ng mga pagkakataon sa edukasyon at trabaho.

Kung ayaw mong isiwalat ng NNPS ang impormasyon sa direktoryo mula sa mga talaang pang-edukasyong ng iyong anak nang wala ang iyong paunang nakasulat na pahintulot, dapat mong pasulat na ipagbigay-alam ito sa Punong-guro ng Gusali bago ang ika-30 ng Setyembre ng bawat taon ng paaralan.

Itinalaga ng NNPS ang sumusunod na impormasyon bilang impormasyon sa direktoryo:

1. Pangalan ng mag-aaral
2. Litrato
3. Imahe ng video para sa mga layuning pampromosyon o pang-edukasyon lamang
4. Mga taon ng pagpasok
5. Antas ng Baytang
6. Pakikalahok sa mga opisyal na kinikilalang aktibidad at isports
7. Timbang ang tangkad ng mga miyembro ng mga atletikong koponan
8. Mga titulo, karangalan at gawad na natanggap
9. Ang pinakahuling pang-edukasyong ahensiya o institusyong pinasukan
10. Address, listahan ng telepono at email ng mag-aaral lamang sa mga recruiter ng militar at mga institusyon ng mas mataas na pag-aaral

Family Policy Compliance Office
Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

400 Maryland Avenue, SW
Washington, D.C. 20202-4605

**CR -07/24**

**Taunang Paunawa sa Mga Magulang/Karapat-Dapat na Mag-aaral Tungkol sa Pagbabago Para sa Proteksyon ng Mga Karapatan ng Mag-aaral (PPRA)**

Ang PPRA ay nagbibigay sa mga magulang ng ilang karapatan tungkol sa aming pagsasagawa ng mga survey, pangangalap at paggamit ng impormasyon para sa mga layunin ng marketing, at ilang pisikal na pagsusuri. Kabilang dito ang karapatan sa:

- *Pahintulot* bago kailangang mapasailalim ang mga mag-aaral sa isang survey na nauukol sa isa o higit pa sa mga sumusunod na mga protektadong larangan ("survey ng protektadong impormasyon") kung pinondohan ang survey nang buo o isang bahagi ng isang programa ng Kagawaran ng Edukasyon (ED)- ng U.S.
  1. Mga politikong kaakibat o paniniwala ng mag-aaral o ng magulang ng mag-aaral;
  2. Mga mental o sikolohikal na problema ng mag-aaral o ng pamilya ng mag-aaral;
  3. Sekswal na pag-uugali o saloobin;
  4. Pag-uugali na ilegal, hindi marunong makisama, makapaglalantad ng pagkakasala ng sarili, o mapanlait;
  5. Ang mga kritikal na pagtasa sa mga tao kung kanino may malapit na relasyon ng pamilya ang tumutugon;
  6. Mga relasyong legal na kinikilalang bilang may pribilehiyo, tulad ng sa amga abogado, doktor, o ministro;
  7. Mga kasanayan sa relihiyon, pakikiugnay, o paniniwala ng mag-aaral o mga magulang; o
  8. Kita, maliban kung inaatas ng batas upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa programa.

- *Makatanggap ng paunawa at pagkakataon na piliing huwag payagang lumahok ang mag-aaral sa -*
  1. Anumang iba pang survey ng protektadong impormasyon, saan man nanggaling ang pagpopondo;
  2. Anumang hindi pang-emergency at nanghihimasok na pisikal na pagsusuri o pag-screen na kinakailangan bilang isang kondisyon ng pagpasok, na isinasagawa ng paaralan o ahente nito, at hindi kinakailangan upang protektahan ang agarang kalusugan at kaligtasan ng isang mag-aaral, maliban sa mga pag-screen sa pandinig, paningin, o scoliosis, o anumang pisikal na pagsusuri o pag-screen na pinahihintulutan o inaatas sa ilalim ng batas ng Estado; at
  3. Ang mga aktibidad na kinasasangkutan ng pangangalap, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyon na nakuha mula sa mga mag-aaral para sa marketing o para ibenta o kung hindi ay ipamahagi ang impormasyon sa iba.

- *Inspeksyunin,* **kapag hiniling ito at bago ang administrasyon o paggamit -**
  1. Survey ng protektadong impormasyon ng mga mag-aaral;
  2. Mga instrumentong ginagamit upang mangalap ng personal na impormasyon mula sa mga mag-aaral para sa alinman sa mga layunin sa marketing, pagbebenta o iba pang mga layunin ng pamamahagi; at
  3. Materyal sa pagtuturo na ginagamit bilang bahagi ng kurikulum sa edukasyon.

Ang mga karapatang ito ay lilipat mula sa mga magulang sa isang mag-aaral na 18 taong gulang o isang empansipadong menor de edad sa ilalim ng batas ng Estado.

Ang **Distrito ng Pampublikong Paaralan ng Newport News** ay bumuo at nagpatibay ng mga patakaran, sa pakikipagsanggunian sa mga magulang, sa mga karapatang ito, pati na rin mga pagsasaayos upang protektahan ang pagkapribado ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga survey ng protektadong impormasyon at pangangalap, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyon para sa mga layunin ng marketing, pagbebenta, o iba pang mga layunin ng pamamahagi. Direktang ipagbibigay-alam ng NNPS sa mga magulang ang mga patakarang ito bawat taon sa simula ng bawat taon ng paaralan at pagkatapos ng anumang mga makabuluhang pagbabago. Direkta ring aabisuhan ng NNPS , sa pamamagitan ng pagpapadala sa U.S. Mail o email, ang mga magulang ng mga mag-aaral na nakatakdang makibahagi sa mga espesipikong aktibidad at survey na nakatala sa ibaba at magbibigay ng pagkakataon sa magulang para piliing huwag payagang lumahok ang kanyang anak sa espesipikong aktibidad o survey. Gagawin ng NNPS ang paunawang ito sa mga magulang sa simula ng bawat taon ng pasukan kung natukoy na ng Distrito ang mga espesipiko o tinatayang petsa ng mga aktibidad o survey sa panahong iyon. Para sa mga survey at aktibidad na itinakda pagkatapos magsimula ang taon ng pag-aaral, ang mga magulang ay bibigyan ng makatuwirang paunawa tungkol sa mga nakaplanong aktibidad at survey na nakalista sa ibaba at bibigyan ng pagkakataon na piliing huwag payagang lumahok ang kanilang anak sa mga naturang aktibidad o survey. Ang mga magulang ay bibigyan din ng pagkakataon na suriin ang alinmang may kaugnayang survey. Nasa ibaba ang isang listahan ng mga espesipikong aktibidad at survey na sinasakop ng pangangailangang ito.

- Pangangalap, pagsisiwalat o paggamit ng personal na impormasyon para sa marketing, pagbebenta o iba pang uri ng pamamahagi.
- Pagsasagawa ng anumang survey ng protektadong impormasyon na hindi pinopondohan nang buo o isang bahagi ng ED.
- Anumang hindi pang-emergency at nanghihimasok na pisikal na eksamen o pag-screen ayon sa inilarawan sa itaas.

*Ang mga magulang na naniniwala na ang kanilang mga karapatan ay nilabag ay maaaring magsampa ng reklamo sa:*

Family Policy Compliance Office
Edukasyon ng U.S. 400
Maryland Avenue, SW
Washington, D.C. 20202-5901

**CR -06/09**

## Handa na ba ang Iyong Anak na Ipatala sa Newport News Public Schools?

**2025-2026 Taong-Panuruan**

**Matuto tungkol sa mga pangangailangan sa kalusugan para sa pagpapatala.**
https://www.vdh.virginia.gov/backtoschool/

Dapat makatanggap ang lahat ng mag-aaral ng mga sumusunod na bakuna para makapagpatala at pumasok sa paaralan. Dapat makatanggap din ng isang pisikal na pagsusuri ang mga mag-aaral ng mga programang Pre-K at paaralang elementarya. Suriin ang mga pangangailangan sa bakuna ng iyong anak batay sa kanilang antas ng baytang sa taon ng pag-aaral na ito. Ang bilang ng mga dosis na kailangan ng iyong anak ay maaaring mag-iba batay sa edad at mga nakaraang dosis na natanggap. Maaaring mangailangan ng mga karagdagang dosis ang iyong anak kung sobrang agang ibinigay ang mga nakaraang dosis.

| MGA KINAKAILANGAN SA KALUSUGAN/PAGBABAKUNA | PRE-K (PEEP, ECC) | KINDERGARTEN-BAYTANG 5 | MGA BAYTANG 6-11 | BAYTANG 12 |
|---|---|---|---|---|
| **Pisikal na Pagsusuri**<br>(Kung ibinigay ang pisikal para sa NNPS Pre-K na programa, hindi kinakailangan ang isa pa na pumasok sa elementarya) | **1 Eksaminasyon:** Ginagawa sa loob ng 12 buwan ng inisyal na pagpasok | **1 Eksaminasyon:** Ginagawa sa loob ng 12 buwan ng unang pagpasok sa paaralan sa anumang dibisyon ng paaralan | | |
| **Haemophilus influenza type b (Hib)** | **1 hanggang 4 dosis** | | | |
| **Pneumococcal conjugate (PCV)** | **1 hanggang 4 dosis** | | | |
| **Hepatitis A (Hep A)** | **Pre-K hanggang Baytang 3: 2 dosis** | | | |
| **Hepatitis B (Hep B)** | **3 dosis** | **3 dosis** | **3 dosis** | **3 dosis** |
| **Tigdas, Beke, at Rubella (MMR)** | **1 dosis** | **2 dosis** | **2 dosis** | **2 dosis** |
| **Varicella (Bulutong-tubig)** | **1 dosis** | **2 dosis** | **2 dosis** | **2 dosis** |
| **Polio (IPV/OPV)** | **3-4 dosis** | **4 dosis** (ika-[4] dosis pagkatapos ng ika-[4] na kaarawan)<br>**o 3 dosis** kapag ibinigay ang dosis 3 sa o pagkatapos ng ika-[4] na kaarawan AT hindi bababa sa 6 buwan pagkatapos ng dosis 2 | | |
| **Diptheria, Tetanus, Pertussis (DTaP)** | **3-4 dosis** | **4 dosis** (ika-[4] dosis pagkatapos ng ika-[4] na kaarawan)<br>***Kung 7 taon o mas matanda: 3 dosis** kung ibinigay ang dosis 1 sa o pagkatapos ng ika-[1] na kaarawan AT ibinigay ang dosis 3 sa edad 7 o mas matanda at hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos ng dosis 2 | | |
| **Tetanus, Diptheria, at Pertussis Booster (Tdap)** | | | **Baytang 7: 1 dosis para sa LAHAT ng mag-aaral**<br>**Mga Baytang 8-12: 1 dosis kung hindi natanggap bago ng baytang[7]** | |

Makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng iyong anak kung may mga tanong ka.
Available din ang mga bakuna sa Kagawarang ng Kalusugan ng

NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

| | | |
|---|---|---|
| | | **pagpasok** |
| **Meningococcal conjugate (MenACWY, MCV4)** | | **Mga baytang 7, 8, 9, 10: 1 dosis**<br>**Baytang 12: 1 dosis sa o pagkatapos ng ika-16 na kaarawan** |
| **Human Papillomavirus (HPV)** | | Dapat makatanggap ang lahat ng mag-aaral ng mga sumusunod na bakuna para makapagpatala at pumasok sa paaralan. Dapat makatanggap din ng isang pisikal na pagsusuri ang mga mag-aaral ng mga programang Pre-K at paaralang elementarya. Suriin ang mga pangangailangan sa bakuna ng iyong anak batay sa kanilang antas ng baytang sa taon ng pag-aaral na ito. Ang bilang ng mga dosis na kailangan ng iyong anak ay maaaring mag-iba batay sa edad at mga nakaraang dosis na natanggap. |

# Handa na ba ang Iyong Anak na Ipatala sa Newport News Public Schools?

**2025-2026 Taong-Panuruan**

**Matuto tungkol sa mga pangangailangan sa kalusugan para sa pagpapatala.**
https://www.vdh.virginia.gov/backtoschool/

Dapat makatanggap ang lahat ng mag-aaral ng mga sumusunod na bakuna para makapagpatala at pumasok sa paaralan. Dapat makatanggap din ng isang pisikal na pagsusuri ang mga mag-aaral ng mga programang Pre-K at paaralang elementarya. Suriin ang mga pangangailangan sa bakuna ng iyong anak batay sa kanilang antas ng baytang sa taon ng pag-aaral na ito. Ang bilang ng mga dosis na kailangan ng iyong anak ay maaaring mag-iba batay sa edad at mga nakaraang dosis na natanggap. Maaaring mangailangan ng mga karagdagang dosis ang iyong anak kung sobrang agang ibinigay ang mga nakaraang dosis.

**Pisikal:** *Pre-K:* Kinakailangan ang isang ulat ng isang pisikal na pagsusuri na isinagawa sa loob ng 12 buwan ng unang araw ng pasukan upang magpatala alinman ang buwan ng kapanganakan. Mga mag-aaral na dumadalo sa NNPS
Ang programang Pre-K at magbigay ng pisikal na pagsusuri ay hindi kinakailangang magbigay ng isa pa sa pagpasok sa K.
*K-5na baytang:* **Kinakailangang magbigay ang mga mag-aaral na pinapapasok sa NNPS sa unang pagkakataon ng ulat ng isang pisikal na pagsusuri na isinagawa sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng unang pagpasok ng mag-aaral sa paaralan sa anumang dibisyon ng paaralan** Tatanggapin ang mga pisikal na pagsusuri na isinagawa sa labas ng estado kung ang impormasyon ay komprehensibo at isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng Virginia.

**Haemophilus Influenzae Type b (Hib)**: Kinakailangan LAMANG para sa mga batang hanggang 60 buwan ang edad. Binubuo ng 2 o 3 dosis ang pangunahing serye. Ang edad ng bata at hindi ang bilang ng mga naunang dosis na natanggap ang tumutukoy sa bilang ng mga dosis na kinakailangan. Ang mga batang hindi nabakunahan na 15 hanggang 60 buwang gulang ay kailangan lamang magkaroon ng isang dosis.

**Pneumococcal (PCV)**: Kinakailangan LAMANG para sa mga batang wala pang 60 buwang gulang. Kinakailangan ang isa hanggang apat na dosis, depende sa edad sa unang dosis.

**Hepatitis A (Hep A):** *Pre-K hanggang Baytang 3:* Minimum ng 2 dosis. Ibinigay ang unang dosis sa edad ng 12 buwan o mas matanda na hindi bababa ng 6 buwan sa pagitan ng dosis 1 at 2.

**Hepatitis B (Hep B):** 3 dosis na may wastong pagitan (28 araw sa pagitan ng dosis 1 at 2, 56 na araw sa pagitan ng dosis 2 at 3, 112 araw sa pagitan ng dosis 1 at 3, at dapat ibigay ang dosis 3 ng hindi mas maaga kaysa 24 linggo na edad). Kung may 11-15 taong gulang AT ginamit ang Recombivax HB Adult Formulation, tatanggpin ang iskedyul na may 2 dosis basta't may pagitan ng 4 na buwan ang mga dosis.

**Tigdas, Beke, at Rubella (MMR):** Minimum ng 2 tigdas, 2 beke, at 1 rubella. (Tumatanggap ang karamihan sa mga bata ng 2 dosis ng bawat isa dahil ang bakuna na karaniwang ibinibigay ay ang kumbinasyong bakuna na MMR). Dapat ibinigay ang unang dosis sa edad ng 12 buwan o mas matanda. *Pre-K*: Kinakailangan ang 1 dosis. *K-12:* 2 dosis, hindi bababa sa 4 na linggo sa pagitan ng mga dosis.

**Varicella (Bulutong-tubig):** *Pre-K*: Ibinibigay ang 1 dosis sa edad na 12 buwan o mas matanda. *K-12:* 2 dosis na ang unang dosis ay sa 12 buwan o mas matanda. Ulat ng Magulang ng Sakit: Dapat iulat ang lahat ng sumusunod: 1. Malalang pagsisimula ng sakit. 2. Maculopapulovesicular na pantal na walang ibang maliwanag na sanhi. 3. Pangkalahatan at makating pantal na may karamihan ng mga sugat sa katawan. 4. Mga sugat na may krast. Kung matutugunan ang lahat ng 4 na kriteryo, maaaring idokumento ng nars ng paaralan ang kasaysayan ng sakit sa Bahagi II, Seksyon 1, ng form ng MCH 213-F at lalagyan niya ng kanyang inisyal ito. Kung matutugunan ang lahat ng 4 na kriteryo, o hindi sigurado ang nars ng paaralan, i-refer ang magulang sa kanilang pribadong tagapagbigay ng serbisyo.

**Polio (IPV)**: **Pre-K:* 3-4 dosis. *K-12:* 4 dosis na ibinibigay ang isang dosis sa o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan. O 3 dosis LAMANG kung ibinigay ang dosis 3 sa o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan AT 6 na buwan pagkatapos ng dosis 2.

**Diphtheria, Tetanus, at Pertussis (DTaP, DTP, o Tdap)**: **Pre-K:* 3-4 dosis. *K-12*: 4 dosis na ibinibigay ang isang dosis sa o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan. TANDAAN: Ang mga batang edad 7 taong gulang at mas matanda sa isang catch-up na iskedyul ay nangangailangan lamang ng 3 dosis kung ibinibigay ang ika-1 na dosis sa edad na 12 buwan o mas

| | |
|---|---|
| Makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng iyong anak kung may mga tanong ka.<br>Available din ang mga bakuna sa Kagawarang ng Kalusugan ng | NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS |

matanda at ibinigay ang dosis 3 sa edad na 7 o mas matanda at hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos ng dosis 2.

**Tetanus, Diptheria, at Pertussis Booster (Tdap):** *Ika-7 Baitang:* 1 dosis ang kailangan para sa pagpasok. *Mga Baytang 8-12:* 1 dosis kung hindi natanggap bago ng pagpasok sa baytang[7].

**Meningococcal Conjugate (MenACWY, MCV4)**: *Mga baytang 7, 8, 9, 10:* Kailangan para sa lahat ng mag-aaral ang 1 dosis. *Baytang 12*: Kinakailangan ang 1 dosis para sa LAHAT at dapat itong ibigay sa o pagkatapos ng ika-[16] na kaarawan.

**Human Papillomavirus (HPV):** *Lahat ng baytang 7 [na] mga mag-aaral:* 2 dosis na may unang dosis bago ng pagpasok. Matapos basahin ang mga materyales na pang-edukasyon na naaprubahan ng Lupon ng Kalusugan, maaaring piliin ng magulang o tagapag-alaga na huwag bigyan ang bata ng bakuna sa HPV.

*Maaaring magpatala ang mga mag-aaral ng Pre-K na ang kaarawan ay nasa buwan ng Agosto o Setyembre kasama ang patunay ng 3 dosis ng DTP at IPV. Ang na-update na tala ng bakuna na kinabibilangan ng 4 dosis ng bawat isa ay dapat ibigay sa loob ng 30 araw mula ika-4 na kaarawan. Dapat napapanahon sila sa lahat ng ibang bakuna at magbigay ng pisikal na pagsusuri upang magpatala at magsimula sa paaralan.

| | |
|---|---|
| Makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng iyong anak kung may mga tanong ka.<br>Available din ang mga bakuna sa Kagawarang ng Kalusugan ng | NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS |

## Mga Serbisyo sa Kalusugan

Pangkalusugang Pag-screen para sa mga mag-aaral:

**<u>Screening na Itinakda ng Batas ng Virginia</u>**

- **Panigin at Pandinig:** Kinakailangan ang mga pag-screen para sa mga mag-aaral sa mga baytang na Kindergarten, 3, 7 at 10. Susuriin ang Unang Hakbang at mga paglilipat sa labas ng estado kung walang ibibigay na dokumentasyon sa pisikal.
- **Scoliosis:** Maaaring humiling ang mga magulang ng pag-screen mula sa nars ng paaralan para sa mga baytang 5 - 10.
- **Pagsasalita, Boses, at Wika; at Fine at Gross na mga Motor Function:** Sinusuri ang lahat ng mga bagong mag-aaral hanggang sa baytang 3 upang matukoy kung ipinahiwatig ang isang reperal para sa isang pagsusuri para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

**<u>Ang lahat ng iba pang screening sa ibaba ay bahagi ng Serbisyong Pangkalusugan na programa, pero hindi kinakailangan ayon sa Batas ng Virginia.</u>**

- **Dental:** Mga baytang 3, 7, at 10. Kindergarten, kung walang dokumentasyon.
- **Taas at timbang:** Mga baytang 3, 5, 7 at 10
- **Mga presyon ng dugo:** Mga baytang 5, 7, at 10
- Kung ayaw ng mga magulang na makilahok ang kanilang anak sa anumang bahagi ng programa ng pangkalusugang pag-screen, kailangan nilang magpadala ng nakasulat na kahilingan sa punong-guro ng paaralan ng anak.

**Alinsunod sa batas ng Estado ng Virginia, dapat bigyan ang mga magulang ng mga mag-aaral ng ika-5 hanggang ika-10 baitang ng mga katotohanan tungkol sa scoliosis.** Scoliosis ay isang abnormal na curvature o pagbukas ng espine. Nakakaapekto ito sa 2-3% ng populasyon o tinatayang 600,000 katao sa Estados Unidos. Kung kaliwa untreated, maaari itong umunlad sa isang malubhang problema, nagiging sanhi ng likod sakit at degenerative arthritis ng spine. Maaaring humantong ito sa sakit sa disk o sciatica. Maaari din itong magbanta sa sikolohikal na kagalingan ng isang young adult kapag may malinaw na depormasyon. Kahit na scoliosis ay maaaring magresulta mula sa isang pinsala, isang kapanganakan defects, o isang cripling sakit, 90% ng mga kaso ay mula sa hindi kilalang sanhi. Maaaring tumakbo ito sa mga pamilya at nakakaapekto sa mga batang babae nang pitong beses kaysa sa mga batang lalaki. Kadalasan ay umuunlad ito sa pagitan ng edad na 10 at 15 ngunit maaari ding bumuo o umunlad kalaunan sa buhay. Ang maagang pagtukoy at interbensiyon ay maaaring maiwasan ang karagdagang structural deformity at mga sekundaryang problema na magresulta. Dahil ang pagbuo ng scoliosis ay unti-unti at karaniwang masakit, scoliosis ay maaaring bumuo nang walang magulang o anak na may kamalayan. Ito ay mahalaga para sa mga magulang na mabantayan ang pag-unlad ng kanilang anak sa mga taon ng paglaki. Ang mga palatandaan ng scoliosis ay maaaring magsama ng mga hindi miyembro, isang balikat talim na lumilitaw na mas kilala kaysa sa iba, hindi matalino baywang, isang balakang na mas mataas kaysa sa iba, at / o isang nakahilig sa isang panig. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa kalusugan ng iyong anak, kontakin ang iyong nars ng paaralan o ang iyong doktor.

**Mga Alalahaning Medikal:** Kung ang iyong anak ay may mga alalahaning medikal mangyaring makipag-usap sa nars ng paaralan.

**Numero ng Kontak para sa Emergency:**

Kapag may batang may karamdaman, mataas na lagnat o may pinsala, kailangan ng Serbisyong Pangkalusugan na kontakin ang magulang o tagapag-alaga. I-update ang mga numero para sa mga magulang, tagapag-alaga, o kontak para sa emergency gamit ang ParentVue. Sakaling magkaroon ng medikal na emergency, maaaring tumawag sa 911 at maaaring dalhin ang mag-aaral sa kalapit na ospital. Sisikapin naming masabihan ang mga magulang/tagapag-alaga bago ipadala ang bata sa ospital. Kung hindi makontak ang mga magulang/tagapag-alaga bago nito, aabisuhan sila pagkatapos nito sa lalong madaling panahon. Kadalasan, ang mga magulang ang may pananagutan sa mga bayaring nauugnay.

**Ang mga gamot**

Ang mga magulang ay dapat hilingin sa doktor na mag-iskedyul ng mga dosis ng paggamot maliban sa oras ng pasukan. Kapag ito ay hindi posible, makikipagtulungan ang paaralan sa mga magulang para makita na ang gamot ay ibinigay ayon sa pagkakareseta. **Makikita mo sa ibaba ang patakaran ng Newport News Schools na <u>dapat</u> sundin kung bibigyan ng gamot ang iyong anak sa oras ng pasukan.**

- Ang lahat ng gamot, de-reseta at hindi de-reseta (over the counter), ay maaari lamang ibigay sa paaralan nang may utos ng isang doktor.
- Hindi dapat magpadala ang mga magulang ng over-the-counter na gamot sa paaralan at hilingin na ibigay ito.
- Hindi dapat magdala ng gamot ang mag-aaral papunta o pauwi mula sa paaralan.
- Magulang o tagapag-alaga dapat ang magdala ng gamot sa paaralan sa orihinal na bote o lalagyan nito na may wastong label.
- Ang mga nakasulat na utos mula sa doktor ay kailangang isaad ang pangalan ng gamot, dosis, at agwat ng oras para inumin ito. Ang mga order ay may bisa sa loob ng isang taong-panuruan. Makukuha ang mga form mula sa nars ng paaralan at sa online. **<u>http://sbo.nn.k12.va.us/healthservices/medications.html</u>**
- Ang mga nars ng paaralan ay makikipag-ugnayan sa mga nagreresetang doktor kung kinakailangan upang linawin ang mga utos.
- Maaaring hilingin ng mga magulang sa mga mag-aaral na dalhin ang kanilang gamot. Ang bawat kaso ay sinusuri nang hiwalay at kailangan ng pahintulot. Kontakin ang nars ng paaralan para sa mga kinakailangang form.

**Mga mag-aaral ng pampublikong paaralang elementarya at sekundarya; topical sunscreen.** Pinahihintulutan ang sinumang mag-aaral ng pampublikong paaralang elementarya o sekundarya na magtaglay at gumamit ng walang amoy na sunscreen sa orihinal na balot nito sa isang bus ng paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa isang pangyayaring itinataguyod ng paaralan nang walang isang nota o reseta mula sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan kung ang topical sunscreen ay inaprubahan ng US Food and Drug Administration para sa mga hindi de-resetang paggamit para sa layunin na limitahin ang pinsala sa balat na sanhi ng pagkalantad sa ultraviolet na ilaw.

## PROGRAMA NG TERAPIYA SA KALUSUGAN NG KAISIPAN NA NAKABATAY SA PAARALAN

### Ano ang Programa ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan?

Ang Programa ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan ay responsable sa:

- paglilingkod ng mga serbisyo ng terapiya upang mag-screen para sa pagkakaloob ng serbisyo ng terapiya
- pagsusuri ng antas ng mga serbisyong kailangan batay sa pag-screen
- pagbibigay ng paggamot gamit ang mga modelo ng terapiya na batay sa klinikal na pananaliksik upang matugunan ang trauma, depresyon, pagkabalisa, at mga karamdaman ng kalagayan
- pagbibigay ng mga indibidwal, panggrupo at pampamilyang sesyon ng terapiya sa pang-edukasyong kapaligiran
- pagbibigay ng suporta tungkol sa anumang pangyayari o karanasan sa buhay kung saan nangangailangan ang mga mag-aaral ng tulong sa pagpoproseso, pagharap, at pamamahala ng mga damdamin
- pagbibigay ng suporta para sa mga mag-aaral na nalulungkot sa mahabang panahon, kulang sa motibasyon o nakaranas ng trauma
- pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga kasanayan sa pagharap sa mga stressor sa buhay sa panahon ng mga sesyon ng terapiya na gaganapin sa loob ng pang-edukasyong kapaligiran

Ang Mga Lisensyadong Propesyonal ng Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan ay:

- lisensyado ng Estado ng Virginia bilang Lisensyadong Klinikal na Social Worker (LCSW) o Lisensyadong Propesyonal na Tagapayo(LPC), isang Superbisor sa Social Work, o isang Residente sa Pagpapayo
- nagbibigay ng suporta para sa mag-aaral sa loob ng pang-edukasyong kapaligiran
- gumagawa ng mga rekomendasyon upang makatulong sa mag-aaral at kanyang pamilya na makatanggap ng karagdagang suporta sa pamayanan
- tumutulong sa tauhan ng paaralan sa pagkilala ng mga isyu o alalahanin sa kalusugan ng kaisipan na humahadlang sa tagumpay ng isang mag-aaral

### Sino ang Karapat-Dapat na makatanggap ng Mga Serbisyo ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan?

Karapat-dapat ang mga mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News sa mga serbisyo ng terapiya sa kalusugan ng kaisipan kasama ang isang Lisensyadong Propesyonal ng Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan. Dapat lumagda ang Mga Magulang o Legal na Tagapag-alaga ng isang nakasulat ng pahintulot para sa paggamot bago ang pagsasagawa ng mga serbisyo ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan.

### Paano ka makakahiling ng Mga Serbisyo ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan?

Maaaring hilingin ang mga serbisyo ng School Based Mental Health Therapy sa pamamagitan ng sariling reperal, reperal ng mag-aaral, reperal ng kawani, o referral ng magulang na isinumite sa itinalagang School Based Licensed Mental Health Professional
o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Supervisor ng Suporta sa Mag-aaral at Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Pag-iisip. Dapat lumagda ang Mga Magulang o Legal na Tagapag-alaga ng isang nakasulat ng pahintulot para sa paggamot bago ang pagsasagawa ng mga serbisyo ng Terapiya sa Kalusugan ng Kaisipan na Nakabatay sa Paaralan.

## PROGRAMA NG SUPORTA SA MAG-AARAL

### Ano ang Programa ng Suporta sa Mag-aaral?

Ang Programa ng Suporta sa Mag-aaral ay responsable sa:

- pagbibigay ng mga magpagkukunan sa tauhan ng paaralan, mga mag-aaral, at kanilang pamilya tungkol sa mga isyung nakakaapekto sa edukasyon ng isang mag-aaral
- pagbibigay ng mga serbisyo sa pag-iwas o interbensiyon upang isama ngunit hindi limitado sa paggamit ng alak, tabako at droga, paglutas/pamamagitan ng salungatan, pag-iisip ng pagpapakamatay, mga kaso ng abuso at pagpapabaya, pagbubuntis ng kabataan, pagbubulakbol, at mahinang akademikong pagganap
- pakikipagtulungan sa tagasuportang kawani ng NNPS at mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng kaisipan na nasa pamayanan
- pagtukoy, pagbuo, at pagpapatupad ng mga serbisyo ng suporta sa indibidwal at grupo batay sa mga

pagsusuri ng pangangailangan at datos

- pagtiyak ng patuloy na pagpapabuti ng kalidad ng mga serbisyo at kahihinatnan ng suporta sa mag-aaral gamit ang panloob na database
- pagbibigay ng impormasyon sa pag-iwas at interbensiyon na nagtataguyod ng katatagan at tagumpay ng mag-aaral
- pagbibigay ng edukasyon sa pang-abuso sa mga sangkap, mga grupo ng suporta sa magulang, mga serbisyo ng mapagkukunan, at pakikiugnay sa pag-refer sa ibang mga serbisyo ng suporta sa paaralan o mga serbisyong nakabatay sa pamayahan para sa mga mag-aaral at pamilya
- paglilingkod bilang mga miyembro ng Pangkat ng Pagtugon sa Krisis para sa mga mag-aaral, guro at kawani sa panahon ng at pagkatapos ng isang kritikal na insidente

Ang Mga Espesyalista ng Suporta sa Mag-aral ay:

- kumikilala ng mga alalahanin sa damdamin at kalusugan ng kaisipan
- nagbibigay ng suporta para sa mag-aaral sa loob ng pang-edukasyong kapaligiran
- gumagawa ng mga rekomendasyon upang makatulong sa mag-aaral at kanyang pamilya na makatanggap ng karagdagang suporta sa pamayanan
- tumutulong sa tauhan ng paaralan sa pagkilala ng mga isyu kabilang ang mga alalahanin tungkol sa alak, tabako, ibang mga droga, at kalusugan ng kaisipan na humahadlang sa tagumpay ng isang mag-aaral

**Sino ang Karapat-Dapat na makatanggap ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral?**

Karapat-dapat ang mga mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News sa mga serbisyo sa Programa ng Suporta sa Mag-aaral. Bagama't inilalagay ang superbisor para sa programa sa Administration Building at inilalagay ang mga espesyalista ng suporta sa ma-aaral sa mga high school at middle school, kami ay isang mobile team ng mga propesyonal na maaaring magbigay ng mga serbisyo sa anumang setting ng paaralan.

**Paano ka makakahiling ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral?**

Ang mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral ay maaaring i-request sa pamamagitan ng referral sa sarili, referral ng mag-aaral, referral ng staff, o referral ng magulang na ipinasa sa nakatalagang Espesyalista sa Suporta sa Mag-aaral o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Supervisor ng Suporta sa Mag-aaral at Serbisyo para sa Pangangalaga ng Mental na Kalusugan.

**Sino ang Mga Partner ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral at Pangangalaga sa Kalusugan ng Kaisipan?**

**MGA PARTNER SA MGA SERBISYO NG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN NG KAISIPAN SERBISYO SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN**

Ang pakikipag-partner ng Mga Serbisyo ng Pangangalaga sa Kalusugan ng Kaisipan ng Lupon ng Mga Serbisyo sa Pamayanan ng Hampton-Newport News (H-NNCSB) ay:

- nagbibigay ng klinikal na konsultasyon at impormasyon sa pag-refer sa mga pinuno ng paaralan para sa mga pamilyang nangangailangan ng suporta
- nagbibigay ng mga pagsusuri - sa naaangkop na antas: klinikal na pangangalaga, pagkilala ng serbisyo, at mga serbisyo ng pag-refer para sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya
- naglilingkod ng personal at birtuwal na serbisyo ng terapiya sa kalusugan ng kaisipan na nakabatay sa paaralan para sa mga paaralang elementarya
- nagbibigay ng koneksyon sa mga mapagkukunan sa komunidad para sa karagdagang suporta (iyon ay, paggabay o mentoring, pangangalaga sa mental na kalusugan, pamamahala ng gamot)
- tumutulong sa mga pamilya para makakuha ng Medicaid insurance para sa mga serbisyong matatanggap kung wala pa silang medical insurance
- tumutulong sa mga mag-aaral na matutunan at magamit ang mga estratehiya sa pag-iwas at interbensyon na may kaugnayan sa kanilang plano para sa pangangalaga ng mental na kalusugan
- sinusubaybayan ang pag-unlad ng mag-aaral sa therapy
- nakikipagtulungan sa staff ng paaralan para makakuha ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang o legal na tagapag-alaga
- nagbibigay ng serbisyong therapy para sa mental na kalusugan ng indibiduwal, grupo, at

pamilya.

Mga Serbisyo ng Therapeutic Day Treatment (TDT) ng National Counseling Group (NCG)

- Pagsubaybay ng Therapeutic Day Treatment (Pre-K-Ika-12 Baytang-iba't-ibang site ng paaralan)
- Ang Therapeutic Day Treatment (TDT) ay isang programa ng pakikipag-partner na sinusuportahan ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS) at Intercept Health
- teams ng mga propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na matatagpuan sa elementarya, middle at mga high school upang maglingkod ng mga serbisyo upang makatulong sa kabataan na mapabuti ang mga pag-uugali at emosyonal na kabutihan
- nakakatanggap ang kabataan ng terapeutikang suporta sa pang-edukasyong kapaligiran at natututo sila ng mga kasayanan sa pamamahala ng pag-uugali upang pagbutihin ang pagpasok, akademikong pagganap, at bawasan ang mga suspensiyon

Mga Mapagkukunan:

- Pambansang Alyansa para Mental na Karamdaman (NAMI) Mental na Kalusugan
- Centers for Disease Control and Prevention: Mental na Kalusugan
- Centers for Disease Control and Prevention: Kailangan ng Tulong Ngayon?
- Pag-screen para sa Pangangalaga sa Kalusugan ng Kaisipan
- Pambansang Instituto ng Kalusugan ng Kaisipan

**Kung may krisis ka o pinag-iisipan mong magpakamatay:**

- Tumawag o mag-text sa 988 Suicide & Crisis Lifeline https:// www.samhsa.gov/find-help/988
- Tumawag sa l-800-273-8255 (TALK) o i-text ang "MHA" sa 741741
- Tumawag sa (800) SUICIDE para sa mga karagdagang pambansang mapagkukunan www.crisislink.org
- American Association of Suicidology sa 202-237- 2280 o www.suicidology.org
- National Suicide Prevention Lifeline, 1- 800-273-TALK (8255)

**Linda Askew, L.C.S.W.**
Superbisor, Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral at Pangangalaga sa Kalusugan ng Kaisipan
(757) 591-4658 (Trabaho

## PROGRAMA NG EDUKASYON SA BUHAY-PAMILYA

Nakabatay ang programa ng edukasyon sa buhay-pamilya sa paniniwala na ang mga magulang at pamilya dapat ang pangunahing tagapagbigay ng kaalaman at kaugalian tungkol sa buhay-pamilya at seksuwalidad ng tao. Ang pagtuturo ng edukasyon sa buhay-pamilya ay iniakma sa Mga Pamantayan sa Pagkatuto ng edukasyon sa buhay pampamilya ng Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia at ang Kodigo ng Virginia. Ang layunin ay maghandog ng impormasyong naaangkop sa edad at medikal na tumpak upang makagawa ang bawat bata ng mga may-kabatirang desisyon. Ang instruksiyon ng edukasyon sa buhay-pamilya ay idinisenyo para isulong ang aktibong pakikilahok ng mga magulang, palakasin ang positibong pagtingin sa sarili, at magbigay ng mga kasanayan sa pagharap ng peer pressure at mga hamon ng makabagong pamumuhay, ayon sa antas ng pag-unlad at kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang Komite ng Pagpapayo para sa Edukasyon sa Buhay-Pamilya ay tumutulong sa pagbuo ng instruksiyon para sa edukasyon sa buhay-pamilya. Idinisenyo at ipinatupad ang programa ng edukasyon sa buhay-pamilya sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News upang ipaalam sa at pahintulutan ang mga mag-aaral na makamit ang lahat ng kanilang potensyal bilang mga indibidwal at bilang mga miyembro ng mga pamilya at ng pamayanan.

Ang mga aralin ng edukasyon sa buhay-pamilya ay itinuturo sa magkakaibang panahon sa buong taong-panuruan. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay may karapatang suriin ang programa ng edukasyon sa buhay-pamilya na inaalok ng kanilang dibisyon ng paaralan, kabilang ang mga nakasulat at audiovisual na materyales na pang-edukasyon na ginagamit sa programa. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay may karapatang i-excuse ang kanilang anak sa bahagi o lahat ng pagtuturo ng edukasyon sa buhay pamilya. Kung hindi gusto ng magulong na makilahok ang anak nila sa programa, kailangan ng magulang na kompletuhin at ibalik ang Opt-Out Request From para sa Edukasyon sa Buhay-Pamilya na matatagpuan dito: https://sbo.nn.k12.va.us/pe/familylife.html

## EDUKASYON SA BUHAY-PAMILYA PARA SA MABABA, GITNA AT MATAAS NA PAARALAN

**Mga Aralin mula sa mga Espesyalista ng Edukasyon sa Buhay-Pamilya sa Elementarya, Gitnang Baytang, at Mataas na Paaralan**

Ang mga nasa Baytang K-2 ay tinuturuan ng kanilang guro sa silid-aralan
Ang mga nasa Baytang 3-8 ay tinuturuan ng mga Tagapagturo Edukasyon sa Buhay-Pamilya
Ang mga nasa Baytang 9-10 ay tinuturuan ng mga guro sa Kalusugan
Avaiable ang mga karagdagang impormasyon sa NNPS website sa https://sbo.nn.k12.va.us/pe/familylife.html

### Kindergarten

**Aralin 1: Mga Pamilya at Tuntunin sa Kaligtasan**

Ipapakita ng mga mag-aaral ng higit na pag-unawa sa dynamics at kaligtasan ng pamilya habang nasa publiko.
Ang bawat isa ay miyembro ng isang pamilya.
Iba-iba ang uri at laki ng pamilya.
Nagbibigay ang pamilya ng pag-ibig at suporta.
Mga alituntuning pangkaligtasan kapag nawawala sa isang pampublikong lugar.

### Baytang 1

**Aralin 1: Pagpapahayag ng Mga Damdamin at Mga Pagpipilian at Kahihinatnan**

Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa sa naaangkop na pagpapahayag ng mga damdamin at pagpipilian na may mga kahihinatnan.

- Normal lang ang makaranas ng iba't ibang damdamin.
- Ang pagkaalam kung paano ipapahayag ang mga damdaming ito ay tutulong sa atin sa tahanan, paaralan, at iba pang aktibidad.
- Ang lahat ay nakakaranas ng resulta mula sa kanilang iginagawi. Ang ilan dito ay positibo, ang iba naman ay negatibo.

### Baytang 2

**Aralin 1: Pananagutan**

Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa sa pananagutan.
• Ipaliwanag ang responsibilidad.
• Ang pangangailangang akuin ang responsibilidad para sa sarili kong mga pagkilos at paggawi, at kung paano nito naaapektuhan ang damdamin ng iba.

**In-update: 5/12/2025**

**Baytang 3**

**Aralin 1: Pagharap sa Matinding Emosyon/Terminolohiya para sa Reproductive System.**
Magbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawa ng malusog na diskarte ng pagharap sa matitinding emosyon.
• Pagkilala sa mga pisikal na sintomas ng matinding emosyon.
• Paglista ng mga espespikong estratehiya para harapin ang matinding emosyon.
Makikilala ng mga mag-aaral ang pangunahing terminolohiya para sa maseselang bahagi ng katawan at mauunawaan nila na nagpaparami ang lahat ng buhay na organismo.
• Mga dahilan para aralin at gamitin ang tamang terminolohiya.
• Ang mga pribadong bahagi ng katawan ay hindi dapat hawakan ninuman, maliban sa medikal na tauhan.
• Ligtas na Paghipo kumpara sa Hindi Ligtas na Paghipo at kung paano haharap sa hindi ligtas na pamamaraan.
• Pag-unawa sa salitang “pahintulot”.

**Baytang 4**

**Aralin 1: Presyon ng Kapantay/Pagbibinata o Pagdadalaga**
Makikilala ng mga mag-aaral ang positibo at negatibong presyon ng kapantay.
• Peer pressure at kung paano ito nauugnay sa paggamit at pag-abuso sa droga o alak.
• Pagtugon sa negatibong peer pressure.
Makikilala ng mga mag-aaral ang mga pisikal na pagbabagong nangyayari sa pagbibinata/pagdadalaga at iuugnay nila ang mga pagbabagong ito sa higit na pangangailangan para sa personal na ihiyene.
• Kalakip sa instruksiyon ang mga sumusunod na pisikal na pagbabago: biglaang paglaki, pagdami ng pawis, pagbabago sa balat, pagbabago-bago ng mood, pagtubo ng buhok sa bandang ari at sa kili-kili, paglapad ng balikat sa mga lalaki, at paglaki ng dibdib at balakang sa mga babae. Bilang karagdagan, tinatalakay ang kahalagahan ng personal na kalinisan kaugnay sa mga pagbabagong ito sa katawan. Kasama sa pagtuturo para sa mga babae ang pangunahing anatomiya ng sistemang reproduktibo ng babae, ang buwanang dalaw o pagreregla, at ang tamang paggamit at wastong pagtatapon ng mga produktong pangkalinisan. Kabilang sa ituturo sa mga lalaki ang pangunahing anatomiya ng sistemang reproduktibo ng lalaki, mga paninigas, at pagbulalas sa gabi.
• Binibigyang-pansin na ang pagsisimula ng mga pagbabagong seksuwal at mga pattern sa paglaki ay magkakaiba sa bawat indibiduwal, at ito ay normal. Ang pokus ay sa paglinang ng positibong pagtingin sa sarili habang nagdadalaga o nagbibinata, at sa pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat indibiduwal.

**Baytang 5**

**Aralin 1: Media Messaging sa Sekswalidad, Ang Sistemang Endocrine, Reproductive Organs, at Personal na Kalinisan**
Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga epekto ng mass media sa mga kabataan.
• Tukuyin kung saan espesipikong tinatarget ng media ang mga kabataang audience.
• Suriin ang mga mensahe sa mass media kaugnay sa seksuwalidad.
• Alamin kung paano poprotektahan ang sarili habang gumagamit ng social media.
Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa sa mga pagbabagong nangyayari sa pagbibinata/pagdadalaga.
• Alamin ang mga pangunahing bahagi ng endocrine system.
• Unawain ang koneksiyon ng hormones at mga pagbabago sa emosyon habang nagdadalaga o nagbibinata.
• Tingnan ang mga estratehiya sa pagharap sa mga pagbabago sa emosyonal habang nagdadalaga o nagbibinata.
• Alamin ang mga pagbabagong nangyayari sa mga nagbibinata o nagdadalaga.
• Alamin ang mga organ sa pag-aanak o reproduksiyon.
• Alamin ang magagandang pag-uugali sa personal na kalinisan.

**Aralin 2: Peer Pressure, Pang-abuso sa Mga Sangkap, at Reproduksyon**
Patuloy na gagalugarin ng mga mag-aaral ang mga pagbabago sa pagbibinata/pagdadalaga at ipapaliwanag ang reproduksyon ng tao.
• Alamin ang mga espesipikong pamamaraan para maharap ang peer pressure.
• Unawain ang mga panganib sa pag-abuso ng droga o alak.
• Ipaliwanag kung paano nangyayari ang pag-aanak o reproduksiyon.
• Unawain ang paglaki ng sanggol sa iba't ibang yugto.

**In-update: 5/12/2025**
**Panggitnang Paaralan**

**Baytang 6 (pitong klase na 45-minuto)**

**Aralin 1: Panimula, Mga Mapagkakatiwalaang Adulto**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa tungkol sa kung sino ang mga mapagkakatiwalaang adulto, paano lapitan ang mga mapagkakatiwalaang adulto kung may mga tanong tungkol sa pagbibinata/pagdadalaga at paano bumuo ng malulusog relasyon sa kanila.
• Pagtatag ng mga pamantayan/alituntunin sa silid-aralan
• Pagtukoy ng mga adultong mapagkakatiwalaan
• Pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mabuting kaugnayan sa mga adulto sa buhay nila

**Aralin 2: Pagbibinata/Pagdadalaga**
Susuriin ng mga mag-aaral ang mga pagbabagong kaugnay sa pagbibinata/pagdadalaga para sa parehong anatomiya ng lalaki at babae.
• Saklaw na edad ng pagbibinata o pagdadalaga sa anatomiya ng lalaki at babae.
• Introduksiyon sa mga pisikal na pagbabago sa katawan; papel ng endocrine system sa proseso
• Wastong kalinisan habang at pagkatapos ng pagbibinata o pagdadalaga.
• Pagpapakita ng paggalang sa sarili at sa iba habang nagbibinata o nagdadalaga.

**Aralin 3: Anatomiya ng Babae/Mga Pagbabago sa Pagdadalaga**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng kaalaman tungkol sa espesipikong pagbabago sa anatomiya at emosyonal na pagbabago ng babae sa pagdadalaga.
• Pagreregla at mga produktong pangkalinisan
• Pag-label ang anatomiya ng babae at pagtalakay sa papel nito sa pag-aanak o reproduksiyon.
• Hormones at ang epekto nito sa katawan (sa emosyonal at pisikal)

**Aralin 4: Anatomiya ng Lalaki/Mga Pagbabago sa Pagbibinata**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng kaalaman tungkol sa espesipikong pagbabago sa anatomiya at emosyonal na pagbabago ng lalaki sa pagbibinata.
• Talakayan tungkol sa pagtigas ng ari at mga panaginip na may paglabas ng semilya (wet dreams)
• Pag-label sa anatomiya ng lalaki at pagtalakay sa papel nito sa pag-aanak o reprodusiyon.
• Hormones at ang epekto nito sa katawan (sa emosyonal at pisikal)

**Aralin 5: Abstinensya, HIV/AIDS**
Susuriin ng mga mag-aaral ang paghahatid at mga komplikasyon ng HIV/AIDS.
• Mga paraan ng pagkalat ng HIV/AIDS
• HIV/AIDS at ang epekto nito sa katawan, partikular na sa immune system
• Pag-iwas sa pakikipagtalik bilang paraan ng pag-iwas sa panganib
• Pakikitungo nang magalang sa may HIV/AIDS

**Aralin 6: Sexting, Sekswal na Panliligalig, Abuso/Pag-atakeng Sekswal**

Tutukuyin ng mga mag-aaral ang ligtas at hindi ligtas na paggamit ng teknolohiya at magpapakita ng pamamaraan sa pagtugon sa mga hindi angkop na mensahe o asal sa online.
• Mga positibong aspeto ng social media at text messaging
• Maling paggamit ng social media at text messaging
• Mga bunga ng pakikilahok sa cyberbullying at mahalay na pakikipag-usap (sexting)
• Pamamaraan sa pagtugon at pagharap sa hindi angkop na komunikasyon sa online.

**Aralin 7: Pagkalakal ng Tao**
Susuriin ng mga mag-aaral ang mga taktika at paraang pang-akit ng mga trafficker.
• Pagtalakay sa mga pain na ginagamit ng mga traficker
• Kung paano matutukoy ang posibleng sitwasyon ng trafficking
• Suriin ang iba't ibang uri ng trafficking (seksuwal at pagpapatrabaho)
• Pagprotekta sa personal na impormasyon sa Internet bilang pag-iwas sa panganib
• Kung paano tutulong sa taong pinaghihinalaang biktima ng trafficking

**In-update: 5/12/2025**
**Baytang 7 (pitong klase na 45-minuto)**

**Aralin 1: Panimula, Mga Mapagkakatiwalaang Adulto**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa tungkol sa kung sino ang mga mapagkakatiwalaang adulto, paano lapitan ang mga mapagkakatiwalaang adulto kung may
mga tanong tungkol sa pagbibinata/pagdadalaga at paano bumuo ng malulusog relasyon sa kanila.
• Pagtatag ng mga pamantayan/alituntunin sa silid-aralan
• Pagtukoy ng mga adultong mapagkakatiwalaan
• Pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mabuting kaugnayan sa mga adulto sa buhay nila

**Aralin 2: Balik-Aral ng Sistemang Reproduktibo**
Susuriin ng mga mag-aaral ang mga pagbabagong kaugnay sa pagbibinata/pagdadalaga para sa mga anatomiya ng lalaki at babae.
• Pag-review sa mga pagbabago at gampanin sa anatomiya ng lalaki
• Pag-review sa mga pagbabago at gampanin sa anatomiya ng babae
• Pagharap sa matinding emosyon at pagiging responsable

**Aralin 3: Media at Abstinensya**
Susuriin ng mga mag-aaral kung paano maimpluwensyahan ng media ang kanilang paggawa ng desisyon at mauunawaan ang mga benepisyo ng hindi pagsali sa sekswal na aktibidad.
• Ang epekto ng media sa lipunan
• Paliwanag tungkol sa pag-iwas sa pakikipagtalik bilang paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis at STI
• Pag-iwas sa paggamit ng droga at alak para pigilan ang pagkalat ng STI
• Mga pakinabang ng pag-iwas sa pakikipagtalik
• Mga kasanayan sa pagtanggi at kung paano haharapin ang peer pressure

**Aralin 4: Mga Katotohanan ng STI**
Pag-aaralan ng mga mag-aaral kung paano naipapasa ang STI, mga palatandaan at sintomas, at statistics.
• Pagpasa ng STI
• Pagtukoy ng mga palatandaan/sintomas ng STI
• Pagtalakay sa dami ng nagkakaroon ng STI sa mga kabataan

**Aralin 5: Mga Bacterial at Viral na STI**
Susuriin ng mga mag-aaral ang paggamot, pag-iwas, komplikasyon, at mga paraan ng proteksyon para sa mga STI.
• Epekto ng STI sa katawan (mga sintomas, anong nangyayari kapag napabayaan)
• Pag-iwas sa pakikipagtalik bilang paraan ng pag-iwas sa panganib
• Iba pang paraan para makaiwas

• Mga opsyon sa pagpapagamot para sa may hinihinalang STI

**Aralin 6: Sekswal na Panliligalig, Abuso/Pag-atakeng Sekswal**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng kaalaman tungkol sa sekswal na panliligalig, abuso/pag-atake, at kung paano nito naaapektuhan ang mga biktima.
• Pagtukoy sa pagkakaiba ng pambabastos at seksuwal na pang-aabuso
• Mga bunga sa pakikilahok sa ganitong mga paggawi
• Paliwanag kung sino ang mga itinalagang mag-ulat at kung ano ang papel nila sa pagkuha ng tulong

**Aralin 7: Pagkalakal ng Tao**
Susuriin ng mga mag-aaral ang mga taktika at paraang pang-akit ng mga trafficker.
• Pagtalakay sa mga pain na ginagamit ng mga traficker
• Kung paano matutukoy ang posibleng sitwasyon ng trafficking
• Suriin ang iba't ibang uri ng trafficking (seksuwal at pagpapatrabaho)
• Pagprotekta sa personal na impormasyon sa Internet bilang pag-iwas sa panganib
• Kung paano tutulong sa taong pinaghihinalaang biktima ng trafficking

**In-update: 5/12/2025**

**Baytang 8 (pitong klase na 45-minuto)**

**Aralin 1: Panimula, Mga Mapagkakatiwalaang Adulto**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng higit na pag-unawa tungkol sa kung sino ang mga mapagkakatiwalaang adulto, paano lapitan ang mga mapagkakatiwalaang adulto kung may
mga tanong tungkol sa pagbibinata/pagdadalaga at paano bumuo ng malulusog relasyon sa kanila.
• Pagtatag ng mga pamantayan/alituntunin sa silid-aralan
• Pagtukoy ng mga adultong mapagkakatiwalaan
• Pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mabuting kaugnayan sa mga adulto sa buhay nila

**Aralin 2: Pagsusuri ng Reproduktibo at Abstinensya**
Ipapakita ng mga mag-aaral ang kaalaman sa mga sistema ng reproduktibo at susuriin ang mga benepisyo ng pag-iwas.
• Pag-review sa mga pagbabago at gampanin sa anatomiya ng lalaki
• Pag-review sa mga pagbabago at gampanin sa anatomiya ng babae
• Ipaliwanag ang pag-iwas sa pakikipagtalik bilang isang paraan para maiwasan ang STI
• Tumukoy ng mga hadlang may kaugnay sa pag-iwas sa pakikipagtalik

**Aralin 3: Kontrasepsiyon**
Susuriin ng mga mag-aaral ang iba't-ibang pamamaraan ng kontrasepsiyon at kung paano nila maiiwasan ang pagbubuntis o mga STI.
• Pagtutuwid sa mga maling paniniwala tungkol sa pagbubuntis
• Mga hormonal na paraan at kung paano ito makakatulong sa pag-iwas sa pagbubuntis
• Mga barrier (hindi hormonal) na pamamaraan at kung paano ito makakatulong sa pag-iwas sa pagbubuntis/STI.
• Paliwanag tungkol sa pag-iwas sa pakikipagtalik bilang paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis at STI

**Aralin 4: STI**
Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga alamat na nauugnay sa mga STI at kung paano kumakalat at ginagamot ang mga STI.
• Alamin ang iba't ibang maling paniniwala tungkol sa STI at kung saan nagmula ang mga ito
• Suriin kung bakit mataas ang kaso ng STI sa mga kabataan
• Pagtalakay kung paano naipapasa ang STI at kung paano ito gagamutin
• Pagsusuri sa statistics ng STI

**Aralin 5: Bacterial/Viral ng mga STI**
Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang paggamot, pag-iwas, mga komplikasyon, at mga paraan ng proteksyon laban sa STI.

• Pagtalakay sa kung paano naipapasa at nagagamot ang mga viral, bacterial, at parasitic na STI
• Pagtukoy ng mga paraan para maiwasan ang pagkakaroon ng STI
• Pag-iwas sa paggamit ng droga at alak para pigilan ang pagkalat ng STI
• Mga opsyon sa pagpapagamot para sa may hinihinalang STI

**Aralin 6: Sekswal na Panliligalig, Abuso/Pag-atakeng Sekswal, Panggagahasa sa Date, Pahintulot**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng kaalaman tungkol sa sekswal na panliligalig, abuso/pag-atake, at pagbibigay ng pahintulot.
• Pagtukoy sa pagkakaiba ng pambabastos at seksuwal na pang-aabuso
• Mga bunga sa pakikilahok sa ganitong mga paggawi
• Paliwanag kung sino ang mga itinalagang mag-ulat at kung ano ang papel nila sa pagkuha ng tulong
• Mga estratehiya para maiwasan ang panganib na maging biktima ng date rape
• Malinaw na pahintulot, mga batas sa pahintulot ng Virginia

**Aralin 7: Pagkalakal ng Tao**
Susuriin ng mga mag-aaral ang mga taktika at paraang pang-akit ng mga trafficker.
• Pagtalakay sa mga pain na ginagamit ng mga traficker
• Pagkilala sa mga posibleng sitwasyon ng trafficking
• Suriin ang iba't ibang uri ng trafficking (seksuwal at pagpapatrabaho)
• Pagprotekta sa personal na impormasyon sa Internet bilang pag-iwas sa panganib
• Kung paano tutulong sa taong pinaghihinalaang biktima ng trafficking

**In-update: 5/12/2025**
**Baytang 9 (Kunin ang Tunay na Kurikulum)**

**Aralin 1: Sekswalidad at Kasarian**
Ilalarawan ng mga mag-aaral kung paano nakakaapekto ang pisikal, emosyonal, at panlipunan na mga aspeto sa seksuwalidad ng tao, at ipapaliwanag kung paano nakakaimpluwensya ang personal na kaugalian, kaugnayan sa pamilya, at pagkakakilanlan, sa malusog na pag-unlad.
•Kilalanin na ang seksuwalidad ng tao ay mayroong pisikal, emosyonal, at panlipunan na mga aspeto.
•Kilalanin ang halaga ng kaugnayan sa pamilya sa pag-unawa sa seksuwalidad ng tao.
•Ipaliwanag ang koneksyon ng mental at emosyonal na pag-unlad at kalusugan sa pakikipag-ugnayan pagdating sa pag-usbong ng seksuwalidad.
•Kilalanin ang kahalagahan ng pagtatakda ng mga pamantayan sa pagbuo ng mga kaugnayan.
•Ilarawan ang epekto ng personal na kaugalian sa indibiduwal na pangangalaga sa kalusugan.
•Alamin ang mga epekto ng diskriminasyon base sa seksuwal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian.
•Kilalanin ang indibiduwal na pagkakaiba sa paglaki at pag-unlad, pisikal na hitsura, mga inaasahan sa kasarian, at seksuwal na oryentasyon.

**Aralin 2: Anatomiyang Sekswal at Mga Paraan ng Proteksyon**
Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang kalusugang reproduktibo, aalamin ang mga epektibong paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis at STI, at ipapakita kung paano maging responsable sa pagdedesisyon pagdating sa seksuwal na relasyon.
•Suriin ang mga isyung kaugnay sa maagang pagbubuntis.
•Repasuhin ang proseso ng reproduksyon ng tao at unawain ang mga benepisyo ng pagpapaliban ng pakikipagtalik bago ang kasal.
•Ipaliwanag kung paano naaapektuhan ng alak at iba pang droga ang kakayahang magdesisyon nang responsable.
•Tukuyin ang pag-iwas sa pakikipagtalik, pati ang angkop at epektibong paggamit ng kontraseptibo, bilang mga paraan sa pag-iwas sa pagbubuntis at STI.
•Magpakita ng kasanayan sa paggawa ng mga responsableng desisyon pagdating sa seksuwal na relasyon.

**Aralin 3: Pag-iwas sa Sexually Transmitted na Mga Impeksiyon (STIs)**
Aalamin ng mga mag-aaral ang mga paraan para maiwasan ang pagkalat ng STI, ipapaliwanag ang mga benepisyo ng pagpapaliban ng pakikipagtalik, at gagamitin ang kasanayan sa pagdedesisyon para pangalagaan ang kanilang seksuwal na

kalusugan.
•Tukuyin ang mga isyung kaugnay ng pag-iwas at pagkontrol sa impeksiyon at sakit.
•Tukuyin ang pag-iwas sa pakikipagtalik, pati ang angkop at epektibong paggamit ng kontraseptibo, bilang mga paraan sa pag-iwas sa pagbubuntis at STI.
•Ipaliwanag ang mga epekto ng maagang pakikipagtalik sa labas ng pag-aasawa at tukuyin ang mga benepisyo ng pagpapaliban ng pakikipagtalik.
•Magpakita ng kasanayan sa paggawa ng mga responsableng desisyon pagdating sa seksuwal na relasyon.

**Aralin 4: Direktang Pakikipag-usap, Pakikipagkasundo sa Pagpapaliban at Proteksiyon**
Magpapakita ang mga mag-aaral ng kasanayan sa direktang pakikipag-usap para ihayag ang kanilang mga personal na boundary, para makipagkasundong ipagpaliban ang pakikipagtalik, at para makagawa ng mahusay na pagpapasya sa pakikipagrelasyon ayon sa paninindigan nila.
•Kilalanin ang kahalagahan ng pagtatakda ng mga pamantayan sa pagbuo ng mga kaugnayan.
•Ilarawan ang epekto ng personal na kaugalian sa indibiduwal na pangangalaga sa kalusugan.
•Ipaliwanag ang mga epekto ng maagang pakikipagtalik sa labas ng pag-aasawa at tukuyin ang mga benepisyo ng pagpapaliban ng pakikipagtalik.
•Magpakita ng kasanayan sa paggawa ng mga responsableng desisyon pagdating sa seksuwal na relasyon.

**Aralin 5: Mga Relasyon at Social Media**
Susuriin ng mga mag-aaral ang epekto ng social media sa pakikipag-ugnayan, tutukuyin ang ligtas at magalang na paggawi sa Internet, at ipapaliwanag ang mga estratehiya para maiwasan at maiulat ang pambabastos, pang-aabuso, at sexting.
•Kilalanin na ang seksuwalidad ng tao ay mayroong pisikal, emosyonal, at panlipunan na mga aspeto.
•Ipaliwanag ang koneksyon ng mental at emosyonal na pag-unlad at kalusugan sa pakikipag-ugnayan pagdating sa pag-usbong ng seksuwalidad.
•Kilalanin ang kahalagahan ng pagtatakda ng mga pamantayan sa pagbuo ng mga kaugnayan.
•Ilarawan ang epekto ng personal na kaugalian sa indibiduwal na pangangalaga sa kalusugan.
•Tukuyin ang mga estratehiya para pigilan at iulat ang seksuwal na pang-aabuso at pangmomolestiya.
•Tukuyin ang mga isyung kaugnay ng social media at seksuwal na komunikasyon (sexting); suriin ang mga legal na kahihinatnan; at tukuyin ang mga estratehiya para sa pag-iwas.

**In-update: 5/12/2025**
**Aralin 6: Pagsusuri ng Panganib at Pag-akses ng Sekswal na Pangangalaga sa Kalusugan**
Susuriin ng mga mag-aaral ang kanilang panganib sa pagbubuntis at STI, tutukuyin ang mga paraan para sa pag-iwas at proteksyon, at titingnan kung paano makakakuha ng maaasahang tulong at impormasyon para sa seksuwal na kalusugan.
•Repasuhin ang proseso ng reproduksyon ng tao at unawain ang mga benepisyo ng pagpapaliban ng pakikipagtalik bago ang kasal.
•Tukuyin ang mga isyung kaugnay ng pag-iwas at pagkontrol sa impeksiyon at sakit.
•Tukuyin ang pag-iwas sa pakikipagtalik, pati ang angkop at epektibong paggamit ng kontraseptibo, bilang mga paraan sa pag-iwas sa pagbubuntis at STI.
•Magpakita ng kasanayan sa paggawa ng mga responsableng desisyon pagdating sa seksuwal na relasyon.

**Ika-10 Baytang**
**Aralin 1: Ang Utak ng Kabataan, Mga Relasyon, at Pahintulot**
Ipapaliwanag ng mga mag-aaral kung paano nakakaapekto ang pag-unlad ng utak sa pagdedesisyon, tutukuyin ang mga katangian ng malusog at hindi malusog na relasyon, at ipapakita ang mga paraan para suportahan ang kapuwa habang kinikilala ang mga mapagsasanggunian ukol sa karahasan sa pagdi-date at pagpahintulot.
• Ipaliwanag kung paano nakaaapekto ang pag-unlad ng utak ng kabataan sa pagdedesisyon
• Tukuyin ang personal na pamantayan sa pakikipagtalik at mga relasyon.
• Tukuyin ang mga negatibong epekto ng sexting.
• Tumukoy ng hindi bababa sa tatlong katangian ng magandang relasyon.
• Tumukoy ng hindi bababa sa tatlong katangian ng di-magandang relasyon.

• Maglinang ng kasanayan sa pagtulong sa kaibigang nasa di-magandang relasyon.
• Tumukoy ng hindi bababa sa isang mapagsasanggunian sa komunidad ukol sa karahasan sa pagdi-date.

**Aralin 2: Mga Impeksiyong Nakukuha sa Pakikipagtalik (STI) at Paraan ng Proteksyon, Pagbubuntis at Pag-unlad ng Sanggol sa Sinapupunan**

Ilalarawan ng mga mag-aaral kung paano nagkakaroon STI at nagbubuntis, kung paano ito maiiwasan, at ipapaliwanag ang mga yugto ng pagbubuntis, pag-unlad ng sanggol sa sinapupunan, at pangangalaga sa kalusugan ng buntis.
• Alamin ang mga palatandaan at sintomas ng mga karaniwang STI.
• Alamin kung paano naipapasa ang STI, kasama ang HIV/AIDS, at kung paano ito maiiwasan.
• Alamin kung paano nakakatulong ang condom para maiwasan ang STI, kasama ang HIV, at pagbubuntis.
• Ilista ang wastong mga hakbang sa paggamit ng condom.
• Alamin kung paano gumagana ang hormonal, barrier, at behavioral na paraan ng kontrasepsiyon para makaiwas sa pagbubuntis.
• Ilarawan ang mga palatandaan at sintomas ng pagbubuntis.
• Ilarawan ang mga gawain sa pagbubuntis na maaring makatulong o makasama sa pagbubuntis.
• Ilarawan ang proseso ng paglaki ng sanggol sa sinapupunan, pagle-labor, and panganganak.

**Aralin 3: Paggawa ng Desisyon at Pagbabadyet para sa Kinabukasan**

Gagamitin ng mga mag-aaral ang proseso sa pagdedesisyon sa mga tunay na sitwasyon sa buhay, kasama ang paggawa ng goal, sa mga relasyon, at pagbabadyet, para makabuo ng maganda at matagumpay na kinabukasan.
• Pag-aralan ang mga kailangang bigyang-pansin sa pagpaplano ng goal sa buhay.
• Ipaliwanag ang kailangang bigyang-pansin sa paghahanda sa pagdi-date at pag-aasawa.
• Tukuyin ang mga hakbang sa proseso ng pagdedesisyon para makapaglutas ng problema.

**In-update: 5/12/2025**

# Minamahal na Magulang ng Mga Mag-aaral sa Ikalima hanggang sa Ikalabindalawang Baytang:

Ang karamdamang nauugnay sa pagkain ay malubhang problema sa kalusugan na karaniwang nagsisimula sa pagkabata o adolescence at nakakaapekto sa parehong mga batang babae at lalaki. Sa agarang dyagnosis, magagamot ang mga karamdamang nauugnay sa pagkain gamit ang isang kombinasyon ng mga suportang pangnutrisyon, medikal, at terapeutika. Sa pagkilala sa kahalagahan ng agarang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral na nanganganib, ang Pangkalahatang Asambleya ng Virginia ng 2013 ay nagpasa ng batas na inaatas ang bawat lupon ng paaralan na magbigay ng impormasyong pang-edukasyon tungkol sa mga karamdamang nauugnay sa pagkain sa mga mag-aaral sa ikalima hanggang ikalabindalawang baytang taun-taon.

Mahalagang tandaan na ang mga karamdamang nauugnay sa pagkain ay hindi nasusuri batay sa mga pagbabago sa timbang kung hindi sa mga pag-uugali, saloobin, at pag-iisip. Ang mga sintomas ay maaaring magkaiba sa pagitan ng mga lalaki at babae at sa iba't-ibang grupo ng edad. Madalas, maaaring hindi alam ng isang kabataang may karamdamang nauugnay sa pagkain na siya ay may problema o itinatago niya ang mga isyu. Ang mga magulang/tagapag-alaga at kapamilya ay nasa kakaibang posisyon para mapansin ang mga sintomas o pag-uugali na nagdudulot ng pag-aalala. Ang pagpansin sa mga pag-uugali na karaniwan sa mga taong may karamdamang nauugnay sa pagkain ay maaaring humantong sa agarang pag-refer sa pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga. Mahalaga para sa mga karamdamang nauugnay sa pagkain na gamutin ang mga ito ng isang taong dalubhasa sa ganitong uri ng pangangalaga.

Matapos basahin ang impormasyon sa ibaba, kung sa palagay mo ay tilang nagpapakita ang iyong anak ng mga palatandaan ng posibleng karamdamang nauugnay sa pagkain, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, nars ng paaralan, o isa sa mga mapagkukunang nakalista sa ibaba.

Akademya para sa Mga Problema sa Pagkain (AED) http://www.aedweb.org

Mga Pamilyang Binigyan ng Kapangyarihan at Sumusuporta sa Paggamot ng mga Problema sa Pagkain (F.E.A.S.T) www.feast-ed.org Pag-asa sa mga Problema sa Pagkain: www.eatingdisordershope.com

Pambansang Samahan ng Problema sa Pagkain www.nationaleatingdisorder.org, Walang bayad, kumpidensyal na Helpline, tumawag o mag-text sa 1-800-931-2237

Karagdagang mga mapagkukunan: Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia www.doe.virginia.gov/support/health_medical/ index.shtml, sa ilalim ng seksyon, Mga Karamdamang Nauugnay sa Pagkain

> Ang karamdamang nauugnay sa pagkain ay nakakaapekto sa parehong lalaki at babae ng anumang

> Ang timbang ay HINDI lamang ang tanging nagpapakita ng karamdaman sa pagkain, dahil ang mga tao sa lahat ng sukat ay maaaring naghihiran

**Ano Ang Mga Karamdamang Nauugnay sa Pagkain?**

**Tunay, masalimuot at mapangwasak ang mga karamdamang nauugnay sa pagkain na maaaring magkaroon ng malulubhang kahihinatnan para sa kalusugan, pagiging produktibo at mga relasyon. Hindi sili isang uso, yugto o paraan ng pamumuhay. Sila ay mga karamdamang potensyal na isinasapanganib ang buhay na nakakaapekto sa bawat aspeto ng paggana ng tao, kabilang ang pagganap sa paaralan, pag-unlad ng utak, emosyonal, panlipunan at pisikal na kagalingan.**

Maaaring masiyasat ang mga karamdamang nauugnay sa pagkain batay sa mga pagbabago ng timbang, ngunit batay din sa mga pag-uugali, saloobin at pag-iisip. Maging alerto para sa alinman sa mga palatandaang ito sa iyong anak. Mahahalagang bagay na dapat punahin pagdating sa pagkain:

- ☐ Kumakain ng maraming pagkain na parang walang kontrol (baka nawawala ang maraming pagkain, marami kang nahahanap na pambalot na walang laman at mga lalagyan na nakatago)
- ☐ Bumubuo ng mga patakaran sa pagkain—baka kumakain lang ng isang partikular na pagkain o grupo ng pagkain, hinihiwa ang pagkain sa mga napakaliit na piraso, o ikinakalat ang pagkain sa plato
- ☐ Palaging pinag-uusapan, o madalas na nakatuon sa timbang, pagkain, mga kaloriya, mga gramo ng taba, at pagdidiyeta
- ☐ Madalas na nagsasabing hindi siya gutom
- ☐ Nilalaktawan ang mga pagkain o kumakain ng maliliit na plato ng pagkain sa mga regular na oras ng pagkain
- ☐ Nagluluto ng mga pagkain o matatamis para sa iba ngunit ayaw silang kainin
- ☐ Iniiwasan ang mga oras ng pagkain o mga sitwasyong may pagkain
- ☐ Madalas na pumupunta sa banyo pagkatapos kumain
- ☐ Gumagamit ng maraming pangmumog, mga mint, at/o gum
- ☐ Nagsisimulang tanggalinang mga pagkaing gustung-gusto niya dati

Maging pasensiyoso at huwag mapanghusga

- ☐ D Palaging nag-eehersisyo, higit pa sa kung ano ang malusog o nirerekomenda - sa kabila ng panahon, pagkapagod, karamdaman, o pinsala
- ☐ Hinihinto ang kanyang mga regular na aktibidad, gumugugol ng mas maraming panahon nang mag-isa (maaaring mag maraming panahon nag-eehersisyo)

Mga Pisikal na Salik ng Panganib:

- ☐ Palaging malamig ang pakiramdam niya o nagrereklamo na pagod siya palagi. Malamang na maging mas magagalitin at/o kinakabahan.
- ☐ Anumang pagsusuka pagkatapos kumain (o may nakikitang mga palatandaan sa banyo ng pagsusuka - amoy, baradong paagusan ng shower)
- ☐ Anumang paggamit ng mga gamot na pampadumi o pampaihi (o makakahanap ka ng mga

Ibang Mga Salik ng Panganib:

- ☐ Naniniwala siya na sobrang laki o tabi niya (anuman ang katotohanan)

**Paano Makipag-ugnaysan sa Iyong Anak**

- Unawain mo na ang mga dumaranas ng mga karamdamang nauugnay sa pagkain ay madalas na tatangging may problema.
- Pag-aralan mo ang mga karamdamang nauugnay sa pagkain
- Itanong mo kung ano ang iyong matutulong
- Makinig nang tapatan at mapanimdim
- Maging mapagpasensiya at hindi mapanghusga
- Kausapin mo ang iyong anak nang mahinahon kung kailan kalmado ka at hindi galit, nakakaramdam ng pagkabigo o masama ang loob
- Ipaalam mo sa kanya na gusto mo lang ang pinakamabuti para sa kapakanakan niya
- Ipaalala mo sa iyong anak na may mga nagmamalaasakit at sumusuporta sa kanya

- ☐ Madalas na humihingi na bigyan ng lakas tungkol sa itsura niya
- ☐ Hindi na tumatambay kasama ng kanyang mga kaibigan
- ☐ Hindi kayang pag-usapan kung ano ang nadarama niya
- ☐ Nagsasabi na ang iba ay mapanghusga o "hindi kumukonekta"

### Kung ang Iyong Anak ay Nagpapakita ng Mga Palatandaan ng Posibleng Karamdamang Nauugnay sa Pagkain

Humingi ng tulong mula sa isang medikal na propesyonal sa lalong madaling panahon; dahil napakamasalimuot nila, ang **mga karamdamang nauugnay sa pagkain ay dapat suriin ng isang taong dalubhasa sa paggamot ng mga karamdamang nauugnay sa pagkain.** Lalong mas maagang maghanap ng paggamot ang isang taong may karamdamang nauugnay sa pagkain, lalong mas malaki ang posibilidad ng pisikal at emosyonal na pagbawi.

Reb 6/2022

## § 22.1-279.3. Mga Pangangailangan sa Pananagutan at Pakikilahok ng Magulang

May tungkulin ang lahat ng magulang ng isang mag-aaral na nakatala sa isang pampublikong paaralan na tulungan ang paaralan sa pagpapatupad ng mga pamantayan ng asal ng mag-aaral at sapilitang pagpasok sa paaralan upang maisagawa ang edukasyon sa isang kapiligiran na walang panggugulo at banta sa mga tao o ari-arian, at sumusuporta sa mga indibidwal na karapatan.

Maaaring hilingin ng punong-guro ng paaralan sa magulang o mga magulang ng mag-aaral, kung ang dalawang magulang ay may legal at pisikal na kustodya ng naturang mag-aaral, na makipagkita sa punong-guro o itinalaga niya upang suriin ang mga pamantayan ng asal ng mag-aaral ng lupon ng paaralan at ang pananagutan ng magulang o mga magulang na makipagtulungan sa paaralan sa pagdidisiplina ng mag-aaral at pagpapanatili ng mabuting kaayusan, upang tiyakin ang pagsunod ng mag-aaral sa batas sa sapilitang pagpasok sa paaralan, at upang talakayin ang pagpapabuti ng pag-uugali, pagpasok sa paaralan at pang-edukasyong pag-unlad ng bata.

Maaaring ipagbigay-alam ng punong-guro sa mga magulang ng sinumang mag-aaral na lumalabag sa isang patakaran ng lupon ng paaralan o sa mga pangangailangan ng sapilitang pagpasok sa paaralan kapag ang naturang paglabag ay maaaring magresulta sa suspensiyon ng mag-aaral o ang pagsampa ng isang petisyon sa korte, ang administrasyon ng paaralan man ang nagpataw ng naturang pandisiplinang aksyon o nagsampa ng petisyon o hindi. Dapat isinasaad ng paunawa ang (i) petsa at mga detalye ng paglabag; (ii) ang obligasyon ng magulang na gumawa ng mga aksyon upang tulungan ang paaralan sa pagpapabuti ng pag-uugali ng mag-aaral at pagtiyak ng pagsunod sa sapilitan na pagpasok sa paaralan;
(iii) na, kung masuspinde ang estudyante, maaaring kailanganin ng magulang na samahan ang mag-aaral na makipagkita sa mga opisyal ng paaralan; at (iv) na maaaring ihain ang isang petisyon sa juvenile and domestic relations court sa ilalim ng ilang mga pangyayari upang ideklara ang estudyante na isang bata na nangangailangan ng pangangasiwa.

Walang suspendidong mag-aaral na tatanggapin sa regular na programa ng paaralan hanggang sa makipagkita ang mag-aaral at ang kanyang magulang sa mga opisyal ng paaralan para talakayin ang pagpapabuti ng pag-uugali ng mag-aaral, maliban kung napagpasiyahan ng punong-guro o itinalaga niya na ang muling pagtanggap, nang walang kumperensiya ng magulang, ay naaangkop para sa mag-aaral.

Kung ang mga magulang ay nabigong sumunod sa batas, ang isang lupon ng paaralan ay maaaring magpatuloy laban sa naturang magulang para sa sinasadya at hindi makatuwirang pagtangging makilahok sa pagsisikap na pagbutihin ang pag-uugali o pagpasok ng mag-aaral sa pamamagitan ng petisyon sa korte ng kabataan at mga domestikong relasyon. Kung mapapatunayang may-kasalanan ang magulang, maaaring atasan siya ng korte na makipagkita; na makilahok sa mga naturang programa upang pabutihin ang pag-uugali ng mag-aaral o pagpasok sa paaralan o atasan ang magulang na magbayad ng isang multang sibil.

## Child Find

8 VAC 20-81-50

Bahagi ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (IDEA). Nagpapatupad ang NNPS ng mga patuloy at tuluy-tuloy na estratehiya upang matukoy, mahanap at masuri ang mga batang nakatira o pinasok ng kanilang magulang sa mga pribadong paaralan (kabilang ang mga tinuturuan sa bahay o tinututor sa bahay) sa loob ng hurisdiksiyon nito na may dalawa (2) hanggang dalawampu't isang taong gulang (21) at nangangailangan ng agarang interbensiyon o espesyal na edukason at mga kaugnay na serbisyo. Nagbibigay ang NNPS ng mga pagsusuri para sa mga batang pinaghihinalaang may kapansanan. Makipag-ugnayan sa administrador sa paaralan ng iyong mag-aaral para sa impormasyon tungkol sa mga pag-refer para sa espesyal na edukasyon.

# KASUNDUAN SA KALIGTASAN NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NG NEWPORT NEWS

LAYUNIN

Ang agham ay isang hands-on na klase sa laboratoryo. Magsasagawa ka ng maraming aktibidad sa laboratoryo na maaaring nangangailangan ng paggamit ng mga mapanganib na kemikal. Upang matiyak na ligtas ang silid-aralan ng agham, may listahan ng mga tuntunin na ginawa at ibinibigay sa iyo sa kontrata sa kaligtasan ng mag-aaral na ito. Dapat sundin palagi ang mga tuntuning ito. Ibig sabihin ng Handbook ang Handbook ng Mga Karapatan at Pananagutan na ito. Ang isang kopya, na makikita sa iyong handbook ay dapat na pirmado mo at ng isang magulang o tagapag-alaga bago ka makasali sa laboratoryo.

MGA PANGKALAHATANG TUNTUNIN

**1.** Palaging kumilos sa isang responsableng paraan sa laboratoryo.

**2.** Maingat na sundin ang lahat ng nakasulat at pasalitang tagubilin. Kung may tagubilin kang hindi naiintidihan, magtanong ka sa guro bago magpatuloy.

**3.** Huwag kailanman magtrabaho nang mag-isa. Walang mag-aaral ang maaaring magtrabaho sa laboratoryo nang walang guro.

**4.** Kapag unang pumasok sa isang silid-aralan ng agham, huwag hawakan ang anumang kagamitan, mga kemikal, o iba pang mga materyales sa laboratoryo hanggang sa masabihan kang gawin ito.

**5.** Huwag kumain ng pagkain, uminom ng inumin, o ngumuya ng gum sa laboratoryo. Huwag gamitin ang mga kagamitang kristal sa laboratoryo bilang mga lalagyan para sa pagkain o inumin.

**6.** Gawin lamang ang mga eksperimentong pinahintulutan ng guro. Maingat na sundin ang lahat ng tagubilin, parehong nakasulat at pasalita. Ipinagbabawal ang mga hindi awtorisadong eksperimento.

**7.** Maghanda para sa iyong trabaho sa laboratoryo. Maingat na basahin ang lahat ng pamamaraan bago magsimula sa laboratoryo.

**8.** Mapanganib at ipinagbabawal ang harutan, biruan at kalokohan.

**9.** Dapat panatilihing palaging malinis ang mga lugar ng trabaho. Dalhin lamang ang iyong mga materyales sa laboratoryo sa lugar ng trabaho. Dapat itago sa ilalim ng isang desk ang iba pang mga bagay.

**10.** Panatilihing walang anumang sagabal sa mga pasilyo. Itulak ang iyong upuan sa ilalim ng desk kapag hindi ginagamit

**11.** Alamin ang mga lokasyon at pamamaraan ng pagpapatakbo ng lahat ng kagamitan sa kaligtasan kabilang ang kit para pangunang lunas, istasyon ng panghugas ng mata, pangkaligtasang shower, pamatay-apoy, at kumot sa apoy. Alamin kung saan matatagpuan ang alarma at mga labasan sa sunog.

**12.** Magtrabaho palagi sa isang lugar na may maayos na bentilasyon. Gamitin ang fume hood kapag nagtatrabaho kasama ang mga madaling sumingaw na mga sangkap o makamandag na singaw. Huwag kailanman ilagay ang iyong ulo sa fume hood.

**13.** Maging alerto at mag-ingat lagi sa laboratoryo. Ipagbigay-alam kaagad sa guro ang anumang hindi ligtas na kondisyong maoobserbahan mo.

**14.** Itapon ang lahat ng kemikal na basura nang maayos. Huwag kailanman maghalo ng mga kemikal sa mga paagusan ng lababo. Gagamitin lamang ang mga lababo para sa tubig at mga solusyong itinalaga ng guro. Itapon ang mga solidong kemikal, metal, posporo, papel na pansala, at lahat ng ibang materyales na hindi matutunaw sa tamang lalagyan ng basura.

**15.** Maingat na basahin ang mga etiketa at tagubilin sa kagamitan bago gamitin ito. I-set up at gamitin ang itinakdang aparato ayon sa tagubilin.

**16.** Panatilihing malayo ang mga kamay mula sa mukha, mata, bibig at katawan habang gumagamit ng mga kemikal o nakapreserbang especimen. Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig matapos gawin ang lahat ng eksperimento. Linisin ang lahat ng ibabaw at kagamitan sa katapusan. Ibalik ang lahat ng kagamitan nang malinis at gumagana nang maayos sa tamang lugar ng imbakan.

**17.** Dapat palaging personal na sinusubaybayan ang mga eksperimento. May itatalagang istasyon sa laboratoryo sa iyo kung saan ka magtatrabaho. Huwag gumala-gala sa silid, manggulo sa ibang mga mag-aaral, o makialam sa mga eksperimento sa laboratoryo ng iba.

**18.** Kailanman ay hindi pinahihintulutan ang mga mag-aaral sa mga silid ng imbakan ng agham o lugar ng preparasyon

maliban kung binigyan sila ng espesipikong pahintulot ng kanilang guro.

**19.** Alamin kung anong gagawin kung may drill sa sunog sa panahon ng isang lab; dapat isara ang mga lalagyan, patayin ang mga balbula ng gas, mga fume hood at anumang kagamitang elektrikal.

**20.** Hawakan ang lahat ng buhay na organismo sa isang makataong paraan. Ang mga nakapreserbang biyolohikal na materyales ay dapat tratuhin nang may paggalang at itapon nang maayos.

**21.** Kapag gumagamit ng mga instrumentong matalim, dalhin sila nang nakaturo pababa at palayo ang mga dulo at tulis. Huwag kailanman subukang saluhin ang mga instrumentong matalim na nalalaglag. Hawakan ang mga instrumentong matalim sa kanilang mga hawakan.

**22.** Magsuot ng lab goggles anumang oras na isinasagawa ang mga lab gaya ng kapag ididirekta ng guro.

**23.** Huwag magsuot ng contact lens sa lab.

**24.** Manamit nang maayos sa panahong ng isang aktibidad sa lab. Mapanganib ang mahabang buhok, nakalawit na alahas, at maluwag na damit sa lab. Dapat itali ang mahabang buhok at iseguro ang maluwag na damit o nakalawit na alahas. Dapat natatakpan ng sapatos ang buong paa.

**25.** Dapat isuot sa lab ang mga apron ng lab na ibinigay.

**26.** Iulat ang anumang aksidente (pagtapon, pagkasira, atbp.) o pinsala (hiwa, paso, atbp.) sa guro kaagad.

**27.** Kung matatalsikan ang iyong (mga) mata o balat ng anumang kemikal, hugasan ito kaagad ng tumatakbong tubig mula sa istasyon ng panghugas ng mata o pangkaligtasang shower nang hindi bababa sa 20 minuto. Ipagbigay-alam ito kaagad sa guro.

**28.** Dapat ituring na mapanganib ang lahat ng kemikal sa lab. Huwag hawakan, lasahan, o amuyin ang anumang kemikal maliban kung partikular na inutusang gawin ito. Ipapakita sa iyo ang tamang pamamaraan para sa pag-amoy ng mga kemikal na singaw.

**29.** Suriin nang dalawang beses ang etiketa sa mga bote ng kemikal bago kumuha ng nilalaman nito. Kumuha lamang ng halaga ng kemikal na kailangan mo.

**30.** Huwag kailanman ibalik ang anumang hindi nagamit na kemikal sa kanilang orihinal na lalagyan.

**31.** Huwag kailanman gamitin ang paghigop sa bibig para punuin ang isang pipette. Gumamit ng rubber bulb o pipette pump.

**32.** Kapag naglilipat ng mga reagent mula sa isang lalagyan papunta sa ibang lalagyan, hawakan ang mga lalagyan nang palayo sa iyong katawan.

**33.** Dapat lubos na mag-ingat sa paggamit ng acid. Laging ibuhos ang acid sa tubig, ikutin at haluin ang solution at mag-ingat sa init na mabubuo, partikular na sa sulfuric acid.

**34.** Gamitin ang mga likidong nasusunog at mapanganib sa ibabaw ng isang bandeha upang pigilan ang pagtapon. Huwag kailanman magsalin ng mga likidong nasusunog malapit sa isang apoy o pinagmumulan ng init.

**35.** Huwag kailanman maglabas ng mga kemikal o iba pang mga materyales mula sa lugar ng laboratoryo.

**36.** Mag-ingat kapag naglilipat ng asido at iba pang mga kemikal mula sa isang bahagi ng laboratoryo sa ibang bahagi nito. Hawakan sila nang mahigpit at maglakad nang maingat.

**37.** Bitbitin ang glass tubing, lalo na ang mahahabang piraso, sa nakatayong posisyon para maiwasan ang pagkabasag o pagkasugat.

**38.** Huwag kailanman hawakan ang bubog gamit lamang ang iyong mga kamay. Gumamit ng isang sipilyo at dustpan upang linisin ang bubog. Ilagay ang nabasag o itatapong babasagin sa itinalagang lalagyan ng salamin.

**39.** Maaaring mapanganib ang pagpasok at pagtanggal ng glass tubing mula sa mga rubber stopper. Laging lubrikahan ang babasagin bago magtangkang ilagay ito sa isang stopper. Laging protektahan ang iyong mga kamay gamit ang mga tuwalya o cotton na guwantes kapag naglalagay ng glass tubing sa, o tinatanggal ito mula sa, isang rubber stopper. Kung ang isang pirasong babasagin ay "naipit" sa isang stopper, dalhin ito sa iyong guro para tanggalin niya ito.

**40.** Punuin lamang ang mga boteng panghus ng distilled water at gamitin lamang gaya ng nilalayon.

**41.** Kapag nagtatanggal ng saksakan ng kuryente mula sa kanyang entsupe, hawakan ang saksakan, at hindi ang kordon ng kuryente. Dapat tuyung-tuyo ang mga kamay mo bago humawak sa isang switch, saksakan, o entsupe ng kuryente.

**42.** Suriin ang babasagin bago gamitin ito. Huwag kailaman gumamit ng babasaging may pingas o biyak. Huwag kailanman gumamit ng maruming babasag

**43.** Iulat ang kagamitang elektrikal na may bagay tulad ng nabalatang kable, nakalitaw Huwang gumamit ng sirang kagamitan na

44. Kung hindi mo naiintindihan kung paa mo ang guro.

KASUNDUAN

Ako, si ______________________ , (pangalan ng mag-aaral) ay nakabasa at sumasang-ayon na sundin ang mga alituntunin sa kaligtasan na nakasaad sa kontratang ito. Nauunawaan ko na dapat kong sundin ang mga tuntuning ito upang tiyakin ang aking sariling kaligtasan, at ang kaligtasan ng aking mga kapwang mag-aaral at guro. Makikipagtulungan ako sa abot ng makakayanan ko sa aking guro at mga kapwang mag-aaral upang panatilihin ang isang ligtas na kapaligiran sa laboratoryo. Maingat na susundin ko rin ang mga pasalita at nakasulat na tagubiling ibibigay ng guro. Alam ko na ang anumang paglabag sa kontrata sa kaligtasan na magreresulta sa hindi ligtas na asal sa laboratoryo o masamang pag-uugali ko ay maaaring humantong sa pagtanggal sa lab, detensiyon at/o pagtanggap ng bagsak na marka sa ehersisyo sa lab.

______________________________

Lagda ng Mag-aaral

______________________________

Petsa

Minamahal na Magulang o Tagapag-alaga:

Naniniwala kaming kailangan maipabatid sa inyo ang mga pagsisikap ng paaralan na bumuo at magpanatili ng isang ligtas na silid-aralan/laboratoryo para sa siyensiya.

Sa pakikipagtulungan ng mga guro, magulang at mag-aaral, maaaring alisin, iwasan at iwasto ng isang programa ng pagtuturo sa kaligtasan ang mga posibleng panganib.

Dapat mong malaman ang mga tagubilin sa kaligtasan na matatanggap ng iyong anak bago siya magsagawa ng anumang gawain sa laboratoryo. Mangyaring basahin ang listahan ng mga tuntunin sa kaligtasan sa itaas. Walang mag-aaral ang pahihintulutang magsagawa ng mga aktibidad sa laboratoryo nang hindi nilalagdaan ng parehong mag-aaral at magulang/tagapag-alaga na nasa file ng guro ang kontratang ito.

Pinapatunayan ng iyong lagda sa kasunduan na nabasa mo ang Kasunduan sa Kaligtasan ng Mag-aaral, na alam mo ang mga hakbang na ginawa para tiyakin ang kaligtasan ng iyong anak sa laboratoryo, at na ipapaalala mo sa iyong anak na sumunod sa kasunduan na sundin ang mga alituntunin at pamamaraan sa loob ng laboratoryo.

______________________________

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga

______________________________

Petsa Numero sa Bahay

**45.** Huwagilublobangmainitnababasaginsamalamigtubig;bakamabasagito.

**46.** Higit na mag-ingat kapag gumagamit ng isang gas burner. Tiyakin na palaging malayo ang iyong buhok, damit at mga kamay mula sa apoy. Huwag maglagay ng anumang sustansiya sa apoy maliban kung partikular na inutusang gawin ito. Huwag idaan ang kamay sa ibabaw ng isang nakalantad na apoy. Sindihan lamang ang mga gas (o alkohol) na burner ayon sa tagubilin ng guro.

**47.** Huwag kailanman pabayaan ang isang burner na nakasindi. Huwag kailanman pabayaan ang anumang bagay na pinaiinit. Laging patayin ang burner o hot plate kapag hindi ginagamit.

**48.** Tuturuan kayo ng wastong paraan ng pag-init at pagpapakulo ng likido sa test tube. Huwag mong itapat ang bibig ng test tube na iniinit sa sarili mo o sa ibang tao.

**49.** Matagal na nananatiling mainit ang mga pinainit na metal at salamin. Dapat isantabi ang mga ito para lumamig at maingat na hawakan. Gumamit ng mga sipit o guwantes na nagbibigay ng proteksyon sa init kung kinakailangan.

**50.** Huwag kailanman tumingin sa loob ng isang lalagyang pinaiinit.

**51.** Huwag ilagay nang direkta ang mainit na aparato sa desk sa lab. Laging gumamit ng insulating pad. Maglaan ng maraming oras para lumamig ang mainit aparato bago painitin ito.

**52.** Kapag nagbabaluktot ng salamin, maglaan ng oras para lumamig ang salamin bago ito hawakan. Pareho ang itsura ng mainit at malamig na salamin. Alamin kung mainit ang isang bagay sa pamamagitan ng paglapit ng likod ng iyong kamay dito bago ito hawakan.

MGA TANONG

**53.** Nagsusuot ka ba ng contact lens?
□ OO □ HINDI

**54.** Color blind ka ba?
□ OO □ HINDI

**55.** May mga allergy ka ba?
□ OO □ HINDI

Ilista ang mga espesipikong allergy:
______________________________
______________________________
______________________________

# KATANGGAP-TANGGAP NA PAGGAMIT NG MGA COMPUTING SYSTEM NG MGA MAG-AARAL

Bawat araw sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ay nakatuon sa isang misyon: tiyakin na ang lahat ng mag-aaral ay magtatapos nang handa sa kolehiyo, karera at citizen-ready! Nagbibigay ang dibisyon ng malawak na hanay ng mga computer system sa mga mag-aaral upang itaguyod ang kahusayan ng edukasyon sa paaralan sa pamamagitan ng pagpapadali ng pagsasaliksik, pagbabahagi ng yaman, komunikasyon, pagkamalikhain, at pakikipagtulungan. Ang paggamit ng mga computing system na ito ay iaayon sa Patakaran ng Lupon ng Paaralan na IJND – Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya.

Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang "mga computing system" ay tumutukoy sa lahat ng elektronikong kagamitan na may kaugnayang paggamit para sa edukasyon, kabilang, ngunit hindi limitado sa computing hardware, software, mga peripheral, mga network, mga mapagkukunan ng network, mga elektronikong file, at akses sa Internet. Ang lahat ng computing system ng NNPS ay pag-aari ng dibisyon at nilalayon para sa pagsasagawa ng mga opisyal na bagay sa paaralan at/o dibisyon lamang.

Binibigyang kahulugan ang katanggap-tanggap na paggamit ng mga computing system ng NNPS ng mga mag-aaral bilang paggamit para sa mga layuning pang-edukasyon at sa mga paraang sumusunod sa mga patakaran at pamamaraan ng dibisyon gayundin sa mga naaangkop na estado at pederal na batas. Ang hindi katanggap-tanggap na paggamit ng mga computing system ng NNPS ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa panliligalig, panghihingi, pagbabanta, pananakot, pagkokomunika ng mga kahalayan, pakikilahok sa kalakalan, pagsusugal, at pag-akses ng mga ipinagbabawal na materyales. Ang mga karagdagang komento tungkol sa katanggap-tanggap at hindi katanggap-tanggap na paggamit ay nakabalangkas sa mga bullet point sa ibaba:

**Digital na Pagkamamamayan at Kaligtasan sa Internet**

- Tuturuan ang mga mag-aaral ng mga ligtas at makabuluhang kasanayan para sa paggamit ng teknolohiya ng kanilang guro o iba pang naaangkop na empleyado. Dapat gumamit ang mga mag-aaral ng magandang paghatol sa lahat ng oras kapag gumagamit ng mga mapagkukunan ng teknolohiya.
- Ang materyal na naakses mo sa pamamagitan ng computing system ay dapat para sa mga takdang-aralin ng klase o para sa personal na pagsasaliksik tungkol sa mga paksang katulad ng maaari mong pag-aralan sa klase o sa aklatan ng paaralan. Ang paggamit para sa mga layunin ng libangan ay hindi pinahihintulutan.

**Cyberbullying**

- Hindi manliligalig o mang-aapi sa iba ang mga mag-aaral sa online. Kabilang sa cyberbullying ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na maling paggamit ng teknolohiya: panliligalig, panunukso, pananakot, pagbabanta, o paninindak sa ibang mag-aaral o kawani gamit ang anumang teknolohikong kagamitan, tulad ng pagpapadala o pagpo-post ng hindi naaangkop o mapanlait na mensahe sa email, instant message, text message, digital na larawan o imahe o pagpo-post sa website.

**Pagkapribado ng Komunikasyon at Nilalaman**

- Hindi dapat magkaroon ng inaasahang pagkapribado o pagiging kumpidensiyal sa nilalaman ng mga elektronikong komunikasyon o iba pang mga computer file na ipinadala at natanggap at/o naimbak sa mga computing system ng NNPS.
- Maaaring suriin ng mga awtorisadong empleyado ang anumang komunikasyon ng mag-aaral o anumang elektronikong nilalaman na nilikha ng mag-aaral gamit ang mga computing system ng NNPS para sa layunin ng pagsubaybay sa pagsunod sa katanggap-tanggap na paggamit at hindi nila kailangan ang pahintulot ng mag-aaral para gawain ito.
- Lubos na makikipagtulungan ang distrito sa lokal, estado, at pederal na opisyal sa anumang imbestigasyon na may kaugnayan sa anumang aktibidad na labag sa batas na isinagawa sa pamamagitan ng sistema ng distrito.

**Seguridad**

- Responsable ang mga mag-aaral para sa kanilang sariling mga account at file. Ang mga User ID at password ay inilaan para sa personal na paggamit ng bawat gumagamit lamang. Hindi dapat ibahagi ang mga password

kahit kanino. Hindi dapat gamitin ng mga mag-aaral ang password ng ibang tao. Kung pinaghihinalaan mo na natuklasan ng isang tao ang password mo, baguhin mo ito kaagad.

- Hindi dapat subukan ng mga mag-aaral na makakuha ng hindi awtorisadong pag-akses sa mga computing system ng distrito o anumang iba pang computer system sa pamamagitan ng sistema ng network ng distrito o higit pa sa iyong awtorisadong pag-akses. Kabilang dito ang pagtatangkang mag-log in sa pamamagitan ng account ng ibang tao o para maakses ang mga file ng ibang tao.

**Karapatang-sipi**

- Anumang mga materyal na may karapatang-sipi na naakses sa pamamagitan ng mga computing system ng NNPS ay nananatiling may karapatang-sipi at maaaring mapailalim sa mga probisyon ng Makatarungang Paggamit ng batas sa karapatang-isipi ayon sa kanilang kaugnayan sa edukasyon. Matatagpuan ang impormasyon hinggil sa Makatarungang Paggamit sa bawat aklatan ng paaralan.

## KATANGGAP-TANGGAP NA PAGGAMIT NG MGA COMPUTING SYSTEM NG MGA MAG-AARAL

**Software**

- Tanging software na naaprubahan ng dibisyon ay ilo-load sa mga computing system ng NNPS. Walang software ang ida-download mula sa Internet at/o i-install sa alinmang computing system ng NPS maliban kung tahasang inayos ito ng Teknolohiya.
- Susunod ang mga mag-aaral sa lahat ng kasunduan sa paglilisensiya ng hardware at software. Maaaring humiling ng software ang mga mag-aaral kung gagamitin ito para sa mga layuning pang-edukasyon.

**Mga Hindi Kanais-nais na Materyales**

- Nag-install ang dibisyon ng filtering software upang makapagprotekta laban sa akses sa hindi naaangkop na materyal ayon sa inaatas ng Batas sa Proteksyon sa Internet ng mga Bata ("CIPA"). Habang inaakses ng mga mag-aaral ang computing system ng NNPS, gagawin ng dibisyon ang lahat ng makatuwirang pag-iingat upang higpitan ang akses ng mga mag-aaral sa mga hindi kanais-nais na materyales. Gayon pa man, dapat ding tanggapin ng mga mag-aaral ang responsibilidad na iwasan ang pag-akses sa gayong mga materyal hangga't maaari.
- Ipagbibigay-alam ng mga mag-aaral na makakakuha ng akses sa mga hindi kanais-nais na materyales sa pamamagitan ng mga computing system ng NPPS ito sa kanilang guro o iba pang naaangkop na empleyado para iulat ito sa administrador ng gusali at/o Teknolohiya.
- Hindi dapat hangaring lampasan ng mga mag-aaral ang filtering software sa pamamagitan ng paggamit ng mga proxy o iba pang teknolohiya.

**Mga Teknolohiya ng Social Networking**

- Walang anumang bagay sa aspeto ng, akses sa, o pagpapatakbo ng mga teknolohiya ng social networking (sa anyo man ito ng software, website, hardware, o iba pang mga teknolohiya) ang palilibrihin ang mga mag-aaral mula sa parehong mga pamamaraan at pananagutan na itinakda sa ibang lugar sa dokumentong ito.
- Bukod pa rito, ang mga mag-aaral ay gagawin ang lahat ng makatuwirang pangangalaga upang protektahan ang kanilang personal na impormasyon habang ginagamit ang mga teknolohiya sa social networking.

**Komersyal na Paggamit**

- Ipinagbabawal ang komersyal na paggamit ng mga computing system ng NNPS.

Ang mga paglabag ay maaaring magresulta sa pagkawala ng akses pati na rin ang ibang pandisiplina o legal na aksyon.

Patakaran at Mga Pamamaraan ng Lupon ng Paaralan na IJND para sa buong Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya.

Maaaring bawiin ng Magulang/Legal na Tagapag-alaga ang pahintulot sa pagbibigay ng nakasulat na paunawa sa paaralan.

## Google Workspace for Education

Gumagamit kami ng Google Workspace for Education sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS). Ang Google Workspace para sa Edukasyon ay isang hanay ng mga kagamitan sa pagiging produktibo sa edukasyon mula sa Google kabilang ang Gmail, Calendar, Docs, Classroom, at iba pa na ginagamit ng milyun-milyong mag-aaral at guro sa buong mundo. Sa [insert name of school/district], gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mga account ng Google Workspace para sa Edukasyon upang kumpletuhin ang mga takdang-aralin, makipag-ugnayan sa kanilang mga guro, [if applicable, insert sign into their Chromebooks], at matuto ng digital na pagkamamamayan ng ika-21 siglo.

Nagbibigay ang paunawa sa ibaba ng mga sagot sa mga karaniwang tanong tungkol sa kung ano ang magagawa at hindi ng Google sa personal na impormasyon ng inyong anak, kabilang ang:

- Anong personal na impormasyon ang kinokolekta ng Google?
- Paano ginagamit ng Google ang impormasyong ito?
- Isisiwalat ba ng Google ang personal na impormasyon ng aking anak?
- Ginagamit ba ng Google ang personal na impormasyon ng mag-aaral para sa mga gumagamit sa mga paaralang K-12 upang i-target ang advertising?
- Maaari bang magbahagi ang aking anak ng impormasyon sa iba gamit ang account ng Google Workspace for Education?

Mangyaring maingat na basahin ang paunawa. Kung nabasa mo na ang paunawa at huwag ibigay ang iyong pahintulot, mag-sign in sa ibaba. Kung hindi mo ibibigay ang iyong pahintulot, hindi kami gagawa ng isang account ng Google Workspace for Education para sa iyong anak. Mahalagang tandaan na ang Google Workspace for Education ay bahagi ng pagtuturo at pagkatuto sa NNPS. Ang desisyong mag-opt out ay maaaring makaapekto sa karanasang pang-edukasyon ng mag-aaral.

Ang mga mag-aaral na hindi maaaring gumamit ng mga serbisyo ng Google ay maaaring kailangang gumamit ng ibang mga paraan upang kumpletuhin ang mga takdang-aralin o makipagtulungan sa mga kapantay.

**Hindi ako nagbibigay ng pahintulot sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News na gumawa/magmintina ng isang Google Workspace for Education account para sa aking anak**

________________________________________

Buong pangalan ng mag-aaral

________________________________________

Naka-print na pangalan ng magulang/tagapag-alaga

____________________________ ________________

Lagda ng magulang/tagapag-alaga Petsa

## Paunawa tungkol sa Google Workspace for Education sa Mga Magulang at Tagapag-alaga

Naglalarawan ang paunawang ito ng personal na impormasyong ibinibigay natin sa Google para sa mga talang ito at kung paano nangongolekta ng Google, gumagamit, at nagsasara ng personal na impormasyon mula sa mga mag-aaral na may kaugnayan sa mga account na ito.

Gamit ang kanilang account ng Google Workspace for Education, maaaring maakses at magamit ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na "Pangunahing Serbisyo" na iniaalok ng Google (inilalarawan sa **https://workspace.google.com/terms/user_features.html**):

- Gmail
- Calendar
- Chrome Sync
- Classroom
- Cloud Search
- Contacts
- Docs, Sheets, Slides, Forms
- Drive
- Groups
- Google Chat, Google Meet, Google Talk
- Jamboard
- Keep
- Sites
- Vault

Nagbibigay ang Google ng impormasyon tungkol sa impormasyon na kinokolekta nito, pati na rin kung paano nito ginagamit at isinisiwalat ang impormasyong kinokolekta nito mula sa mga account ng Google Workspace for Education sa Paunawa sa Pagkapribado ng Google Workspace for Education. Maaari mong basahin ang paunawang iyon sa **https://workspace.google.com/terms/education_privacy.html**Dapat mong basahin ang lahat ng impormasyong ito, ngunit nasa ibaba ang mga sagot sa ilang karaniwang tanong:

### Anong personal na impormasyon ang kinokolekta ng Google?

Kapag gumagawa ng account ng mag-aaral, ang [insert name of school/ district] ay maaaring magbigay sa Google ng ilang partikular na personal na impormasyon tungkol sa mag-aaral, kabilang ang, halimbawa, isang pangalan, email address, at password. Maaari ding direktang mangolekta ang Google ng personal na impormasyon mula sa mga mag-aaral, tulad ng numero ng telepono para sa pagbawi ng account o isang larawan ng profile na idadagdag sa account ng Google Workspace para sa Edukasyon.

Kapag gumagamit ng Google services ang isang mag-aaral, nangongolekta rin ng impormasyon si Google batay sa paggamit ng mga serbisyong iyon. Kabilang dito ang:

- impormasyon sa aparato, tulad ng modelo ng hardware, bersiyon ng operating system, mga natatanging identifier ng aparato, at impormasyon ng mobile network kabilang ang numero ng telepono;
- impormasyon sa pag-log, kabilang ang mga detalye kung paano ginagamit ng gumagamit ang mga serbisyo ng Google, impormasyon sa kaganapan sa device, at ang Internet protocol (IP) address ng gumagamit;

- impormasyon sa lokasyon, ayon sa tinutukoy ng iba't-ibang teknolohiya kabilang ang IP address, GPS, at iba pang mga sensor;
- mga natatanging numero ng aplikasyon, tulad ng numero ng bersiyon ng aplikasyon; at
- cookies o katulad na mga teknolohiya na ginagamit upang mangolekta at mag-imbak ng impormasyon tungkol sa isang browser o aparato, tulad ng ginustong wika at iba pang mga setting.

## Paano ginagamit ng Google ang impormasyong ito?

Sa **Mga Pangunahing Serbisyo** ng Google Workspace para sa Edukasyon, ginagamit ng Google ang personal na impormasyon ng mag-aaral upang ibigay, imintina at protektahan ang mga serbisyo. Hindi nagpapakita ng mga patalastas ang Google sa Mga Pangunahing Serbisyo o gumagamit ng personal na impormasyon na nakolekta sa Mga Pangunahing Serbisyo para sa mga layunin ng advertising.

## Ginagamit ba ng Google ang personal na impormasyon ng mag-aaral para sa mga gumagamit sa mga paaralang K-12 upang i-target ang advertising?

Para sa mga gumagamit ng Google Workspace for Education sa mga paaralang elementarya at sekundarya (K-12), ang Google ay hindi gumagamit ng anumang personal na impormasyon (o anumang impormasyong may kaugnaysan sa Account ng Google Workspace for Education) upang i-target ang mga patalastas, nasa Mga Pangunahing Serbisyo man ito o sa ibang mga Karagdagang Serbisyong inaakses habang gumagamit ng account ng Google Workspace for Education.

## Isisiwalat ba ng Google ang personal na impormasyon ng aking anak?

Hindi ibabahagi ng Google ang personal na impormasyon sa mga kompanya, organisasyon at mga indibidwal sa labas ng Google maliban kung ang isa sa mga sumusunod na sitwasyon ay naangkop:

- **Sa pahintulot ng magulang o tagapag-alaga:** Magbabahagi ang Google ng personal na impormasyon sa mga kumpanya, organisasyon, o indibidwal sa labas ng Google kapag mayroon itong pahintulot ng mga magulang (para sa mga user na wala pang edad ng pahintulot), na maaaring makuha sa pamamagitan ng mga paaralan ng Google Workspace para sa Edukasyon.
- **Sa Newport News Public Schools:** Ang mga accout sa Google Workspace para sa Edukasyon, dahil ang mga ito ay mga account na pinamamahalaan ng paaralan, ay nagbibigay sa mga administrador ng access sa impormasyong nakaimbak sa mga ito.
- **Para sa panlabas na pagpoproseso.** Maaaring magbigay ng personal na impormasyon ang Google sa mga kaanib o ibang mga pinagkakatiwalaang negosyo o tao upang iproseso ito para sa Google, batay sa mga tagubilin ng Google at alinsunod paunawa sa pagkapribado ng Google Workspace for Education at anumang ibang naaangkop na hakbang sa pagiging kumpidensyal at sa seguridad.
- **Para sa mga legal na dahilan.** Magbabahagi ang Google ng personal na impormasyon sa mga kumpanya, organisasyon, o indibidwal sa labas ng Google kung may mabuting paniniwala ito na ang pag-access, paggamit, pag-iingat, o pagsisiwalat ng impormasyon ay makatuwirang kinakailangan para:
    - matugunan ang anumang naaangkop na batas, regulasyon, legal na proseso o pagpapatupad ng kahilingan ng pamahalaan.
    - mapatupad ang mga naaangkop na Tuntunin ng Serbisyo, kabilang ang imbestigasyon ng mga potensyal na paglabag.
    - tuklasin, pigilan, o kung hindi man ay tugunan ang pandaraya, seguridad o teknikal na mga isyu.
    - protektahan laban sa pinsala sa mga karapatan, ari-arian o kaligtasan ng Google, mga gumagamit ng Google o sa publiko kung kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

Nagbabahagi rin ang Google ng hindi personal na impormasyon - tulad ng mga uso tungkol sa paggamit ng mga serbisyo nito - sa publiko at sa mga kasosyo nito.

## Ano ang puwede kong gawin bilang magulang o tagapag-alaga?

Una, maaari kang pumayag sa koleksyon at gamitin ang impormasyon ng iyong anak sa pamamagitan ng Google. Kung hindi mo ibibigay ang iyong pahintulot, hindi kami gagawa ng isang account ng Google Workspace for Education para sa iyong anak, at hindi kokolektahin o gagamitin ng Google ang impormasyon ng iyong anak ayon sa inilarawan sa paunawang ito.

Kung pahihintulutan mo ang paggamit ng iyong anak sa Google Workspace for Education, maaari mong iakses o hilingin na tanggalin ang account ng Google Workspace for Education ng iyong anak sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay [insert contact information for school administrator]. Kung gusto mong itigil ang
anumang karagdagang koleksyon o paggamit ng impormasyon ng iyong anak, maaari mong hilingin na gamitin namin ang mga kontrol ng serbisyo na magagamit upang limitahan ang access ng iyong anak sa mga tampok o serbisyo o ganap na tanggalin ang account ng iyong anak. Ikaw at ang iyong anak ay maaari ring pumunta sa **https:// myaccount.google.com** habang naka-sign in sa account ng Google Workspace para sa Edukasyon para makita at pamahalaan ang personal na impormasyon at mga setting ng account.

## Paano kung mayroon pa akong mga tanong o gusto kong magbasa nang higit pa?

Kung may mga tanong ka tungkol sa aming paggamit sa mga account ng Google Workspace for Education ng Google o ang mga pagpipilian na mayroon ka, mangyaring makipag-ugnayan sa [insert contact information for the school administrator]. Kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa kung paano kinokolekta, ginagamit, at isinisiwalat ng Google ang personal na impormasyon upang maglingkod ng mga serbisyo sa amin, mangyaring puntahan ang **Sentro ng Pagkapribado ng Google Workspace para sa Edukasyon** (sa https://www.google.com/edu/trust/)**,** ang **Google Workspace para sa Abiso ng Pagkapribado ng Edukasyon** (at https:// workspace.google.com/terms/education_privacy.html), at angGoogle Privacy Policy (at https://www.google.com/intl/en/ policies/privacy/).

Ibinibigay sa amin ang Mga Pangunahing serbisyo ng **Google Workspace para sa Edukasyon sa ilalim ng Kasunduan ng Google Workspace para sa Edukasyon** (sa https://www.google.com/apps/intl/en/terms/education_terms.html).google.com/apps/intl/en/terms/education_terms.html ) [kung tinanggap ng paaralan/distrito ang Pag-amyenda sa Pagproseso ng Data (tingnan ang **https://support.google.com/a/answer/2888485**), ipasok: at ang **Pag-amyenda sa Pagproseso ng Data** (sahttps://www.google.com/intl/en/work/apps/terms/dpa_terms.html)].google.com/intl/en/w o k/apps/terms/dpa_terms.html)].

# Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News (NNPS) - Kasunduan sa Device ng Teknolohiya

Ang mga patnubay at impormasyon sa loob ng seksyong ito ay naaangkop sa lahat ng computing device na inuuwi at mga Wi-Fi hotspot na itinalaga o pinahiram sa mga mag-aaral sa Distrito ng NNPS. Ang mga elektronikong device na itinalaga o pinahiram sa mga mag-aaral ay mananatiling eksklusibong ari-arian ng NNPS.

**Mga Inaasahan sa Mga Mag-aaral**

Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumunod sa lahat ng tuntunin, patakaran, pamamaraan sa paaralan at tagubilin ng guro kapag ginagamit ang kanilang mga Chromebook. Kabilang sa mga inaasahan ang, ngunit hindi limitado sa:

- **Dalhin Araw-araw:** Inaasahan na dalhin ng mga mag-aaral ang kanilang Chromebook sa case nito kasama ang kanilang charger sa paaralan araw-araw, maliban kung partikular na pinapayuhan na huwag gawin ito ng kanilang guro o administrador ng paaralan.
- **Ganap na Naka-Charge:** Responsable ang mga mag-aaral na ganap na i-charge ang kanilang mga Chromebook sa bahay bawat gabi.
- **Responsableng Paggamit:** Nakatali ang mga mag-aaral sa *Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya ng NNPS* at lahat ng mga tuntuning nakapaloob sa *Kasunduan ng Aparato sa Teknolohiya* hindi alintana kung saan nila ginagamit ang kanilang mga Chromebook o kung paano sila kumonekta sa Internet.
- **Pagsauli ng device:** Sa katapusan ng taon ng pag-aaral, o kung umalis ang mag-aaral sa Dibisyon para sa anumang dahilan sa buong taon, dapat ibalik ang lahat ng Chromebook at accessory na ipinagkaloob ng NNPS. Dapat gumagana nang maayos ang mga Chromebook, hotspot, at mga accessory sa oras na ibalik ang mga ito. Kung hindi ibabalik ang Chromebook at mga accessory, maaaring pinansyal na managot ang magulang/tagapag-alaga.

**Pag-aalaga sa iyong Chromebook**

Responsable ang mga mag-aaral para sa pangkalahatang pangangalaga at proteksyon ng Chromebook na ipinagkaloob sa kanila. Hindi reponsable ang Distrito para sa pag-iingat at proteksyon ng mga Chromebook na ipinagkaloob sa mga mag-aaral.

Ang mga Chromebook na nasira o hindi gumagana nang maayos ay dapat kaagad dalhin sa mga tagasuportang kawani ng teknolohiya ng paaralan at iulat para sa pagkukumpuni. Walang ipapahiram sa taon ng pag-aaral para sa mga nakalimutang device na hindi itinuturing na may-depekto, nasira, nawala, o ninakaw. Ang mga aparato na itinuring bilang may-depekto, nasira, nawala, o ninakaw **ay** papalitan pagkatapos beripikahin ng Espesyalista sa Teknikal na Suporta (TSS) ng gusali. Huwag dalhin ang mga Chromebook na pag-aari ng Distrito sa mga panlabas na serbisyo ng computer para sa anumang uri ng pagkukumpuni o pagmimintina. Huwag magtangkang ayusin ang isang Chromebook na nasira o hindi gumagana nang maayos nang iyong sarili.

Mga eksepsiyon: May ipapahiram sa mga mag-aaral sa panahon ng SOL testing window.

| | |
|---|---|
| **Nawala o Ninakaw** | Ang naiulat na nawawalang aparato na wala nang pisikal sa nakatalagang mag-aaral at napatunayan na hindi aktibidad mula sa nakatalagang mag-aaral ng teknolohiya ng gusali. |
| **Nasira** | Pisikal na nakikitang pinsala sa anumang aparato kung saan nagiging hindi na magamit ang teknolohiya: Mga basag sa screen, mga pindutan, sirang keypad, computer dents, sira ang USB accessibility, maraming key ang nawawala, at nahiwalay ang screen, atbp.).<br><br>**Sinadya:** Malisyosong layunin na sirain ang mga kagamitan sa teknolohiya.<br><br>**Aksidente:** Hindi nakakapinsalang layunin na nagreresulta sa mga nasira na kagamitan sa teknolohiya bilang resulta ng hindi sinasadya o hindi makontrol na pinsala sa mga kagamitan sa teknolohiya. |
| **May-depekto** | Pagpalya ng aparato na nagreresulta mula sa hindi nagagamit na Hard Disk Drive (HDD), Motherboard, Bios, CMOS, CPU, Computer Storage at Memory, Cache Memory, RAM, at |

| | |
|---|---|
| | ROM. |

**Pangkalahatang Pag-iingat**

- Hindi dapat maglagay ng pagkain o inumin malapit sa Chromebook.
- Dapat dalhin ang mga Chromebook na nakasara ang screen na takip nito.
- Hindi pinahihintulutan ang mga mag-aaral na gayakan ang labas ng kanilang mga Chromebook o lalagyang pamprotekta. Kabilang dito ang mga sticker, decal, o iba pang marka.
- Bawal baguhin ang Chrome Operating System (OS). Napapailalim ang personalized na media sa inspeksyon at dapat sundin ang *Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya ng NNPS*.
- May barcode na sticker ng NNPS ang mga Chromebook at adaptor ng kuryente upang kilalanin ang bawat device. Hindi dapat tanggalin, mapinsala o baguhin sa anumang paraan ang sticket na ito.

**Pag-aalaga sa Screen**

Ang screen ng Chromebook ay maaaring masira kung napapailalim sa mabigat na bagay, pangit na trato, ilang mga solvent na panlinis, at iba pang mga likido. Ang mga screen ay partikular na sensitibo sa pinsala mula sa labis na presyon.

- Dalhin ang iyong device gamit ang keyboard, hindi ang screen (ang pinakakaraniwang sanhi ng pinsala).
- Iwasang maglagay ng presyon o mabigat na bagay sa ibabaw ng iyong Chromebook kapag sarado ito.
- Tiyaking walang anuman bagay na nakapatong sa keyboard bago isara ang takip (pinakakaraniwan, mga panulat o lapis).
- Linisin lamang ang screen gamit ang isang malambot at tuyong trapong microfiber o anti-static. Huwag gumamit ng mga likido.

**Mga Bayarin sa Pagkukumpuni at Pagpapalit**

Responsable ang mga mag-aaral para sa pangkalahatang pangangalaga at proteksyon ng Chromebook na ipinagkaloob sa kanila. Ang mga pagkawala, pagnanakaw, o pinsalang hindi sinasadya ay maaaring magresulta sa pagtatasa ng mga sumusunod na bayarin:

| BAGAY | BAYARIN | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|
| Pamprotektang Lalagyan | $10 | Kailangang gamitin ng mga mag-aaral ang lalagyang ipinagkaloob ng distrito noong ibinigay ito. |
| AC Adaptor (kordon ng kuryente) | $20 | Kinakailangang gamitin ng mga mag-aaral ang opisyal na power cord/charger ng manufacturer. Ang paggamit ng third-party at generic na adaptor ng kuryente ay maaaring maging sanhi ng posibleng pinsala o pagkasira. |
| LCD Screen | $45 | Kailangang protektahan ng mga mag-aaral ang screen ng kanilang mga Chromebook. Dapat iulat kaagad ang mga screen na nabasag para makumpuni upang maiwasan ang karagdagang pinsala. |
| Teklado | $9 | Kailangang protektahan ng mga mag-aaral ang mga teklado ng kanilang Chromebook. Dapat iulat kaagad ang mga nasira o nawalang key. |
| Nawala o Ninakaw na Device | $125—Ika-1 na pangyayari<br><br>$250—Ika2 na pangyayari<br><br>$480—Ika-3 na pangyayari | Kung ninakaw ito, dapat magsampa ng isang ulat ng pulisya upang idokumento ang pagnanakaw. Ipapaubaya ang mga bayarin sa pagpapalit kung may ibibigay na ulat ng pulisya sa paaralan. Idi-disable ang mga nawalang device at maaari silang muling i-enable kung matatagpuan sila sa magandang kondisyon. Magkakaroon ng unti-unting pagtaas batay sa bilang ng mga paglabag ang kapalit na bayad para sa nawawalang Chromebook. Ang babayaran para sa nawala o ninakaw ay ang buong halaga ng device pagkatapos ng ikalawang pag-ulit. |
| Pinsala na Hindi na Makukumpuni | $125—Ika-1 na pangyayari<br><br>$250—Ika2 na pangyayari<br><br>$480—Ika-3 na pangyayari | Sa kaganapang nasira ang isang Chromebook at hindi na ito makukumpuni, ang bayarin para sa isang kapalit ay ibabatay sa bilang ng mga pangyayari. Pagkatapos ng ikalawang pangyayari, ang bayarin para sa mga device na nasira at hindi na makukumpuni ay ang buong halaga ng device. |

Sa mga kaso ng kapabayaan o sinadyang pinsala, iimbestigahan ito ng isang Administrador at kakausapin niya ang mag-aaral at ang kanyang pamilya. Ang sinasadya, malisyoso, o sinadyang mga pinsala ay maaaring magresulta sa buong halaga ng pagkukumpuni o pagpapalit (hanggang sa $480).

**<u>Digital na Pagkamamamayan</u>**
Ang mga Chromebook na ipinagkaloob ng Distrito ay nilalayon para sa mga layuning pang-edukasyon. Dapat sumunod ang mga mag-aaral sa *Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya ng NNPS* at lahat ng ibang patakaran at pamamaraan na pinamamahalaan ang pag-uugali ng mag-aaral.

Dapat kumilos ang mga mag-aaral bilang mabubuting digital na mamamayan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod:

- **Igalang ang Iyong Sarili** - Magpakita ng paggalang sa pamamagitan ng iyong mga aksyon. Pumili ng mga online na pangalan na naaangkop. Mag-ingat sa impormasyon, mga imahe, at iba pang media na ipo-post sa online. Pag-isipang mabuti ang personal na impormasyong ibiabahagi mo tungkol sa iyong sarili.
- **Protektahan ang Iyong Sarili** - Tiyakin na ang impormasyon, mga imahe, at mga materyales na naka-post sa online ay hindi ka isasapanganib. Huwag maglathala ng mga personal na detalye, mga detalye ng pakikipag-ugnayan, o mga personal na iskedyul ng aktibidad. Iulat kaagad ang anumang hindi naaagkop na pag-uugali na nakadirekta sa iyo habang online. Protektahan ang iyong mga password, account, at mapagkukunan. Huwag kailanman ibahagi ang impormasyong ito sa iba.
- **Igalang ang Iba** - Magpakita ng paggalang sa iba. Huwag gamitin ang teknolohiya upang magpagalit, mang-api, manligalig, o mag-stalk ng mga tao.
- **Protektahan ang Iba** - Protektahan ang iba sa pamamagitan ng pag-uulat ng abuso at hindi pagpasa ng mga hindi naaangkop na materyales o komunikasyon. Iwasan ang mga hindi katanggap-tanggap na materyales at usapan.
- **Igalang ang Intelektwal na Ari-Arian** - Humiling ng pahintulot upang gumamit ng mga materyales na may karapatang-sipi o iba pang mga protektadong materyales. Banggitin nang wasto ang paggamit ng mga website, aklat, media, atbp.
- **Protektahan ang Intelektwal na Ari-Arian** - Huwag gumamit ng pirated na software o magbagi ng musika o media sa isang paraan na lumalabag sa mga kasunduan ng lisensiya.

**<u>Kasunduan ng Mag-aaral</u>**
Bilang mag-aaral, ako ay:

- Sundin ang mga pamamaraan at patakarang nakabalangkas sa kasunduang ito at sa *Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Teknolohiya ng NNPS*
  sa parehong loob o labas ng campus.
- Poprotektahan ang aking Chromebook sa pamamagitan ng pagdadala nito nang ligtas at iiwasan ko ang pabaya o sinasadyang pinsala.

Nauunawaan ko na anumang paglabag sa kasunduang ito ay maaaring magresulta sa suspensiyon o pagkawala ng aking Chromebook at mga pribilehiyo sa network ng paaralan. Bukod pa rito, maaari akong humarap pandisiplinang aksyon para sa naturang mga paglabag.

**<u>Kasunduan ng Magulang</u>**
Nauunawaan ko na sa pagtanggap ng isang Chromebook ng NNPS, kabilang sa mga pananagutan ng pamilya ko ang:

- Pagpoprotekta sa Chromebook, sa paraang makatuwiran, laban sa pinsala, pagkawala o pagnanakaw sa loob o sa labas ng campus.
- Pagtiyak na iuulat kaagad ng aking anak ang anumang pinsala sa mga tagasuportang kawani ng Teknolohiya ng paaralan.

Sa pagsasaalang-alang sa mga pribilehiyo at pagkakataong maibibigay ng paggamit ng mga mapagkukunan ng teknolohiya ng NNPS, ipinapaubaya ko rito ang NNPS, empleyado nito, at mga administrador mula sa anuman at lahat ng paghabol ng anumang kalikasan na magmumula sa paggamit o sa kawalan ng kakayahang gamitin ang mga mapagkukunang ito ng aking anak.

Nauunawaan ko rin na imposibleng higpitan ng NNPS ang akses sa lahat ng kontrobersiyal na materyales at

hindi ko pananagutin ang Distrito para sa mga materyales na naakses sa isang Chromebook ng NNPS.

Tinatanggap ko ang buong pananagutan sa paggamit ng Chromebook ng aking anak at nauunawaan ko na ang paggamit ng Chromebook ng aking anak ay napapailalim sa parehong mga patakaran at pangangailangan kapag ginagamit ito sa labas ng campus. Nauunawaan ko na ang mga pribilehiyo sa Chromebook ng aking anak ay maaaring masuspende o bawiin kapag lalabagin ang kasunduang ito.

Nauunawaan ko na kung lilipat, aalis o patatalsikin ang aking mula sa NNPS bago siya magtapos, dapat ibalik ang Chromebook at mga accessory ng Distrito sa pagwawakas ng pagpapatala niya. Kung hindi ibabalik ang Chromebook at mga accessory, o hindi ito gumagana nang maayos sa oras na ibinalik ito, maaaring managot ang pamilya para sa buong bayad.

Mangyaring maingat na basahin ang kasunduang ito. Kung nabasa mo na ang kasunduan at **hindi** ka nagbibigay ng pahintulot sa iyong anak na makatanggap ng isang Chromebook, dapat mong lagdaan at ibalik ang form na ito. Kung lalagdaan mo ang form na ito, **hindi** bibigyan ng NNPS ang iyong anak ng isang Chromebook para gamitin sa bahay ngunit maaaring maglaan ito ng Chromebook para magamit niya ito sa oras ng paaralan.

***Hindi ako nagbibigay ng pahintulot sa Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News na magtalaga ng Chromebook para gamitin ng aking anak sa bahay.***

| | |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| *Buong pangalan ng mag-aaral* | *Numero ng ID ng mag-aaral* |
| ______________________________ | |
| *Naka-print na pangalan ng magulang/tagapag-alaga* | |
| ______________________________ | ______________________________ |
| *Lagda ng magulang/tagapag-alaga* | *Petsa* |

NEWPORTNEWS PUBLICSCHOOLS

# DIREKTORYO NG DIBISYON

| KAGAWARAN | NUMERO NG TELEPONO |
|---|---|
| Mga Serbisyong Akademiko | 757-283-7850 |
| Nutrisyon ng Bata | 757-881-5030 |
| Kahilingan sa Transcript ng Sentral na Mga Rekord | 757-283-7879 |
| Mga Relasyon sa Pamayanan | 757-591-4616 |
| Edukasyon ng Driver | 757-591-4601 |
| Pamunuan ng Paaralang Elementarya | 757-591-4628 |
| Welcome Center ng ESL | 757-283-7823 |
| Pakikisangkot sa Pamilya at Pagpapayo | 757-283-7801 |
| Mga Serbisyo sa Kalusugan | 757-591-4646 |
| Tanggapan ng Lupon ng Paaralan | 757-591-7416 |
| Pagpapayo ng Paaralan | 757-591-4644 |
| Kaligtasan sa Paaralan | 757-881-5061 ext. 11137 |
| Pamunuan ng Sekundaryong Paaralan | 757-591-4647 |
| MagsalitaKa (Anonimong Pag-uulat) | 757-765-4440 |
| Espesyal na Edukasyon at Mga Serbisyong Suporta sa Mag-aaral | 757-591-4500 Opsyon #5 |
| Asal at Disiplina ng Mag-aaral | 757-591-4924 |
| Help Desk ng Teknolohiya | 757-881-5461 Opsyon #3 |
| Transportasyon | 757-881-5052 |

Bisitahin kami sa **www.nnschools.org**!

NEWPORT NEWS PUBLIC SCHOOLS

# Lupon ng Paaralan 2025-2026

**Maritsa Alger**
**Rebecca Aman**
**Terri L. Best, Ph.D.**
**Douglas C. Brown**
**Rasheena D. Harris**
**Gary B. Hunter**
**Lisa R. Surles-Law**

**Kyla Leggette**
**Kinatawan ng Mag-aaral**

**Michele Mitchell, Ed.D.**
**Superintendente**

**Ang dibisyon ng paaralan ng Newport News ay hindi nagtatangi batay sa lahi, kulay, relihiyon, etniko o bansang pinagmulan, kasarian, pagbubuntis, panganganak o kaugnay na kondisyong medikal, edad, katayuan sa pag-aasawa, kapansanan, oryentasyong seksuwal, pagkakakilanlan ng kasarian, impormasyon sa genetics, o katayuan bilang beterano sa mga programa, aktibidad, o mga patakaran sa trabaho, alinsunod sa mga regulasyon ng Titulo VI, Titulo VII, Titulo IX, Seksiyon 504, at ADA. Ang Direktor ng Yamang Tao ang responsable para sa koordinasyon ng mga pagsisikap ng dibisyon upang matugunan ang mga obligasyon nito sa ilalim ng Seksyon 504, Pamagat IX, ang ADA, at ang kanilang mga regulasyong nagpapatupad.**

Napapailalim ang Handbook na ito sa pagbabago nang walang abiso. Inirereserba ng Mga Pampublikong Paaralan ng Newport News ang karapatang baguhin ang mga patakaran nito alinsunod sa batas. Magiging opisyal na dokumento ang online na bersyon at maaaring ma-access sa: